Lungsod at County ng San Francisco
Departamento ng mga Eleksyon

# Pamplet ng Impormasyon para sa Botante

## Hunyo 2, 2026
## Pinagsamang Pambuong-Estado na Tuwirang Primaryang Eleksyon



Kilalanin ang koponan ng Departamento ng mga Eleksyon sa San Francisco, nagtutulungan upang magsagawa ng malaya, patas at maayos na eleksyon para sa mga komunidad sa buong Lungsod. Maraming salamat, sa mga botante ng San Francisco sa pakikilahok sa 2026 eleksyon.

Ang mga sample na balota ay inilathala sa Ingles na bersyon ng Pamplet ng Impormasyon ng mga Botante. Ang lahat ng botanteng nakarehistro ay makatatangap ng kopya ng Ingles na pamplet. Kung nais ninyong humiling ng karagdagang kopya ng Ingles na pamplet, mangyaring tumawag sa (415) 558-6104. Maari din na makita online ang inyong Pamplet ng Impormasyon para sa Botante at Sample na Balota sa **sfelections.gov/voterportal**.

# Hunyo 2, 2026 na Eleksyon

Bumoto ngayon para makatulong sa pagpapasya ukol sa kinabukasan ng inyong lungsod, estado, at bansa! Mangyaring paalalahanan ang inyong mga kaibigan at pamilya na gawin ito!

### Mga Binibigyan Diin ng Eleksyon

- Makakatanggap ng mga balota and lahat ng rehistradong botante sa pamamagitan ng koreo.
- Ang mga botante ay maaring bumoto sa pamamagitan ng koreo o nang personal.
- Para bumoto sa pamamagitan ng koreo, kumpletuhin at ibalik ang balota sa lalong madaling panahon upang matiyak ang maagap na paghahatid.
- Dapat ang balota ay may postmark sa o bago ang Araw ng Eleksyon o maihatid bago mag 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon, sa lugar ng botohan o opisyal na kahon ng hulugan para ito ay mabilang.
- Maaaring bumoto nang personal sa City Hall Voting Center mula Mayo 4 hanggang Hunyo 2 o sa itinakdang lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon.
- Ang mga botante na nangangailangan ng aksesibleng balota ay maaaring ma-access, lagyan ng marka at i-print ito sa **sfelections.gov/access**.

## Alamin ang Inyong Karapatan

Lahat ng botante ay may karapatan na:

- Bumoto ng pribado at ng sariling kusa.
- Makakuha ng gabay sa gamit na wika.
- Humiling ng opsiyon na magagamit sa pagboto.
- Magparehistro at bumoto sa Araw ng Eleksyon.

## Manilbihan bilang Manggagawa sa Botohan

- Magdala ng pagbabago sa inyong komunidad sa pamamagitan ng paninilbihan bilang manggagawa sa botohan sa Araw ng Eleksyon.
- Ang mga manggagawa sa botohan ay maaring kumita ng hanggang $295 para sa isang araw ng paninilbihan. Ang mga bilingguwal na indibiduwal ay hinihikayat na mag-apply.
- Mag-apply sa **sfelections.gov/pwvip** o tumawag sa (415) 558-6120.

## Mga Importanteng Petsa

### Mayo 4

- Ang mga balota ay magsisimulang matanggap ng mga rehistradong botante sa pamamagitan ng koreo.
- 37 opisyal na hulugan ng balota ay magbubukas sa buong lungsod at mananatiling bukas 24/7 hanggang 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon.
- Ang aksesible Vote-by-Mail portal ay magbubukas para sa lahat ng botante.

### Mayo 4 – Hunyo 2

- Ang City Hall Voting Center ay bukas mula Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. maliban sa Mayo 25 (Memorial Day).

### Mayo 18

- Huling araw ng pagpaparehistro o mag-update ng iyong rehistrasyon upang makatanggap ng balota sa pamamagitan ng koreo.
- Matapos ang petsang ito, ang mga karapat-dapat na residente ay maaari pa rin magparehistro at bumoto sa City Hall Voting Center o sa itinakdang lugar ng botohan para sa kanila sa Araw ng Eleksyon.

### Mayo 23 – 24 at Mayo 30 – 31

- Maaaring bumoto sa mga araw ng Sabado at Linggo sa City Hall mula 10 a.m. hanggang 4 p.m.

### Araw ng Eleksyon, Martes, Hunyo 2

- Ang City Hall Voting Center at ang 501 na itinakdang lugar ng botohan sa inyong komunidad ay bukas mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.
- Huling araw ng pagboto nang personal o magbalik ng balota bago 8 p.m.

I-scan ang QR code upang bisitahin ang aming website. Mababasa ang pamplet na ito at mga karagdagang kaalaman mula sa aming website. Upang hindi na makatanggap ng pamplet na ito sa pamamagitan ng koreo sa mga susunod na eleksyon, bumisita sa **sfelections.gov/voterportal**.

# Talaan ng mga Nilalaman

***Pamplet ng Impormasyon Para sa Botante* —**
**Pinagsamang Pambuong-Estado na Tuwirang Primaryang Eleksyon, Hunyo 2, 2026**

## Pangkalahatang Impormasyon


Mga Importanteng Petsa . . . (loob ng harap na pabalat)
Sulat mula sa Direktor . . . 2
Opisyal na Panlokal at Pang-Estadong mga Gabay sa Botante . . . 3
Saan, Kailan, at Paano Boboto sa Eleksyon . . . 4
Opisyal na mga Kahon na Hulugan ng Balota sa San Francisco . . . 5
Pagmarka ng Inyong Balota . . . 6
Paano Binibilang ang mga Labanan na may Ranked-Choice na Pagboto . . . 7
Karagdagang Kaalaman Tungkol sa Ranked-Choice Voting . . . 7
Kailangan Humiling ng Bagong Balota . . . 7
Subaybayan ang Inyong Balota . . . 7
Pagpapanatili ng Inyong Rekord ng Botante . . . 7
Hindi Mamamayan na Boboto sa Lokal na Eleksyon ng Lupon ng Edukasyon . . . 7
Mga Resulta ng Eleksyon . . . 8
Pagsubaybay sa Eleksyon . . . 8
Komisyon Para sa mga Eleksyon . . . 8
Mga Aksesibleng Mapagkukunan . . . 9
Limang mga Katotohanan Tungkol sa mga Eleksyon sa San Francisco . . . 10
Mga Mapagkukunang Multilingguwal . . . 12
Libreng Klase sa Ingles . . . 12
Tumulong sa Paghubog ng Hinaharap na Pag-abot sa mga Eleksyon ng San Francisco . . . 12
**Worksheet ng Balota . . . 48**
Manilbihan bilang Manggagawa sa Botohan . . . (loob ng harap na pabalat)
Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan sa Departamento. . (loob ng harap na pabalat)
Mga Mapagkukunan ng Impormasyon Online . . . (loob ng harap na pabalat)
Impormasyon sa Lugar ng Botohan . . . (likod na pabalat)


## Mga Pahayag ng mga Kandidato


Mga Eleksyon sa California . . . 13
Impormasyon Tungkol sa Kandidato at Kinakatigang Partido ng Kandidato . . . 13
Mga Pahayag ng mga Kuwalipikasyon ng Kandidato . . . 13
Mga Limit sa Boluntaryong Gastos . . . 13
Mga Pag-Endorso ng Partido sa mga Kandidato . . . 14
Mga Katungkulan sa Lungsod at County ng San Francisco na nasa Balota . . . 14
Mga Kandidato para sa Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 11 . . . 15
Mga Kandidato para sa Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 15 . . . 18
Mga Kandidato para sa Asembleya ng Estado, Distrito 17 . . . 19
Mga Kandidato para sa Asembleya ng Estado, Distrito 19 . . . 20
Mga Kandidato para sa Hukom ng Korte Superyor, Puwesto Blg. 16 . . . 21
Mga Kandidato para sa Lupon ng Edukasyon . . . 22
Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 2 . . . 24
Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 4 . . . 25


## Mga Lokal na Panukalang-Batas sa Balota


Impormasyon Tungkol sa mga Lokal na Panukala at mga Argumento . . . 28
Ang Komite sa Pagpapasimple ng Balota . . . 28
Mga Salitang Dapat Mong Malaman . . . 29
Pangkalahatang-Ideya sa Utang ng San Francisco . . . 30

**A Bond para sa Kaligtasan mula sa Lindol at sa Pagtugon sa Emergency . . . 32**
Buod . . . 32
Argumento ng May-Panukala, Sagot sa Argumento ng May-Panukala, Argumento ng Katunggali, Sagot sa Argumento ng Katunggali. . . . 34

**B Limitasyon sa Panahon ng Panunungkulan ng Mayor at mga Miyembro ng Lupon ng mga Superbisor (Board of Supervisors) sa Kabuuan ng Kanilang Buhay . . . 37**
Buod . . . 37
Argumento ng May-Panukala, Sagot sa Argumento ng May-Panukala, Argumento ng Katunggali, Sagot sa Argumento ng Katunggali . . . 38

**C Pagpapababa sa Buwis sa Pagnenegosyo . . . 40**
Buod . . . 40
Argumento ng May-Panukala, Sagot sa Argumento ng May-Panukala, Argumento ng Katunggali, Sagot sa Argumento ng Katunggali . . . 42

**D Pagtataas ng Buwis sa Pagnenegosyo Batay sa Paghahambing ng Suweldo ng Namumuno sa Kumpanya sa Suweldo ng Empleyado . . 44**
Buod . . . 44
Argumento ng May-Panukala, Argumento ng Katunggali, Sagot sa Argumento ng Katunggali . . . 46



**Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ng San Francisco**

Inilathala ng Departamento ng mga Eleksyon
Lungsod at County ng San Francisco
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102-4634
***sfelections.gov***

**Mangyaring i-recycle ang pamplet na ito.**

Mga layout/typesetting ng Departamento ng mga Eleksyon
Inilimbag ng Consolidated Printers, Inc.


Kung may nalaman ang Departamento ng mga Eleksyon na anumang malaking kamalian sa aming parte matapos maipadala sa koreo ang pamplet na ito, maglalathala kami ng koreksiyon sa seksiyon ng mga Public Notice sa San Francisco Examiner sa Mayo 20 at 21.

Bago pa man ang paglalathala ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante, ang sinumang botante ay may karapatan ayon sa California Elections Code Sections 9295 at 13314 na humiling ng writ of mandate (utos sa ahensiya ng gobyerno na sumunod sa batas) o ng injunction (utos ng hukom na nagbabawal o nag-aatas) para iatas na baguhin o burahin ang anuman o ang lahat ng mga materyal na isinumite para sa paglalathala sa Pamplet.

**CITY AND COUNTY OF SAN FRANCISCO**
# DEPARTMENT OF ELECTIONS
John Arntz, Director

Minamahal na Botante ng San Francisco, Marso 24, 2026

Ang isang matagumpay na eleksyon ay isa sa pinakamahalagang tagumpay ng isang komunidad. Ang maayos na organisadong eleksyon ay sumasalamin at nagpapatibay sa sama-samang paninindigan ng mga taga-San Francisco sa pakikilahok sa sibiko, tiwala ng publiko, at mga pagpapahalagang nagpapatatag sa ating diwa ng komunidad. Ang tema ng eleksyong ito, Ating Komunidad, Ating Direksyon, ay nagbibigay diin kung paano ang pakikilahok sa ating mga eleksyon ay sumasalamin sa ating nagkakaisang layunin na matiyak ang kinabukasan ng San Francisco.

Ang larawang nasa pabalat ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante na ito ay nagpapakita ng mga kawani ng Departamento. Bagama't binubuo ang Departamento ng isang medyo maliit na pangkat, sila ang nag-oorganisa at nagsasagawa ng ating mga eleksyon na tunay na malalaking kaganapan. Ang ating mga eleksyon ay kinabibilangan ng mahigit kalahating milyong botante na tumatanggap ng mga balotang vote-by-mail at mga Pamplet ng Impormasyon para sa Botante, at nagiging mga kaganapang pang-lungsod sa Araw ng Eleksyon. Ang buong-taong dedikasyon ng pangkat ng mga tagapangasiwa ng Eleksyon ay nagsisiguro na ang bawat kuwalipikadong botante ay makakalahok—nang ligtas, panatag, at malaya.

Ang bawat isa sa Departamento ay nagsusumikap na magbigay ng mahusay na mga serbisyong may kaugnayan sa eleksyon upang matiyak na palagi kang nagkakaroon ng matagumpay at mapagkakatiwalaang karanasan sa pagboto. Lubos naming hinihikayat na samantalahin mo ang mga mapagkukunang inihanda namin para sa eleksyong ito—mula sa pagrerepaso ng pamplet na ito, paggamit ng Voter Portal, hanggang sa pakikipag-ugnayan sa aming tanggapan para sa tulong. Ang iyong pakikilahok at pakikiisa ang mahahalagang sangkap ng bawat eleksyon!

Ang lahat ng rehistradong botante ay awtomatikong makatatanggap ng **pakete ng balotang vote-by-mail**. Upang maibalik ang iyong balota, maaari mong:

- Ipadala sa koreo ang iyong balota sa pamamagitan ng United States Postal Service gamit ang **ibinigay na sobre na may bayad na selyo para sa pagbabalik**. Tiyaking ang iyong balota ay may tatak ng koreo (postmark) sa o bago ang Araw ng Eleksyon.
- Ihulog ang iyong balota sa alinmang **opisyal na kahon ng hulugan ng balota** na matatagpuan sa buong Lungsod. Bisitahin ang aming website upang makita ang mga lokasyon ng mga kahon ng hulugan ng balota sa **sfelections.gov/ballotdropoff**.
- Dalhin ang iyong balota sa alinmang **lugar ng botohan** sa Araw ng Eleksyon. Bisitahin ang aming website sa **sfelections.gov/myvotinglocation** o ang Voter Portal upang makita ang mga lokasyon ng mga lugar ng botohan.

Habang sinusuri mo ang pamplet na ito, pakitandaan ang mga kalakip na instruksiyon sa pagboto, mahahalagang takdang petsa, at impormasyon tungkol sa aming mga serbisyong sumusuporta sa mga botante. Layunin namin ang magbigay ng malinaw, madaling ma-access, at tumpak na mga mapagkukunan upang ang bawat botante ay ganap na makakalahok sa eleksyon.

Maraming salamat sa iyong patuloy na pakikilahok at sa iyong ambag sa matibay na kulturang sibiko na nagpapakilala sa San Francisco. Ang Departamento ng mga Eleksyon ay nananatiling nakatuon sa pagsasagawa ng mga eleksyon nang may integridad, pagiging bukas, at pinakamataas na antas ng serbisyo.

Lubos na gumagalang,
John Arntz, Director

Phone (415) 558-6100
Fax (415) 558-6109
TTY (415) 558-6108
sfvote@sfgov.org

sfelections.gov
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102

中文 (415) 558-6102
Español (415) 558-6103
Filipino (415) 558-6104
Tiếng Việt (415) 558-6105

# Opisyal na Panlokal at Pang-Estadong mga Gabay sa Botante

Sa simula ng bawat panahon ng pagboto, lahat ng mga botante ng San Francisco ay makakatanggap ng lokal na Pamplet ng Impormasyon para sa Botante at Sample na Balota. Para sa mga eleksyon na pambuong estado, ang mga botante ay makakatanggap din ng mula sa estado ng Patnubay na Impormasyon para sa Botante. Ang parehong gabay ay kapaki-pakinabang na sanggunian para matulungan kayong maghanda para sa eleksyon. Narito ang paghahambing ng dalawang gabay:

| | *Ang Pamplet ng Impormasyon para sa Botante* | *Ang Patnubay na Impormasyon para sa Botante* |
|---|---|---|
| **Pinagmulan ng lathala** | Departamento ng mga Eleksyon ng San Francisco | Kalihim ng Estado ng California |
| **Mga Paksa sa Gabay** | Impormasyon at mga pinaglalabanan sa lokal na eleksyon na nasa balota | Impormasyon at mga pinaglalabanan sa pambuong-estadong eleksyon na nasa balota. |
| **Halimbawang Balota** | Kasama | Hindi kasama |
| **Mga Opisyal na Wika** | Ingles, Tsino, Espanyol, Filipino, Vietnamese | Ingles, Espanyol, Tsino, Hindi, Hapones, Khmer, Koreano, Tagalog, Thai, Vietnamese |
| **Mga Opsiyon sa Format** | • Regular at malaki ang pagkakaimprenta<br>• Audio sa CD o USB (Ingles lamang)<br>• PDF<br>• HTML at MP3 sa **sfelections.gov/vip** | • Regular at malaki ang pagkakaimprenta<br>• Audio sa CD<br>• PDF<br>• Bidyo ng American Sign Language sa **voterguide.sos.ca.gov** |

# Hunyo 2, 2026 Balota sa Eleksyon

Ang inyong balota ay naglalaman ng 2 kard, na nililista ang mga sumusunod na labanan:

### Mga Katungkulang Nominado ng Botante

- Gobernador
- Tenyente Gobernador
- Kalihim ng Estado
- Kontroler
- Ingat-Yaman
- Pangkalahatang Abugado
- Komisyonado ng Seguro
- Miyembro ng Lupon ng Tagasingil ng Buwis, Distrito 2
- Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 11 o Distrito 15
- Miyembro ng Asembleya ng Estado, Distrito 17 o Distrito 19

### Mga Opisinang Panghukuman

- Hukom ng Korte Superyor

### Mga Opisinang Hindi Makapartido

- Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo ng Estado
- Miyembro ng Lupon ng Edukasyon, isang pwesto (natitirang bahagi ng kasalukuyang termino na matatapos sa Enero 8, 2027)

### Mga Opisinang Lokal

- Miyembro ng Lupon ng mga Superbisor, Distrito 2 o Distrito 4 lamang (natitirang bahagi ng kasalukuyang termino na matatapos sa Enero 8, 2027)

### 4 Mga Lokal na Panukala

Maaaring gamitin ang Ballot Worksheet na makikita sa pahina 48 upang maisulat ng maaga ang inyong mga napili upang makatipid sa oras at maiwasan ang pagkakamali sa pagmamarka ng opisyal na balota.

# Saan, Kailan, at Paano Boboto sa Eleksyon

Ang mga lokal na botante ay maaaring bumoto sa pamamagitan ng koreo o nang personal. Tingnan ang talahanayan para sa karagdagang detalye.

## Paano Bumoto sa Pamamagitan ng Koreo

| | **Papel na Balota sa Koreo** | **Aksesibleng Balota sa Koreo** |
|---|---|---|
| **Saan ko makukuha ang aking balota sa koreo?** | • Ipadadala sa pamamagitan ng koreo ang inyong vote-by-mail na pakete sa address sa inyong rekord bilang botante.<br>• Maaari mong i-update ang iyong rekord o hilingin na ipadala sa ibang address ang iyong pakete, kung kinakailangan. | • Mag-download ng nalilimbag na balota sa **sfelections.gov/access**.<br>• Sinusuportahan ang mga screen-readers, head-pointers, sip and puffs, o mga gamit pang keyboard tapping. |
| **Kailan ko makukuha ang aking balota?** | Simula 29 na araw bago ang Araw ng Eleksyon | |
| **Paano ko pupunan ang aking balota?** | 1. Basahin ang lahat ng mga instruksiyon sa balota.<br>2. Gumawa ng mga pagpili gamit ang panulat na may madilim na tinta.<br>3. Tanggalin ang mga resibo at tupiin ang mga kard.<br>4. Ilagay ang mga kard sa loob ng pambalik na sobre.<br>5. Kumpletuhin at pirmahan ang sobre.<br>6. Ibalik ang iyong balota sa pamamagitan ng koreo o nang personal. | 1. Basahin ang lahat ng instruksiyon sa online.<br>2. Gamitin ang iyong napiling paraan ng pag-input upang mamarkahan ang balota.<br>3. Sundan ang mga instruksiyon sa paglimbag ng balota.<br>4. Kunin ang inyong pambalik na sobre para sa balota.<br>5. Kumpletuhin at pirmahan ang sobre.<br>6. Ibalik ang iyong balota sa pamamagitan ng koreo o nang personal. |
| **Kailan ko ibabalik ang aking balota?** | **Ibalik ang inyong vote-by-mail na balota hanggang sa Araw ng Eleksyon, Hunyo 2, gamit ang isa sa mga sumusunod na paraan:**<br>1. Anumang oras bago ang Araw ng Eleksyon: Ibalik ang inyong balota sa pamamagitan ng koreo o ihatid nang personal sa saanmang opisyal na kahon na hulugan ng balota o sa City Hall Voting Center.<br>2. Hanggang 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon (Martes, Hunyo 2): Ihatid ang inyong balota sa saanmang opisyal na kahon ng hulugan, lugar ng botohan o sa City Hall Voting Center.<br>3. Sa pamamagitan ng koreo sa Araw ng Eleksyon (Martes, Hunyo 2): Dalhin ang inyong balota sa tanggapan ng koreo at humiling ng manwal na postmark. Ang mga balotang nalagyan ng postmark matapos ang Araw ng Eleksyon ay hindi na mabibilang. | |

## Paano Bumoto nang Personal

| | |
|---|---|
| **Saan ako boboto?** | 1. Sa panahon ng pagboto: Pumunta sa City Hall Voting Center anumang oras sa loob ng oras ng operasyon. Ang City Hall Voting Center ay naglalaan ng mga balota para sa mga botante na mula sa lahat ng komunidad ng San Francisco.<br>2. Sa Araw ng Eleksyon: Pumunta sa inyong itinakdang lugar ng botohan. Upang mahanap ang inyong lugar ng botohan at makuha ang tamang balota, bisitahin ang **sfelections.gov/myvotinglocation** o tingnan ang likod ng pamplet na ito. |
| **Kailan ako boboto?** | **Sa City Hall Voting Center:**<br>• Lunes hanggang Biyernes, Mayo 4 hanggang Hunyo 2, mula 8 a.m. hanggang 5 p.m. (maliban sa Mayo 25)<br>• Sa dalawang katapusan ng linggo bago ang Araw ng Eleksyon (Mayo 23–24 at Mayo 30–31), mula 10 a.m. hanggang 4 p.m.<br>• Sa Araw ng Eleksyon (Martes, Hunyo 2), mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.<br>**Sa inyong itinakdang lugar ng botohan:**<br>• Sa Araw ng Eleksyon (Martes, Hunyo, 2), mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. |
| **Paano ako boboto?** | 1. Mag-check in: Ibigay ang iyong pangalan at tirahan sa manggagawa sa botohan.<br>2. Piliin ang iyong balota: Piliin ang iyong nais na wika at format.<br>3. Pumunta sa booth: Dalhin ang iyong mga pambotong materyales.<br>4. Markahan ang inyong balota. Gumamit ng panulat o aparato upang markahan ang iyong mga pinili.<br>5. Protektahan ang inyong balota: Ilagay ito sa secrecy sleeve o pambalik na sobre.<br>6. Ipatala ang iyong balota: Gamitin ang makinang pang-scan ng balota o ang opisyal na kahon ng balota.<br>7. Kumuha ng "Bumoto Ako!" na sticker: Kung nais, isuot ito at kumuha ng selfie para hikayatin ang iba na gawin din ito! |

# Opisyal na mga Kahon na Hulugan ng Balota sa San Francisco

Simula sa Mayo 4, maari ninyong ibalik ang inyong balota sa alinman sa 37 opisyal na kahon ng hulugan ng Lungsod. Lahat ng mga hulugan ng balota ay matatagpuan sa labas, aksesible at bukas 24/7 hanggang 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Hunyo 2. Para ma-access ang isang mapa na makakapagpakita ng lahat ng lokasyon ng kahon na hulugan sa San Francisco, i-scan ang QR code sa pahinang ito.

| Distritong Pinamamahalaan ng mga Superbisor | Kahon na Hulugan ng mga Balota | Lokasyon | Address |
|---|---|---|---|
| 1 | 1 | Cabrillo Playground | 853 38th Ave |
| | 2 | Richmond/Senator Milton Marks Branch Library | 351 9th Ave |
| 2 | 3 | Golden Gate Valley Branch Library | 1801 Green St |
| | 4 | Presidio Branch Library | 3150 Sacramento St |
| 3 | 5 | City College of San Francisco - Chinatown Center | 808 Kearny St |
| | 6 | Huntington Park | California St and Taylor St |
| | 7 | North Beach Branch Library | 850 Columbus Ave |
| 4 | 8 | Ortega Branch Library | 3223 Ortega St |
| | 9 | Parkside Branch Library | 1200 Taraval St |
| 5 | 10 | City Hall | 1 Dr Carlton B Goodlett Pl |
| | 11 | Father Alfred E. Boeddeker Park | 246 Eddy St |
| | 12 | Park Branch Library | 1833 Page St |
| | 13 | UC Law San Francisco | 200 McAllister St |
| | 14 | Western Addition Branch Library | 1550 Scott St |
| 6 | 15 | Jessie Square | 730 Mission St |
| | 16 | Mission Bay Branch Library | 960 4th St |
| | 17 | Ship Shape Community Center | 850 Avenue I |
| 7 | 18 | Forest Hill Station (Muni Metro) | 380 Laguna Honda Blvd |
| | 19 | Ingleside Branch Library | 1298 Ocean Ave |
| | 20 | Merced Branch Library | 155 Winston Dr |
| | 21 | Sunset Branch Library | 1305 18th Ave |
| | 22 | San Francisco State - Mashouf Wellness Center | 755 Font Blvd |
| | 23 | UCSF Medical Center - Millberry Union Plaza | 500 Parnassus Ave |
| 8 | 24 | Eureka Valley Recreation Center | 100 Collingwood St |
| | 25 | Glen Park BART Station | 2901 Diamond St |
| | 26 | Harvey Milk Recreation Center | 50 Scott St |
| | 27 | Noe Valley/Sally Brunn Branch Library | 451 Jersey St |
| 9 | 28 | Bernal Heights Branch Library | 500 Cortland Ave |
| | 29 | City College of San Francisco - Mission Center | 1125 Valencia St |
| | 30 | Portola Branch Library | 380 Bacon St |
| 10 | 31 | Bayview/Linda Brooks-Burton Branch Library | 5075 3rd St |
| | 32 | Jackson Playground Rec Center | Mariposa St and Arkansas St |
| | 33 | Zuckerberg San Francisco General Hospital and Trauma Center | 1001 Potrero Ave |
| | 34 | Visitacion Valley Branch Library | 201 Leland Ave |
| 11 | 35 | Crocker Amazon Playground | 799 Moscow St |
| | 36 | Excelsior Branch Library | 4400 Mission St |
| | 37 | Ocean View Branch Library | 345 Randolph St |

# Pagmarka ng Inyong Balota

## Mga Hakbang sa Pagmarka sa Lahat ng Uri ng mga Labanan


1. Basahin ang mga instruksiyon sa bawat kard na balota bago markahan ang anumang labanan.
2. Gumamit ng  panulat na may itim o asul na tinta upang masiguro na mababasa ang inyong mga napili.
3. Punan ang (mga) oval na nasa kanan ng inyong (mga) napili upang markahan ang inyong mga napagpasyahan.
4. Laktawan ang alinmang labanan kung saan ayaw mong bumoto. Mabibilang pa rin ang iba ninyong mga boto.
5. Upang bumoto para sa kuwalipikadong isinusulat-lamang na kandidato*, isulat ang pangalan ng kandidato sa espasyo sa ilalim ng listahan ng kandidato at punan ang oval na katabi ng kanilang pangalan.

## Mga Hakbang sa Pagmarka sa mga Labanan na may Ranked-Choice na Pagboto


Sa mga labanan ng ranked-choice na pagboboto, makikita ang mga kandidato sa kaliwa ng grid at makikita ang mga may numerong ranggo sa itaas na hilera.

1. Para i-ranggo ang mga kandidato alinsunod sa inyong kagustuhan, punan ang mga oval mula kaliwa hanggang kanan, na ipinapakita sa **larawan 1**.
   - Markahan ang **unang kolum** para sa inyong **unang napiling kandidato**.
   - Markahan ang **pangalawang kolum** para sa inyong **pangalawang napiling kandidato**.
   - Markahan ang **pangatlong kolum** para sa inyong **pangatlong napiling kandidato**, at ipatuloy ito para sa iba.
2. Maaari kayong magranggo ng kahit ilang kandidato na hindi lalampas ng 10.
3. Maaari ninyong iwanan ng blanko ang mga kolum kapag hindi ninyo gusto i-ranggo ang ilang mga kandidato o kapag mas kaunti sa tatlong kandidato ang tumatakbo para sa isang katungkulan.
4. Huwag punan ng higit sa isang oval ang bawat isang kolum, tulad ng ipinapakita sa larawan 2. Hindi mabibilang ang inyong boto kung naglagay kayo ng magkaparehong ranggo sa maraming mga kandidato.
5. Huwag i-ranggo ang parehong kandidato nang ilang beses, tulad ng ipinapakita sa larawan 3. Mabibilang lamang ang inyong unang ranggo para sa kandidatong iyon.
6. Para bumoto sa kuwalipikadong isinusulat-lamang na kandidato*, isulat ang pangalan ng kandidato sa puwang sa ilalim ng listahan ng kandidato at punan ang oval para sa ranggo.


**1 Sunud-sunod i-ranggo ang mga kandidato ayon sa inyong kagustuhan**



**2 Huwag punan ng higit sa isang oval ang parehong kolum**



**3 Huwag punan ng mahigit sa isang oval para sa isang kandidato**



**Ang isang kuwalipikadong isinulat-lamang na kandidato ay isang tao na nakapagsumite ng kinakailangan na dokumentasyon upang makatakbo sa katungkulan pagkatapos maimprenta ang mga balota. Magkakaroon ng listahan ng mga kuwalipikadong isinusulat-lamang na kandidato sa sfelections.gov/writein at sa City Hall Voting Center mula Mayo 22 at gayun din sa lahat ng mga lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon, Hunyo 2.*

## Paano Binibilang ang mga Labanan na may Ranked-Choice na Pagboto

Sa simula, binibilang ang mga unang napili ng lahat. Kung may kandidato na nakakuha ng mayorya sa unang-pinili na mga boto (50%+1), panalo ang kandidato na iyon.

Kapag walang kandidato ang nakatanggap ng mayorya na boto, tinatanggal ang kandidato na may pinakakaunting natanggap na mga boto. Malilipat ang mga boto ng mga botanteng pumili ng natanggal na kandidato sa susunod nilang napili. Bibilangin ulit ang mga boto. Kung nagkaroon na ng mayorya na mga boto ang isang kandidato, panalo ang kandidatong iyon.

Kung wala pa ring nanalo, uulitin ulit ang proseso ng pagtanggal ng kandidato na may pinakakaunting natanggap na mga boto hanggang magkaroon ng kandidato na mayroong mayorya na mga boto.

## Karagdagang Kaalaman Tungkol sa Ranked-Choice Voting

Marami kaming mapagkukunan upang matulungan kayong maunawaan ang paraan na ito ng pagboto:

- Bumisita sa **sfelections.gov/RCV** para malaman kung kailan at paano ginagamit ang ranked-choice na pagboto
- Magsanay sa pagmarka ng sample sa labanan ng ranked-choice na pagboto at alamin kung papaano mabibilang ang inyong mga mapipili sa **sfelections.gov/practiceRCV**.
- Panoorin ang presentasyon tungkol sa ranked-choice na pagboto sa aming YouTube channel, **SFElections**.

# Kailangan Humiling ng  Bagong Balota?

Kung nagkamali kayo habang nagmamarka ng inyong balota, maaari kayong humiling ng kapalit nito:

- Sa online: **sfelections.gov/voterportal**
- Sa telepono: (415) 558-6104
- Sa personal: sa City Hall Voting Center o sa inyong lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon

# Subaybayan ang Inyong Balota

Bisitahin ang **sfelections.gov/voterportal** para masubaybayan ang inyong balota at makumpirma kung kailan ito natanggap para sa bilangan. Kung merong isyu sa inyong sobre ng balota, tulad ng nawawalang pirma, aabisuhan kayo ng portal at bibigyan kayo nito ng mga instruksiyon kung paano malulutas ang isyu.

Maaari rin kayong mag-sign up para sa mga awtomatikong update sa pamamagitan ng email, text, o telepono at sa **wheresmyballot.sos.ca.gov**.

# Pagpapanatili ng Inyong Rekord ng Botante

Ipinadadala namin ang mga balota at iba pang materyales ng eleksyon sa address na nakasaad sa inyong rekord ng botante. Maaari ninyong i-check ang inyong rekord ng botante sa **voterstatus.sos.ca.gov** at i-update ang inyong address sa **registertovote.ca.gov**.

Ayon sa batas, ang impormasyon sa inyong rekord ng botante ay hindi maaaring gamitin sa mga layuning pagkomersyal, ngunit maaari itong gamitin para sa mga piling hindi pangkomersyal na layunin. Para sa karagdagang kaalaman, tawagan ang Kalihim ng Estado sa 800-345-8683 o bumisita sa **sos.ca.gov**.

Ikaw ba ay nasa mapanganib na kalagayan at gustong gumamit ng kumpidensyal na address para sa iyong pang-eleksyon na koreo? Para malaman kung kuwalipikado ka sa programang Safe at Home, tumawag sa 877-322-5227 o bumisita sa **sos.ca.gov/registries/safe-home**.

# Hindi Mamamayan na Boboto sa Lokal na Eleksyon ng Lupon ng Edukasyon

Pinahihintulutan ng lokal na batas ang ilang hindi mamamayan na magparehistro at bumoto sa lokal na eleksyon ng Lupon ng Edukasyon.

Ang mga hindi mamamayan ay maaring magparehistro at bumoto para sa Hunyo 2, 2026, Eleksyon ng Lupon ng  Edukasyon kung sila ay mga magulang, legal na tagapangalaga, o tagapag-alaga ng isang batang naninirahan sa San Francisco na hindi pa 19 taong gulang sa Araw ng Eleksyon. Karagdagang kaalaman ay nasa **sfelections.gov/ncv**.

# Mga Resulta ng Eleksyon

Sa Gabi ng Eleksyon, pagkatapos magsara ng mga botohan, ilalabas ng Departamento ng mga Eleksyon ang apat na paunang resulta na iuulat para sa Hunyo 2, 2026, Pinagsamang Pambuong-Estado na Tuwirang Primaryang Eleksyon ng San Francisco.

1. **8:45 p.m.** – Ang unang ulat ay maglalaman ng mga resulta mula sa karamihan ng mga vote-by-mail na balotang natanggap bago ang Araw ng Eleksyon.
2. **9:45 p.m.** – Isasama sa pangalawang ulat ang mga resulta mula sa Araw ng Eleksyon na iniulat ng mga lugar ng botohan.
3. **10:45 p.m.** – Kasama rin sa pangatlong ulat ang mga resulta ng Araw ng Eleksyon mula sa mga karagdagang mga pag-uulat sa mga lugar ng botohan.
4. **Bandang hatinggabi** – Ang pang-apat na ulat, kasama dito ang lahat ng mga resulta ng botohan sa Araw ng Eleksyon, ay ilalabas kapag nakapag-ulat na ang lahat ng presinto.

Ang lahat ng mga resulta na ilalabas sa Gabi ng Eleksyon ay pauna lamang at magbabago habang binibilang pa ang mga balota sa mga susunod na araw. Kabilang dito ang mga balido na probisyonal na balota at mga vote-by-mail na balota na natanggap sa Araw ng Eleksyon, gayun din ang mga balido na vote-by-mail na balota na may postmark nang Araw ng Eleksyon at natanggap sa loob ng isang linggo.

Ayon sa batas, ang Departamento ay may 30 araw upang makumpleto ang pagbibilang ng mga balota at kailangan na masertipikahan ang eleksyon nang Hulyo 2.

Lahat ng resulta ng eleksyong lokal ay ilalathala sa **sfelections.gov/results**. Ang mga resulta ng pambuong-estado ay malalathala sa website ng Kalihim ng Estado ng California sa **sos.ca.gov**.

# Pagsubaybay sa Eleksyon

Ang Departamento ng mga Eleksyon ay gumagana nang bukas at malinaw na paraan.

Malugod na inaanyayahan ang publiko na masaksihan ang proseso ng eleksyon at magbigay ng puna. Maari ninyong:

- Panoorin ang pagsubok ng kagamitan sa pagboto at ang bilangan ng balota sa pamamagitan ng aming mga live stream sa **sfelections.gov/observe**.
- Magmasid nang personal sa mga aktibidad sa aming tanggapan sa City Hall at sa aming bodega sa Pier 31.
- Sumali sa aming opisyal na Panel ng Tagamasid ng Eleksyon.
- Magmasid ng mga aktibidad sa mga lugar ng botohan at sa City Hall Voting Center.

Upang makilahok sa isa sa aming mga nalalapit na kaganapan, mangyaring tingnan ang aming Kalendaryo ng mga Maaring Obserbahang Aktibidad sa **sfelections.gov/observer**.

# Komisyon Para sa mga Eleksyon

Ang Komisyon Para sa mga Eleksyon ang nangangasiwa ng mga pampublikong eleksyon sa San Francisco at nagtatakda ng mga pangkalahatang polisiya para sa Departamento ng mga Eleksyon. Inaaprubahan at tinatasa rin nito ang mga plano para sa bawat eleksyon. Kasama ng mga kasalukuyang miyembro ng Komisyong ito:

**Michelle Parker,** Presidente
Hinirang ng Lupon ng Edukasyon

**Renita LiVolsi,** Bise Presidente
Hinirang ng Pampublikong Tagapagtanggol

**Trevor McNeil**
Hinirang ng Mayor

**Rebecca Bers**
Hinirang ng Abugado ng Lungsod

**Neil Hallinan**
Hinirang ng Ingat-Yaman

**Dena Aslanian-Williams**
Hinirang ng Abugado ng Distrito

# Mga Aksesibleng Mapagkukunan

Ang Departamento ng mga Eleksyon ay nagbibigay ng iba't-ibang aksesibleng mapagkukunan sa pagboto para matulungan ang lahat ng botante na makaboto ng pribado at malaya.

## Aksesibleng Pamplet ng Impormasyon Para sa Botante

Ang Pamplet ng Impormasyon para sa Botante (Voter Information Pamphlet) ay makukuha sa mga format na PDF, HTML, at MP3 sa **sfelections.gov/vip**. Maari rin kayong humiling ng bersiyon na may malalaking letra, audio sa CD o sa USB, sa pamamagitan ng pagtawag sa (415) 558-6104.

## Aksesibleng Balota sa Koreo

Mula sa Mayo 4 hanggang 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Hunyo 2, maari kayong mag-download ng aksesibleng balota sa **sfelections.gov/access**. Maari ninyong gamitin ang inyong personal na pantulong na aparato, tulad ng screen reader, head pointer, o sip-and-puff, para markahan ang inyong balota. Kapag nakumpleto na, ang mga balota ay dapat na i-print at ibalik sa Departamento ng mga Eleksyon sa pamamagitan ng koreo o nang personal.

## Mga Aksesibleng Lugar ng Botohan

Ang City Hall Voting Center at lahat ng mga lokal na lugar ng botohan ay aksesible para sa mga naka-wheelchair. Ang bawat lugar ay may mga lenteng nagpapalaki ng mga letra, panulat na madaling hawakan, gabay sa pagpirma gamit ang braille, mga pamboto na upuan, at mga aparato para sa pagmarka ng mga balota.

Ang mga aparato para sa pagmamarka ng balota ay nag-aalok ng parehong opsiyon sa touchscreen at audio, na nagbibigay-daan sa inyo na ayusin ang laki ng font, kulay ng background, at wika. Maari ninyong i-navigate ang mga labanan sa balota gamit ang braille keypad, headphones, o iba pang pantulong na kagamitan. Para sa mga detalye tungkol sa inyong itinalagang lugar ng botohan, maaring sumangguni sa likod na pabalat.

Ang mga aksesibleng mapagkukunan na ito ay makukuha rin sa City Hall Voting Center mula Mayo 4 hanggang sa Araw ng Eleksyon, Hunyo 2.

## Personal na Serbisyo Para sa Pagboto

Kung hindi ninyo kayang pumasok sa isang lokasyon ng botohan, maari kayong humiling ng pagboto sa gilid ng daan. Ang isang manggagawa sa eleksyon ay magdadala sa inyo ng balota upang kayo ay makaboto sa inyong sasakyan o sa lugar na malapit sa botohan. Pagkatapos ninyo mamarkahan ang inyong balota, ang manggagawa sa eleksyon ay magbabalik para kolektahin ito. Tumawag sa (415) 558-6104 o magtanong para hilingin ang serbisyong ito para sa iyo.

Maaring humingi ng tulong sa ibang tao para sa pagmamarka ng inyong balota. Ang tagatulong ay maaring isang manggagawa sa eleksyon ngunit hindi siya maaring maging inyong tagapag-empleyo o kinatawan ng inyong unyon. Maaaring magbigay ng pisikal na tulong ang mga tagatulong; gayunpaman, hindi sila maaaring gumawa ng mga desisyon tungkol sa pagboto para sa inyo.

Kung kayo o mayroon kayong kilala na hindi kayang umalis ng bahay o nasa ospital sa huling linggo ng panahon ng pagboto, maaari kayong humiling na magpahatid o magpakuha ng balota. Para mag-iskedyul ng appointment, tumawag sa (415) 558-6104, TTY (415) 558-6108, o mag-email sa **ballotdelivery@sfgov.org**.

## Komite ng mga Tagapayo para sa Aksesibilidad sa Pagboto

Nagtatrabaho ang komite na ito upang mapabuti ang access sa pagboto sa San Francisco. Tumawag sa (415) 558-6104 para sa mga karagdagang impormasyon at kung gusto ninyong makilahok.

# Limang mga Katotohanan Tungkol sa mga Eleksyon sa San Francisco

## Katotohanan 1: Ligtas at Maaasahan ang Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo

Ang pagboto sa pamamagitan ng koreo ay isang ligtas at maaasahang paraan ng pakikilahok sa mga eleksyon sa San Francisco. Ang Departamento ng mga Eleksyon ay gumagamit ng maraming hakbang sa seguridad at pagpapatunay upang maprotektahan ang bawat balota at makatulong na maiwasan ang pandaraya.

Ang mga balota ay ibinibigay lamang sa mga rehistradong botante, at bawat sobre para sa bagbabalik ng vote-by-mail ay may natatanging numerong pagkakakilanlan na tumutulong matiyak na ang isang botante ay makakaboto lamang nang isang beses at nagbibigay-daan upang masubaybayan ang balota. May ilang ligtas na paraan ang mga botante upang maibalik ang kanilang balota, kabilang ang pagpapadala nito sa pamamagitan ng U.S. Postal Service, paglalagay nito sa isang opisyal na pananggalang sa pakikialam na kahon ng hulugan ng balota, o pagbabalik nito sa isang lugar ng botohan o sa City Hall Voting Center. Ang lahat ng naibalik na balota ay kinokolekta at dinadala gamit ang mahigpit na mga pamamaraan ng chain-of-custody.

Bago mabilang ang balota, inihahambing ng mga kawani ng Departamento ang pirma ng botante sa sobre ng pagbabalik sa (mga) pirmang naka-file. Kapag walang pirma o hindi tumutugma ang pirma, kinokontak ng Departamento ang botante at binibigyan siya ng mga tagubilin kung paano aayusin ang isyu upang mabilang ang balota.

Kapag nakumpirma na ang pagiging kuwalipikado ng botante, ang mga naibotong balota ay hinihiwalay mula sa kanilang mga sobre upang maprotektahan ang pagiging pribado ng botante, at pagkatapos ay inihahanda para sa pagbibilang.

Itinatala sa sistema ng eleksyon ang pakikilahok ng botante kapag natanggap ang balotang vote-by-mail, na tumutulong upang maiwasan ang pagbibilang ng higit sa isang balota para sa iisang botante.

Maaaring i-check ng mga botante kung natanggap at nabilang ang kanilang balotang ipinadala sa koreo sa **sfelections.gov/voterportal** o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon.

## Katotohanan 2: Karamihan sa mga Botante ay Hindi Kailangang Magpakita ng Pagkakakilanlan kapag Bumoboto

Karamihan sa mga botante ay hindi kinakailangang magpakita ng pagkakakilanlan kapag bumoboto. Ang mga manggagawa sa lugar ng botohan sa San Francisco ay sinanay na huwag humingi ng ID maliban kung ito ay kinakailangan ng batas at nakasaad sa Talaan ng mga Botante sa lugar ng botohan. Maaaring kang hingan ng pagkakakilanlan kung ikaw ay boboto sa unang pagkakataon matapos magparehistro sa pamamagitan ng koreo at hindi ka nagbigay ng numero ng lisensya sa pagmamaneho, numero ng ID sa estado, o ang huling apat na digit ng iyong Social Security number sa iyong form ng pagpapaparehistro.

Bago ang bawat eleksyon, nagpapadala ang Departamento ng mga Eleksyon ng abiso sa mga botanteng kinakailangang magbigay ng pagkakakilanlan, na humihiling sa kanila na magsumite ng ID bago bumoto nang personal o bago ibalik ang kanilang balota na vote-by-mail. Kung ito ay naaangkop sa iyo at hindi ka pa nakapagbigay ng pagkakakilanlan, mangyaring magdala ng ID sa iyong lugar ng botohan o isama ang kopya nito kasama ng iyong balotang vote-by-mail.

Ang mga katanggap-tanggap na uri ng pagkakakilanlan ay kinabibilangan ng kamakailang bayarin sa utility, iyong sample ballot booklet, iba pang dokumento mula sa ahensya ng gobyerno, pasaporte, lisensya sa pagmamaneho o kard ng ID sa estado, o kard ng ID ng estudyante na nagpapakita ng iyong pangalan at larawan.

## Katotohanan 3: Ang mga Probisyonal na Balota ay Binibilang

Lahat ng kuwalipikadong probisyonal na balota ay binibilang. Ang probisyonal na balota ay nagbibigay-daan sa isang botante na makalahok sa eleksyon kapag may katanungan tungkol sa kanyang pagiging kuwalipikado sa oras ng pag-check in upang bumoto. Halimbawa, maaaring hilingin sa isang botante na bumoto gamit ang probisyonal na balota kung ang kanyang pangalan ay hindi lumilitaw sa Talaan ng mga Botante o kung siya ay nagpapaparehistro upang bumoto sa mismong Araw ng Eleksyon.

Pagkatapos ng eleksyon, sinusuri ng kawani ng Departamento ang bawat probisyonal na balota upang matiyak na ang botante ay karapat-dapat na bumoto at hindi nagbigay ng isa pang balota sa parehong eleksyon. Kapag napatunayan na ang botante

ay karapat-dapat, ang balota ay binibilang at isinasama sa opisyal na resulta. Maaring i-check ng mga botanteng gumamit ng probisyonal na balota kung nabilang ang kanilang balota sa **sfelections.gov/pvlookup** o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon.

## Katotohanan 4: Ligtas at Bukas ang Sistema ng Pagboto

Gumagamit ang San Francisco ng sistema ng pagboto na sertipikado ng Kalihim ng Estado ng California at nakakatugon sa lahat ng naaangkop na pamantayan ng pederal at estado. Pinananatili ng Departamento ng mga Eleksyon ang mahigpit na mga kontrol sa pisikal na seguridad para sa lahat ng kagamitang pangboto. Ang mga makinang pangboto ay hindi kailanman nakakonekta sa internet, panlabas na mga network, o teknolohiyang wireless.

Bago ang bawat eleksyon, nagsasagawa ang Departamento ng mga Eleksyon ng pasubok na may Lohika at Katumpakan upang matiyak na tama ang pagtatala at pagbibilang ng mga boto ng mga kagamitang pangboto. Pagkatapos ng eleksyon, isinasagawa ang mga karagdagang hakbang sa beripikasyon, kabilang ang manu-manong pagbibilang ng mga balotang napili nang sapalaran at isang risk-limiting audit upang makumpirma ang katumpakan ng mga resulta. Malugod na inaanyayahan ang mga miyembro ng publiko na obserbahan ang mga gawaing beripikasyon na ito.

Gumagamit ang mga botante sa San Francisco ng mga papel na balota upang bumoto, na lumilikha ng pisikal na rekord na sumusuporta sa pagiging malinaw at sa pagsusuri pagkatapos ng eleksyon. Nagbibigay din ang Departamento ng mga opsyon sa pagboto na naa-access, kabilang ang sistema ng Aksesibleng Vote-by-Mail na balota at mga kagamitang tumutulong sa pagmamarka ng balota sa mga lugar ng botohan. Pinahihintulutan ng mga kagamitang ito ang mga botante na markahan ang kanilang mga balota nang pribado at nakapag-iisa.

## Katotohanan 5: Iginagalang at Pinoprotektahan ang Karapatang Bumoto ng Bawat Residente

Nakatuon ang Departamento ng mga Eleksyon sa pagtitiyak na ang bawat kwalipikadong botante ay makalahok sa eleksyon nang walang pananakot, panghihimasok, o diskriminasyon. Sinasanay ng Departamento ang mga manggagawa sa lugar ng botohan upang tulungan ang mga botante sa isang magalang at hindi makaraptidong paraan, at upang makatulong sa pagpapanatili ng mga lugar ng botohan na ligtas, naa-access, at bukas sa lahat.

Nagbibigay din ang Departamento ng tulong sa wika at suporta sa aksesibilidad upang matiyak na lahat ng botante ay makakaboto nang pribado at nakapag-iisa.

Nagmamanman ang mga tauhan ng Departamento na nakatalaga sa mga lugar ng botohan sa kalagayan sa Araw ng Eleksyon, at sinusunod ang mga itinakdang pamamaraan upang agarang matugunan ang anumang alalahanin tungkol sa posibleng nakakagambalang aktibidad o pananakot sa botante. Mahigpit na nakikipagtulungan ang Departamento sa mga lokal at pang-estadong ahensya upang tumugon sa mga ulat ng panghihimasok at upang makatulong na maprotektahan ang pag-access ng mga botante sa proseso ng pagboto.

Ang mga botanteng nakaranas o nakasaksi ng pananakot o panghihimasok ay dapat iulat ito sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 558-6104.

# Mga Mapagkukunang Multilingguwal

Ang Departamento ng mga Eleksyon ay nagbibigay ng mga opisyal na balota, mga pamplet para sa botante, at tulong sa wikang Ingles, Tsino, Espanyol, Filipino, at Vietnamese.

Ang mga facsimile na balota, na maaaring gamitin bilang sanggunian sa pagmamarka ng inyong opisyal na balota, ay makukuha sa wikang Bengali, Burmese, Hindi, Hmong, Hapones, Koreano, Mongolian, Thai, at Urdu sa mga lugar ng botohan at sa pamamagitan ng koreo o email kapag hiniling. Mayroon ding mga serbisyo sa pagsasalin sa daan-daang karagdagang wika kapag hiniling.

Para piliin ang wika sa kung saan nais ninyong matanggap ang inyong mga materyales para sa eleksyon, bisitahin ang **sfelections.gov/language** o tumawag sa (415) 558-6104.

Lahat ng mga nakarehistrong botante ay makatatanggap ng balota sa pamamagitan ng koreo at maaring bumoto sa pamamagitan ng koreo o nang personal sa City Hall Voting Center o sa kanilang itinakdang lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon. Ang mga lugar ng botohan ay bukas mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon. Upang tingnan ang listahan ng lahat ng mga lugar ng botohan sa San Francisco at ang magagamit na mga mapagkukunang wika, bisitahin ang **sfelections.gov/voteatyourpollingplace**.

Ang mga botante ay maaring tumanggap ng tulong mula sa hanggang dalawang tao (maliban sa tagapag-empleyo ng botante, ahente ng tagapag-empleyo, o isang opisyal o ahente ng unyon) upang markahan ang kanilang balota. Maari ring humingi ng tulong ang mga botante sa mga manggagawa sa botohan.

# Libreng Klase sa Ingles

Inaalok ng City College ng San Francisco ang mga libreng klase sa Ingles. Kung nais ninyong matuto ng Ingles bilang Ikalawang Wika (English as a Second Language o ESL), bumisita sa **ccsf.edu/esl** para sa impormasyon tungkol sa pagpasok at mga iskedyul ng mga klase.

# Tumulong sa Paghubog ng Hinaharap na Pag-abot sa mga Eleksyon ng San Francisco

Inaanyayahan kayo ng Departamento ng mga Eleksyon na lumahok sa isang maikling, hindi nagpapakilalang pag-tatanong (survey) tungkol sa kung paano mo natatanggap ang mga impormasyon ng eleksyon.

Bago ang bawat eleksyon, ang Departamento ay bumubuo ng Pag-abot sa mga Botante at Planong Pagpapaunlad na naglalahad ng iba't-ibang paraan kung paano nakikipag-ugnayan sa mga botante at mga potensyal na magpaparehistro. Kabilang sa mga pagsisikap na ito ang pagpapadala ng mga abiso at flyers sa pamamagitan ng koreo, presentasyon sa komunidad, mga anunsiyo sa radyo, telebisyon, at pahayagan, mga update sa website at social media, at pakikipag-ugnayan sa mga lokal na organisasyon at ahensya ng Lungsod.

Upang makumpleto ang survey na ito, bisitahin ang **sfelections.gov/outreachimpactsurvey** o i-scan ang QR code na ito. Kung nais mo, maari kang makipag-ugnayan sa Departamento upang humiling ng kopyang papel na ipapadala sa pamamagitan ng koreo.

Maraming salamat sa paglaan ng ilang sandali upang ibahagi ang inyong mga saloobin at makatulong sa pagpapalakas ng pag-abot sa mga botante sa ating komunidad.

# Mga Eleksyon sa California

Sa ilalim ng Batas sa Bukas na Primarya para sa Dalawang Pinakamataas na Kandidato (Top Two Candidates Open Primary Act), ang lahat ng kandidato para sa isang posisyong hinirang ng botante, anuman ang kanilang kinahihiligang partido, ay lalabas sa iisang balota. Sa parehong bukas na primarya at pangkalahatang eleksyon, **maaari kang bumoto para sa sinumang kandidato anuman ang iyong partidong itinukoy sa inyong form ng rehistrasyon bilang botante**. Sa primaryang eleksyon, ang dalawang kandidato na makakatanggap ng pinakamaraming boto—hindi alintana ang nakahiligang partido—ay uusad sa pangkalahatang eleksyon. Kahit pa makakuha ang isang kandidato ng mayoryang boto (hindi bababa sa 50%+1), kailangan pa rin magsagawa ng pangkalahatang eleksyon.

Ang mga isinusulat-lamang na kandidato para sa mga katungkulang nominado ng botante ay maari pa ring tumakbo sa primaryang eleksyon. Gayunpaman, ang isang isinusulat-lamang na kandidato ay maaari lamang umusad sa pangkalahatang eleksyon kung ang kandidato ay kabilang sa dalawang kandidatong nakakuha ng pinakamaraming boto sa primaryang eleksyon. Dagdag pa, walang indipendyenteng proseso ng nominasyon para sa pangkalahatang eleksyon.

Kasama sa mga katungkulang nominado ng botante ang Senador ng U.S., Kinatawan ng U.S., Senador ng Estado, Miyembro ng Asembleya ng Estado, Gobernador, Tenyente Gobernador, Kalihim ng Estado, Kontroler, Ingat-Yaman, Pangkalahatang Abugado, Komisyonado ng Seguro, at Miyembro ng Lupon ng Tagasingil ng Buwis ng Estado.

Ang Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo ay isang katungkulang hindi makapartido at hindi saklaw ng Batas sa Bukas na Primarya para sa Dalawang Pinakamataas na Kandidato. Kung ang isang kandidato para sa Superintendente ay makatanggap ng mayoryang boto (50%+1) sa primaryang eleksyon, ang kandidatong iyon ang nahalal. Kung walang nakatanggap ng mayoryang boto, ang dalawang kandidato na may pinakamataas na boto ang uusad sa pangkalahatang eleksyon.

Hindi naaapektuhan ng bukas na primaryang sistema ng California ang eleksyon ng Presidente ng U.S., sentral na komite ng county, at ang mga katungkulang lokal.

# Impormasyon Tungkol sa Kandidato

## Kinakatigang Partido ng Kandidato

Ang nakarehistrong kinakatigan na partidong pampolitika, o kawalan nito, ng sinumang kandidato na tumatakbo para sa katungkulang nominado ng botante ay ililimbag sa tabi ng pangalan ng bawat kandidato sa balota. Kung ang isang kandidato ay tumatakbo para sa katungkulang hindi makapartido, walang partidong makikita sa tabi ng pangalan ng kandidato.

## Mga Pahayag ng mga Kuwalipikasyon ng Kandidato

Nagsumite sa loob ng takdang panahon ang ilang kandidato sa balota ng kani-kanilang pahayag ng mga kuwalipikasyon para mailimbag sa pamplet na ito.

Ang mga naturang pahayag ay inilimbag sa gastos ng mga kandidato. Ni ang Direktor ng mg Eleksyon, ni ang alinmang ahensya ng Lungsod, opisyal, o kawani, ay hindi nagpapatunay sa katumpakan ng impormasyong nakapaloob sa alinman sa mga pahayag ng kuwalipikasyon ng kandidato na makikita sa pamplet na ito.

# Mga Limit sa Boluntaryong Gastos

Inaatasan ng Kodigo ng Pamahalaan ng California (California Government Code o CAGC) §85600 na ilathala ng Departamento ng mga Eleksyon ang mga pangalan ng kandidato na kusang-loob na sumang-ayon na sumunod sa limit ng paggasta na itinakda sa CAGC §85400. Sa eleksyong ito, ang mga kandidatong kabilang dito ay sina:

**Asembleya ng Estado, Distrito 17**
Matt Haney

**Asembleya ng Estado, Distrito 19**
Catherine Stefani
Philip Louis Wing

# Mga Pag-Endorso ng Partido sa mga Kandidato

Pinahihintulutan ng batas ng Estado ang mga partidong pulitikal na mag-endorso ng mga kandidato para sa mga katungkulang pambuong-estado. Sa eleksyong ito, ang mga sumusunod ay maagap na nagsumite ng mga pag-eendorso.

### Partidong Amerikano na Indipendiyente

Gobernador: Chad Bianco
Ingat-Yaman: Jennifer Hawks
Komisyonado ng Seguro: Robert Howell
Kinatawan ng U.S. Distrito 11: Marie Hurabiell
Asembleya ng Estado Distrito 19: Catherine Stefani
Kalihim ng Estado: Don Wagner
Pangkalahatang Abugado: Michael Gates
Miyembro, Lupon ng Tagasingil ng Buwis, Distrito 2: Mark McComas
Asembleya ng Estado Distrito 17: Matt Haney
Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo: Sonja Shaw

### Partidong Demokratiko

Kalihim ng Estado: Shirley Weber
Pangkalahatang Abugado: Rob Bonta
Kinatawan ng U.S. Distrito 11: Scott Wiener
Asembleya ng Estado Distrito 17: Matt Haney
Kontroler: Malia Cohen
Miyembro, Lupon ng Tagasingil ng Buwis, Distrito 2: Sally Lieber
Kinatawan ng U.S., Distrito 15: Kevin Mullin
Asembleya ng Estado, Distrito 19: Catherine Stefani

### Partidong Luntian

Gobernador: Rudolph "Butch" Ware
Kalihim ng Estado: Gary N. Blenner
Ingat-Yaman: Glenn Turner
Komisyonado ng Seguro: Eduardo "Lalo" Vargas
Tenyente Gobernador: Alice Stek
Kontroler: Meghann Adams
Pangkalahatang Abugado: Marjorie Mikels
Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo: Frank Lara

### Partidong Libertaryan

Gobernador: Thomas Woodard

### Partido ng Kapayapaan at Kalayaan

Gobernador: Ramsey Robinson
Kalihim ng Estado: Gary N. Blenner
Ingat-Yaman: Glenn Turner
Komisyonado ng Seguro: Eduardo "Lalo" Vargas
Tenyente Gobernador: Alice Stek
Kontroler: Meghann Adams
Pangkalahatang Abugado: Marjorie Mikels
Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo: Frank Lara

### Partidong Republikano

Isinumite ng Partidong Republikano ang liham nito ng pag-eendorso sa itinakdang huling araw, gayunpaman, hindi kasama sa liham ang anumang pag-eendorso sa alinmang kandidato sa balota ng San Francisco.

# Mga Katungkulan sa Lungsod at County ng San Francisco na nasa Balota

#### Miyembro, Lupon ng mga Superbisor

Ang Lupon ng mga Superbisor ang lehislatibong sangay ng pamahalaan ng Lungsod at County ng San Francisco. Sila ang nagpapatupad ng mga lokal na batas at nagpapatibay ng taunang badyet ng Lungsod. Mayroon itong labing-isang miyembro, bawat isa ay inihalal para sa isang apat na taong termino. Ang kasalukuyang taunang sahod ay $175,370.

Tanging ang mga botanteng naninirahan lamang sa Distrito 2 at Distrito 4 ang boboto para sa Miyembro ng Lupon ng mga Superbisor sa eleksyon na ito. Ang mga kandidatong maboboto ay magsisilbi sa natitirang bahagi ng kasalukuyang apat na taong termino na magtatapos sa Enero 2027. Ang mga puwestong ito sa Distrito 2 at Distrito 4 ay muling lalabas sa balota sa Nobyembre 2026 para sa buong apat na taong termino.

#### Miyembro, Lupon ng Edukasyon

Ang Lupon ng Edukasyon ay ang pitong-miyembrong lupon na tagapamahala ng San Francisco Unified School District (kindergarten hanggang sa ika-labindalawang baitang). Ang mga miyembro ay magsisilbi sa loob ng apat na taong termino. Ang kasalukuyang taunang stipend ay $6,000.

Ang mga botante sa buong lungsod ay boboto para sa isang miyembro para sa Lupon ng Edukasyon sa eleksyong ito. Ang mga kandidatong mahahalal ay magsisilbi sa natitirang bahagi ng kasalukuyang apat na taong termino na magtatapos sa Enero 2027. Ang katungkulang ito ay muling lalabas sa balota sa Nobyembre 2026 para sa buong apat na taong termino.

# Mga Kandidato para sa Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 11

## SAIKAT CHAKRABARTI

**Ang trabaho ko ay** Direktor ng Patakaran sa Kongreso.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Patuloy na tumataas ang upa. Ang pagmamay-ari ng bahay ay isa nang hindi maabot na pangarap para sa mga kabataan. Nauubos ang badyet ng mga pamilya sa mga grocery, pagpapaalaga ng anak, at pangangalagang pangkalusugan. Inaabot nang ilang dekada ang paggawa ng mga bagong kalsada, tulay, o linya ng tren. Hindi lang mga taga-San Francisco ang nahaharap sa mga problemang ito. Ang mga problemang ito ay nararanasan ng lahat ng Amerikano, at kailangan ay magtulungan ang buong bansa para malutas ang mga ito.

Dumating ako sa San Francisco sa edad na 23 para magtrabaho bilang software engineer, pero napagtanto kong hindi kailanman malulutas ang ating mga problema sa teknolohiya lang. Kaya umalis ako sa tech para tumulong na pangunahan ang kampanya sa pagkapresidente ni Bernie Sanders. Pagkatapos ay nagtatag ako ng grupo para maghalal ng mga bagong lider sa Kongreso, kasama si Alexandria Ocasio-Cortez.

Pagkatapos pamahalaan ang unang kampanya ni Alexandria Ocasio-Cortez (AOC), nagsilbi ako bilang kanyang chief of staff sa Kongreso, kung saan ko isinulat ang Green New Deal. Nagresulta ang aming mga pagsisikap sa pinakamalaking investment sa klima at mga trabaho sa unyon sa kasaysayan. Alam ko kung ano ang kailangan para maging aksyon ang malalaking ideya sa isang Kongresong natigil sa patakaran.

May pinangungunahang awtoritaryang kudeta si Donald Trump, at hindi ito nagagawang pigilan ng mga Demokratikong lider sa DC. Hindi ako tumatakbo para sumali sa sirang establisyimentong iyon. Tumatakbo ako para baguhin iyon, at nang wala ni isang kusing mula sa mga korporasyon.

At hindi ako nag-iisa. May nabubuong kilusan sa buong bansa. Sama-sama sa Kongreso, lalaban tayo para:

- I-ban ang stock trading sa kongreso at ipagbawal sa pulitika ang pera mula sa mga korporasyon
- Kontrolin ang Artificial Intelligence (AI) sa paraang makakatulong sa mga manggagawa at sangkatauhan
- Gumawa ng libreng pambansang sistema ng pangangalagang pangkalusugan
- Putulin ang red tape at gumawa ng pampublikong bangko para mas mabilis na makapagpatayo ng mga pabahay
- Magsabatas ng wealth tax sa mga bilyonaryo
- Magtayo ng high-speed rail system sa bansa
- Wakasan ang mga hindi matapos-tapos na giyera

*Saikat Chakrabarti*

## CONNIE CHAN

**Ang trabaho ko ay** Superbisor ng San Francisco.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
ANG BANTANG KINAKAHARAP NATIN. Si Trump at ang Mga Republikano sa Kongreso ay lalong nagpapahirap sa mga nagtatrabahong pamilya. Pinuputol nila ang pangangalagang pangkalusugan, binabawasan nila ang mga programa sa pagkain, pinapataas nila ang mga presyo sa pamamagitan ng mga ilegal na taripa, at dinadaya nila ang sistema para sa mga bilyonaryo at korporasyon. Mga pamilya sa San Francisco ang naghihirap, at kailangan natin ng matapang na lalaban sa Washington.

SINO AKO. Isa akong nagtatrabahong ina at unang henerasyon ng imigrante na lumaki sa isang apartment na kontrolado ang rent sa Chinatown. Alam ko kung ano ang eksaktong nakataya para sa ating mga pamilya. At may rekord na akong napatunayan ng kakayahan sa pakikipaglaban.

ANG AKING REKORD. Bilang Tagapangulo ng Badyet para sa Lupon ng Mga Superbisor, isinulong ko ang dagdag na sahod, nagtayo ako ng mga abot-kayang pabahay, sinuportahan ko ang maliliit na negosyo, at gumawa ako ng mga trabaho. Nang putulin ni Trump ang mga programa sa pangangalagang pangkalusugan at mga programa sa pagkain, ibinalik ko ang pondo at umaksyon ako para sa ating mga pamilya. Lumaban ako sa mga bilyonaryo at may mga espesyal na interes sa aking buong karera, at hindi ako titigil.

ANG GAGAWIN KO SA KONGRESO

- Labanan si Trump at ang mga taripang nagpapataas sa mga gastusin ng mga nagtatrabahong pamilya.
- Isabatas ang Medicare for All para mapababa ang mga gastusin sa pangangalagang pangkalusugan
- Ibalik ang pondo sa Medicare, MediCal, at pang-reproduktibo na pangangalagang pangkalusugan
- Pigilan ang ICE mula sa matinding pananakot sa ating mga komunidad ng imigrante
- Labanan ang katiwalian upang ang pamahalaan ay maglingkod sa mamamayan, hindi sa mga makapangyarihan

Palagi kong inuuna ang mga manggagawa.

Ikinararangal ko ang pag-endorso nina/ng:

Senador ng U.S. Adam Schiff
Kinatawan ng U.S. Judy Chu
Mga Dating Miyembro ng Asembleya Phil Ting at Tom Ammiano
Mga Dating Mayor Art Agnos at Willie Brown
Dating Presidente ng Lupon ng Mga Superbisor Norman Yee
Mga Superbisor Jackie Fielder, Shamann Walton, at Chyanne Chen
Mga Dating Superbisor Mabel Teng at Dean Preston
Retiradong Hukom Quentin Kopp
Aktibista para sa Karapatan ng mga LGBTQ/AIDS Cleve Jones
Working Families Party
National Nurses United
California Federation of Teachers
Asosasyon ng mga Guro ng California
Konseho sa Paggawa ng San Francisco
San Francisco Building and Construction Trades Council
San Francisco Fire Fighters Lokal 798
Harvey Milk na Samahang Demokratiko na LGBTQ
Rose Pak Asian American Club

ConnieChanSF.com

*Connie Chan*

# Mga Kandidato para sa Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 11

## MARIE HURABIELL

**Ang trabaho ko ay** Lider ng Komunidad / Abugado.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Mga Minamahal na Kaibigan,

Tumatakbo ako para magsilbing inyong boses sa Kongreso; para ipaglaban ang kaligtasan, pagiging abot-kaya, at oportunidad. Pakiramdam ng mga Amerikano ay tumigil na ang pamahalaan na magserbisyo sa kanila, kailangan natin ng mga lider na nakatuon sa mga praktikal na resulta, hindi sa ideolohiya. Kailangan natin ng bagong pananaw at tunay na karanasan sa buhay.

Isinilang at lumaki ako sa San Francisco at doon ko itinataguyod ang aking pamilya. Mahal na mahal ko ang SF.

Nang maharap ang taga-San Francisco sa dumaraming krimen, bumababang kalidad ng edukasyon, at hindi epektibong pamamalakad, iniwan ko ang aking trabaho at nakibahagi ako sa paglutas ng problema. Tumulong ako sa pagsusulong ng mga matagumpay na pagpapababa sa katungkulan: sa Abugado ng Distrito Chesa Boudin at mga miyembro ng Lupon ng Edukasyon. Lumaban ako para: buksan ulit ang mga paaralan, pigilan ang cop tax, makakuha ng pondo para sa Departamento ng Pulisya ng San Francisco / magkaroon ng access sa teknolohiya, pigilan ang panghihimasok ng SFMTA at naging “all-in” ako sa pag-aayos ng San Francisco, kaya itinatag ko ang ConnectedSF.

Kapag nag-oorganisa, humihingi ng pananagutan, at nakatuon sa mga resulta ang mga mamamayan, nagkakaroon ng tunay na pag-unlad.

May rekord ako na nagpapatunay na isinusulong ko ang kalusugan ng publiko, pinapahusay ko ang edukasyon, hindi ko tinatanggap ang hindi magagandang ideya, at pinagtatanggol ko ang patas na oportunidad para sa mga kababaihan at mga batang babae.

Sa Kongreso, dadalhin ko ang makatuwiran na pamumunong iyon na gumagamit ng sentido kumon para:

- magpasa ng mga batas pang pederal na nagta-target sa mga drug trafficker at krimen na nagpapalaganap ng fentanyl sa ating mga komunidad.
- tiyakin ang pangunguna ng Amerikano sa AI, habang sinisiyasat ang mga modernong programa para maibahagi ang mga benepisyo ng inobasyon.
- pagbabawas ng mga hindi kinakailangang regulasyon na nagpapataas ng mga gastusin habang sinusuportahan ang mga responsableng patakarang pang pinansyal na nakakabawas ng implasyon.
- protektahan ang mga kababaihan at mga batang babae; patas na oportunidad sa palakasan at edukasyon.

Habang nag-i-intern para kay Speaker Nancy Pelosi noong nag-aaral pa ako sa Georgetown, naobserbahan ko na ang matatag na pamumuno ay nangangahulugang pagbubuo ng mga koalisyon at paghahatid ng mga tunay na resulta.

Karapat-dapat kang magkaroon ng kinatawan na maninindigan, malinaw magsalita, at tutupad sa mga gawain.

Magalang kong hinihingi ang inyong boto.

VoteMarie.com

*Marie Hurabiell*

## SCOTT WIENER

**Ang trabaho ko ay** Senador ng Estado.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Masigasig ako sa pagharap sa pinakamatitinding pagsubok at paghahatid ng mga resulta.

Handa na akong dalhin ang pamumunong iyon sa Kongreso para maging mas abot-kaya ang pamumuhay ninyo at mawakasan ang pag-atake ni Trump sa ating mga komunidad.

Nagpasa ako ng mga importanteng batas para maitayo ang mga tirahang kailangan natin. Sa Kongreso, lalaban ako para makapagtayo ng milyun-milyong tirahan para mapababa ang upa at utang sa bahay para sa mga tao.

Isinabatas ko ang pinakamalakas na bayad sa leave ng magulang sa bansa, na tumulong sa mga nagtatrabahong magulang na alagaan ang kanilang bagong anak nang hindi kinakapos sa panggastos. Sa Kongreso, titiyakin ko na may bayad ang family leave at ang serbisyong pangangalaga ng anak.

Lumaban ako sa mga kumpanya ng seguro para mapalawak ang saklaw sa kalusugan ng pag-iisip at malimitahan ang mga co-pay ng insulin sa $35. Sa Kongreso, papababain ko ang mga gastusin sa inireresetang gamot at maghahatid ako ng abot-kayang panlahat na pangangalagang pangkalusugan. Sinusuportahan ko ang Medicare for All.

Nang nanakot ng matindi si Trump sa mga komunidad ng imigrante, may ipinasa akong batas na nagbabawal sa mga ahente ng pederal na magsuot ng mga mask at nagsulat ako ng batas na nagbigay-daan sa mga biktima na kasuhan sila. Sa Kongreso, maninidigan ako para sa ating mga imigrante na kapitbahay, lalaban para wakasan ang ICE, at papanagutin ko ang mga ekstremista na ito.

Sumasakay ako ng MUNI araw-araw. Lumalaban ako para sa maaasahan at ligtas na pampublikong transportasyon, at dati ko nang itinataguyod ang pagpopondo para maiwasan ang matitinding pagbabawas ng serbisyo. Sa Kongreso, kukuha ako ng pondo para mapahusay at mapalawak ang ating mga sistema ng transportasyon.

Bilang isang gay man, isinusulong at ipinagtatanggol ko ang mga LGBTQ, pati ang mga transgender na kabataan, kahit nakakatanggap ako ng kabi-kabilang banta mula sa mga MAGA ekstremista.

Inendorso ako ng Demokratikong Partido ng California, Abugado ng Lungsod David Chiu, National Union of Healthcare Workers, North Coast States Carpenters Union, Human Rights Campaign, at ng mga lider sa buong San Francisco.

Isang malaking karangalan ang maging inyong kinatawan sa Kongreso.

scottwiener.com

*Scott Wiener*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling pagbaybay at gramatika.

# Mga Kandidato para sa Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 11

## JINGCHAO XIONG

**Ang trabaho ko ay** Sariling Taga-empleyo.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Ang kuwalipikasyon ko ay siyentipiko sa panlipunang pamamahala (social management scientist o SMS).

Pinag-aaralan ng SMS ang proseso ng pag-unlad na nagbibigay-daan sa sangkatauhan na magkaroon ng mataas na kalidad ng buhay. Kaya naman ginawa ko ang Co-world para palitan ang tiwaling UN. Iyon ang magiging batayan ng katayuan ko bilang Tagapagligtas. Kaya kong pag-isahin ang lakas ng Gop at Dem para paglingkuran ang People's Livelihood. Kaya kong alisin ang pagkakautang ng USA at ng mga Mamamayan nito.

Ang Co-world ang sistemang titiyak na may ganap na pagkakapantay-pantay sa lahat ng Tao, kung saan may ganap na patas na karapatan ang lahat mula kapanganakan hanggang kamatayan. Pantay ang edukasyon, pagsasanay sa mga kakayahan, trabaho, at kaunlaran, na nagbibigay-daan sa lahat na maabot ang kanilang potensyal at gawin ang gusto nilang gawain.

Ang pinakahangarin ng Co-world ay Automated Era, na inilarawan ko sa isang aklat at pinalaganap sa buong mundo. Nagsimula na ang ebolusyon ng lipunan sa pagpalit ng AI sa trabaho ng tao.

Kapag naging kinatawan ako ng SF sa kongreso, iaangat upang maging Home ang SF bay area. Magtatayo ako ng institusyon para sa Panlipunang Pamamahala, masinsin kong aayusin ang pagtitipon ng 24 na kurso, at ang pagpasa sa mga eksaminasyon sa mga nasabing kurso ang magiging kuwalipikasyon para sa mga Opisyal. SF ang magiging Kabisera ng mundo, ang sentro ng edukasyon, ekonomiya, at pamamahalang militar.

*Jingchao Xiong*

# Mga Kandidato para sa Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 15

## JIM GARRITY

**Ang trabaho ko ay** Retiradong Inspektor ng Pulisya ng San Francisco.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Watak-watak ang kongreso ngayon. Ang mga naihalal na kinatawan ay napakadalas na bumoboto nang mahigpit ayon sa mga linya ng partido, kung saan inuuna ang mga interes ng partido kaysa sa mga pangangailangan ng kanilang distrito at ng kanilang bansa. Dapat magbago iyon. Bilang inyong Kinatawan ng Kongreso, makikipagtulungan ako sa ibang partido. Kapag may mabuting batas na lumitaw na ikakikinabang ng distritong ito at ng bansa, susuportahan ko ito, anuman ang partidong pinagmulan nito. Kooperasyon, at hindi pagkakahati-hati, ang paraan kung papaano tayo uusad.

Mahigit tatlumpu't anim na taon na akong naninirahan sa distritong ito. May asawa ako at ama ako ng tatlong anak. Sa loob ng tatlumpu't tatlong taon, naglingkod ako bilang Pulis at nagretiro ako bilang Inspektor (Detektib) ng Kagawaran ng Pulisya ng San Francisco (SFPD). Sa huling labinlimang taon ko sa SFPD, nagtrabaho ako sa Malalaking Krimen, sa graveyard shift, nang nakasibilyan, sa buong lungsod. Mayroon akong Bachelor's Degree sa Business Management at Master's Degree sa Public Administration, na parehong mula sa San Francisco State University.

Nangangailangan ng agarang aksyon ang mga isyung kinakaharap ng distritong ito. Patuloy na nagiging pabigat sa mga nagtatrabahong pamilya ang gastos sa pabahay, mga pang-araw-araw na pangangailangan, at pangangalagang pangkalusugan. Masyadong kaunti ang mga trabaho may magandang suweldo. Lalaban ako upang palakasin ang ekonomiya at paramihin ang oportunidad para sa lahat. Pangunahing prayoridad ang pampublikong kaligtasan.

Lubhang naapektuhan ng krisis sa fentanyl ang mga pamilya sa buong mga County ng San Francisco at San Mateo. Nakapagtala ang San Francisco ng 467 pagkamatay dahil sa fentanyl noong 2025, at nalampasan ng dalawang county ang kabuuang bilang noong nakaraang taon. Nakakagalit ang lahat ng ito. Gagawin kong pangunahing prayoridad ang pagtugon sa epidemiyang ito.

Handa akong harapin ang mga pagsubok na ito. Magalang kong hinihiling ang inyong boto.

Jim Garrity para sa Kongreso

*Jim Garrity*

## KEVIN MULLIN

**Ang trabaho ko ay** Kinatawan ng U.S.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Ang paglilingkod sa ika-15 distrito ng Kongreso ng California sa Kapulungan ng Mga Kinatawan ng U.S. ay ang pinakamalaking karangalan sa buhay ko. Muli akong tumatakbo sa halalan at hinihiling ko ang inyong boto batay sa aking rekord ng paghahatid ng kongkretong resulta para sa aking mga nasasakupan, kabilang ang pederal na pagpopondo para sa mga proyekto ng distrito sa mga panahong ito ng matinding pagsubok para sa ating bansa.

Lumaban ako at bumoto ng HINDI sa mga matitinding panukalang badyet ng mga Republikano na magbabawas sa Medicaid, mga benepisyo ng Programang Tulong sa Karagdagang Nutrisyon (SNAP), at mga kredito sa buwis ng Batas sa Abot-kayang Pangangalaga (ACA). Mariin kong tinutulan ang hindi makataong pagpapatupad ni Trump ng batas sa imigrasyon. Dapat magkaisa ang mga Demokratiko upang mabawi natin ang kontrol sa Kongreso at matutulan ang isang awtoritaryong Pangulo na binabalewala ang Konstitusyon ng U.S. at ang pamamayani ng batas, at naglalagay sa mga sundalo sa kapahamakan nang walang pag-apruba ng kongreso.

Ipinagmamalaki kong maging katuwang na tagapangulo ng Task Force sa Pagpapatibay ng Demokrasya ng Kapulungan, kung saan ako ay naging katuwang na tagapagtaguyod ng isa sa mga pinakakomprehensibong pakete ng mga karapatan sa pagboto sa kasaysayan, at patuloy akong nagsisikap na protektahan ang malaya at patas na mga halalan mula sa mga pag-atake ni Trump sa pagboto sa pamamagitan ng koreo, na pinangunahan ng California.

Pinili ako ng aking mga kasamahan upang magsilbi sa impluwensyal na Komite ng Kapulungan sa Enerhiya at Komersyo, na tumatalakay sa proteksyon para sa consumer at para sa manggagawa habang pinapalago ang ekonomiya ng inobasyon, na may direktang epekto sa mga nasasakupan ng CA-15 at mga negosyo rito, kabilang ang makabagong mga agham pangbuhay at malinis na enerhiya.

Sa inyong suporta, ipagpapatuloy ko ang pagtatanggol sa ating demokrasya, titiyakin kong mas magiging matatag ang ating mga komunidad sa harap ng pagbabago ng klima, at pagsisikapan kong magkaroon ng abot-kayang ekonomiya na angkop para sa lahat. Higit na kinakailangan ngayon ang mga pinuno na may karanasan sa Kongreso upang labanan ang awtoritaryanismo at matiyak na isang demokratikong republika ang mamanahin ng mga hinaharap na henerasyon ng mga Amerikano.

www.kevinmullinforcongress.com

*Kevin Mullin*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling pagbaybay at gramatika.

# Mga Kandidato para sa Asembleya ng Estado, Distrito 17

## MATT HANEY

**Ang trabaho ko ay** Miyembro ng Asembleya ng Estado.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Sa nakalipas na apat na taon bilang inyong Miyembro ng Asembleya, pinangunahan ko ang laban para harapin ang mga pinakamabigat na pagsubok ng San Francisco.

Pamumuno:
- Naglingkod bilang Majority Whip ng Asembleya ng Estado ng CA.
- Tagapangulo ng Komite sa Pabahay ng Asembleya, na nagpapasa ng mga batas upang gawing mas abot-kaya ang pabahay.
- Tagapangulo ng Piling Komite sa Pagbangon ng Downtown, na nagsusulong ng mga batas upang gawing pabahay ang mga bakanteng espasyo ng tanggapan, mapabuti ang kaligtasan ng publiko, mapunan ang mga bakanteng puwesto na tindahan, at maibalik ang ekonomiya ng downtown ng San Francisco.
- Tagapagtatag at Tagapangulo ng kauna-unahang California Legislative Renters' Caucus.

Ilan sa mga kamakailang tagumpay sa lehislasyon:
- Ipinag-atas na magkaroon ng mga gamot na panlaban sa overdose sa mga first aid kit, pinalawak na mga mobile na botika at mga paggamot sa adiksyon para sa pagligtas ng buhay.
- Ipinagbawal ang mga baril para sa mga nagkasala na may malubhang sakit sa pag-iisip, na nagtatapos sa mga mapanganib na butas sa batas na humahantong sa paglabas ng mga tao mula sa mga mental hospital ng estado.
- Pinalawak na access sa pangangalagang pangkalusugan at pangangalaga sa ngipin, kabilang ang mga pansuportang serbisyo sa tahanan.
- Inalis ang red tape upang mapabilis ang pagtatayo sa pabahay.
- Lumaban upang matiyak na mayroong access sa pabahay para sa paggaling na walang droga upang makatulong sa mga tao na makaalis sa mga lansangan.
- Lumikha ng mga batas upang pigilan ang mga landlord sa wall street na kontrolin ang ating pamilihan ng pabahay.
- Ipinanukala ang kauna-unahan sa bansa na buwis sa mga kita ng mga pribadong pasilidad ng detensyon ng Pagpapatupad ng Batas sa Imigrasyon at Adwana (ICE) upang maprotektahan ang mga imigranteng pamilya at mapondohan ang mga serbisyo.
- Nilimitahan ang security deposit sa isang buwang renta at ibinaba ang mga bayarin sa Samahan ng Mga May-ari ng Bahay (HOA) upang gawing mas abot-kaya ang pabahay.

Nakatuon ako sa pagpapabuti ng kaligtasan ng publiko, pagbawas ng kawalan ng tirahan, pagtiyak ng sapat na pondo para sa mga paaralan at pampublikong transportasyon, at pagtugon sa pagbabago ng klima. Ipinagmamalaki kong makakuha ng 100% na marka mula sa Equality California at Planned Parenthood para sa tuloy-tuloy na pagsuporta sa mga makabuluhang inisyatiba para sa LGBTQ+ at mga patakarang pabor sa pagpili, at nakatanggap ako ng 'A' na rating mula sa California Environmental Voters.

Inendorso ng:
- California Professional Firefighters
- Asosasyon ng mga Guro ng California
- California Environmental Voters
- Equality California
- National Union of Healthcare Workers
- Planned Parenthood Northern California Action Fund
- Internasyonal na Unyon ng mga Empleyadong Nagbibigay-Serbisyo (SEIU) California

Alamin pa sa MattHaney.com

*Matt Haney*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling pagbaybay at gramatika.

# Mga Kandidato para sa Asembleya ng Estado, Distrito 19

## CATHERINE STEFANI

**Ang trabaho ko ay** Miyembro ng Asembleya.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Muli akong tumatakbo sa halalan upang maipagpatuloy ang laban para sa mas ligtas at mas abot-kayang California.

Noong nanumpa ako sa Asembleya, nangako akong maghahatid ng mga tunay na resulta. Sa unang taon ko, iyon mismo ang aking isinagawa.

Pito sa aking mga panukalang batas ang nilagdaan upang maisabatas, bawat isa ay naglalayong pabutihin ang kaligtasan ng publiko, palawakin ang access sa pangangalagang pangkalusugan, at gawing mas abot-kaya ang California.

Isinulat ko ang Wyland's Law upang matugunan ang isang mapanganib na kakulangan sa ating sistema sa pag-iwas sa karahasang dulot ng baril. Ipinasa ko ang batas upang maiwasan na mawalan ng segurong pangkalusugan ang mga pamilya sa panahon ng diborsyo, ipinagbawal ko ang mga ilegal na harang sa plaka na nagpapahina sa pagpapatupad ng batas, at tiniyak ko na ang mga biktima ng krimen ang unang makatanggap ng mga bayad-pinsala. Nagsulong ako ng mga solusyon upang matugunan ang kakulangan sa mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan ng ina, sinuportahan ko ang mga nonprofit na ospital, at naglatag ako ng matibay na pundasyon para sa hinaharap ng enerhiyang hangin sa karagatan ng California.

Tumugon ang tanggapan ko sa libo-libong kahilingan ng mga nasasakupan at tumulong ako na makakuha ng mga benepisyo na nagkakahalaga ng mahigit $1.2 milyon para sa mga lokal na pamilya at nakatatanda.

Sa Sacramento, ipagpapatuloy ko ang pakikipaglaban para sa mga mapagkukunang kailangan natin upang matugunan ang krisis sa droga at panagutin ang mga nagbebenta ng fentanyl. Magtratrabaho ako upang mapalaki ang access sa abot-kayang pabahay, upang mapanatili ang mga nagtatrabahong pamilya sa kanilang mga komunidad, at upang makuha ang mga mapagkukunan na kailangan ng ating mga lungsod para maiwasan ang kawalan ng tirahan bago pa ito mangyari. At hinding-hindi ako aatras sa pagprotekta sa ating mga karapatan sa reproduksyon at sa pakikipaglaban para sa access sa medikal na pangangalaga para sa lahat.

Bilang inyong Miyembo ng Asembleya, mas handa ako ngayon kaysa kailanman na magpatuloy sa paghahatid ng mga resulta.

Alamin pa sa VoteCatherineStefani.com

*Catherine Stefani*

# Mga Kandidato para sa Hukom ng Korte Superyor, Puwesto Blg.16

## PHOEBE MAFFEI

**Ang trabaho ko ay** Katulong ng Abugado ng Distrito ng San Francisco.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Ang pangalan ko ay Phoebe Maffei, at tumatakbo ako para sa Hukom ng Korte Superyor ng San Francisco.

Nagsilbi akong taga-usig sa Tanggapan ng Abugado ng Distrito ng San Francisco nang mahigit 15 taon. Humawak ako ng mga kasong karahasan sa tahanan, pang-aabuso sa matatanda, krimen sa pananalapi, katiwalian sa publiko, at kasong pagpatay. Nakipagtulungan ako sa mga pamilyang nawalan ng mga mahal sa buhay at sa kanilang mga naiwanan na may karapatang maramdaman ang kaligtasan. Ang katarungan ay nangangailangan ng malasakit at tibay ng loob. Sa bawat kaso, ipinatupad ko ang batas, pinrotektahan ko ang ating komunidad, at tiniyak kong angkop ang mga kinahinatnan.

Ang isang hukuman ay dapat isang lugar kung saan napapakinggan ang mga tao at itinatrato sila nang may respeto. Kung mahalal ako, ipapatupad ko ang batas sa makatarungang paraan, itatrato ko ang lahat nang may dignidad, at papanatilihin ko ang tiwala ng publiko.

Pumunta ako sa California upang maglingkod sa City Year, na sumusuporta sa mga estudyante na nangailangan ng tulong. Ang karanasang iyon ang humubog sa aking paninindigan sa paglilingkod sa publiko. Pagkatapos, tinustusan ko ang sarili kong pag-aaral sa law school habang nagtatrabaho bilang server at bartender, kung saan inspirasyon ko ang tanggapan ng abugado ng distrito.

Pinapalaki ko rito ang aking tatlong anak na babae at lubos akong nagmamalasakit para sa kaligtasan ng ating lungsod.

Ipinagmamalaki kong makuha ang suporta ng Miyembro ng Asembleya na si Catherine Stefani, ng Partidong Demokratiko ng San Francisco, at ng maraming hukom, abogado, at pinuno ng komunidad, at ikararangal kong makuha ang inyong boto.

Alamin pa sa PhoebeMaffei.com

*Phoebe Maffei*

## ALEXANDRA PRAY

**Ang trabaho ko ay** Katuwang na Pampublikong Tagapagtanggol ng Lungsod at County ng San Francisco

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Ginugol ko ang aking karera sa walang humpay na pagtatrabaho upang protektahan ang mga karapatan ng mga kapwa kong taga-San Francisco, lalo na ang mga miyembro ng ating komunidad na nasa pinakalaylayan.

Ang ama ko ay retiradong pulis, at ang kanyang halimbawa ang nagbigay sa akin ng inspirasyon na ialay ang aking buhay sa pakikilahok sa mga gawaing sibiko at paglilingkod sa komunidad. Sa unang bahagi ng aking karera, tumulong ako sa mga umuupa na nahaharap sa ilegal na pagpapaalis, nagsanay ako ng mga manggagawa sa botohan upang matiyak ang malaya at patas na mga halalan, at nakipagtulungan ako sa mga tagapagtaguyod ng karapatang pantao mula sa ibang bansa.

Mula noong 2010, nagtrabaho ako sa Tanggapan ng Pampublikong Tagapagtanggol ng San Francisco, kung saan nagsagawa ako ng mahigit 50 paglilitis sa harap ng hurado. Ako rin ay nagsilbi sa Hukuman para sa Droga at Hukuman ng Hustisya ng Komunidad, nakipagtulungan sa mga hukom, mga taga-usig, at tagapagbigay ng serbisyong kalusugan upang tugunan ang mga ugat ng krimen, at isulong ang higit na kaligtasan ng publiko.

Sa mga panahong ito, madalas nating nakikita na unti-unting nababawasan o binabalewala ang mga karapatan ayon sa konstitusyon. Lalong mahalaga ngayon na maghalal tayo ng mga hukom na matatag, independiyente, at nakatuon sa pagtataguyod ng rule of law – hindi sa pagsusulong ng politikal na layunin. Tumatakbo ako upang matiyak na ipinapatupad ang batas nang pantay at patas, anuman ang mangyari.

Mga Pag-endorso (hindi kumpletong listahan):

Namamatnugot na Hukom ng Korte Superyor ng San Francisco Rochelle East*
Mga Hukom ng Korte Superyor ng San Francisco:
Michael Begert
Linda Colfax*
Carolyn Gold
Michelle Tong
Ellen Chaitin (retirado)
Mano Raju, Pampublikong Tagapagtanggol
Art Agnos, Dating Mayor
Matt Gonzalez, Dating Presidente ng Lupon ng mga Superbisor
Aaron Peskin, Dating Presidente ng Lupon ng mga Superbisor
Harvey Milk na Samahang Demokratiko na LGBTQ

*dalawang pag-endorso

www.AlexandraPray.com

*Alexandra Pray*

# Mga Kandidato para sa Lupon ng Edukasyon

## VIRGINIA CHEUNG

**Ang trabaho ko ay** Edukador sa Nonprofit / Ina.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Nanahimik ako sa buong panahon ng aking pag-aaral. Bilang mga imigrante, natuto kami nang maaga na magtago.

Sa unang araw ko sa kindergarten, nakatayo ako sa hintuan ng bus habang umiiyak. Hindi ako nagsasalita ng Ingles. Wala akong kilala.

May gurong nakapansin. Hinawakan niya ang kamay ko at sumakay kami patungo sa paaralan.

Dahil nakita niya ako noong araw na iyon, ako ang kauna-unahan sa aming pamilya na nagtapos sa kolehiyo.

Hindi nagkaroon ng ganoong pagkakataon ang nakatatanda kong kapatid. Hindi niya kailanman natanggap ang mga interbensyon na kinailangan niya at huminto siya sa pag-aaral sa mataas na paaralan.

Sa loob ng maraming taon, naniniwala ako na mapalad akong nakatanggap ng tulong. Ngayon na bilang isang ina, mas alam ko na:

hindi dapat nakadepende sa suwerte ang kinabukasan ng isang bata.

Hindi natatangi ang kuwento ng aking pamilya.

Napakaraming bata—mga nag-aaral ng wika, mga estudyanteng Black, Indigenous, at People of Color (BIPOC), at mga estudyanteng may kapansanan—ang patuloy na pinagkakaitan ng mga oportunidad na magtagumpay.

Nararapat na maging ligtas, mapansin, mapahalagahan, at mapakinggan ang bawat bata. Dapat kilalanin ng ating mga silid-aralan ang kanilang mga wika, kultura, at karanasan sa buhay.

May guro na tumulong sa akin na mahanap ang lakas ng loob na magsalita. Ngayon, lumalaban ako para magawa rin ito ng bawat bata.

Dahil sa welga ng mga edukador, nagkakaisa tayo sa pagkamit sa ating iisang layunin na magkaroon ng mga paaralan na matatag at may kumpletong kawanihan.

Panahon na para sa mga edukador at komunidad na magkaisa upang matiyak ang paghahandog ng mahuhusay na pampublikong paaralan na nararapat para sa bawat bata.

virginiacheung.com

*Virginia Cheung*

## PHIL KIM

**Ang trabaho ko ay** Presidente ng Lupon ng mga Paaralan.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Bilang dating guro ng agham sa ika-7 baitang, alam ko ang pakiramdam na tumayo sa harap ng 30 estudyante na may iba't ibang pangangailangan at iba't ibang lakas na maging responsable sa pagtulong sa bawat isa na magtagumpay. Alam ko ang kalakasan ng distrito ng paaralan ay nakasalalay sa mga silid-aralan nito.

Napakasipag na nagtatrabaho ng ating mga edukador at estudyante. Nararapat na pamunuan sila ng nakakaunawa sa kanilang mga pagsubok, nagbibigay ng malinaw na direksyon, at lumalaban upang makuha ang mga mapagkukunan na nararapat para sa kanila. Mula sa karanasan, alam ko na kapag nararamdaman ng mga guro at magulang ang suporta, nagtatagumpay ang mga estudyante.

Sa buong karera ko, mula sa silid-aralan hanggang sa antas ng distrito, at ngayon bilang Presidente ng Lupon ng mga Paaralan, hindi nagbabago ang aking layunin: na makaugnayan ang mga estudyante, masuportahan ang mga guro, at matiyak na makarating ang mga mapagkukunan sa mga batang nangangailangan ng mga ito.

Tumakbo ako para sa Lupon ng mga Paaralan dahil nakita ko ang mga desisyong nakaaapekto sa ating mga silid-aralan ay ginagawa ng mga taong hindi kailanman nagturo sa mga ito. Kailangan natin ng mga edukador sa Lupon ng mga Paaralan. Mga pinunong nakauunawa sa pagtuturo, kurikulum, at kung ano ang kailangan upang matulungan umunlad ang mga estudyante.

Nararapat na magkaroon ng mga matatag na paaralan ang ating mga magulang. Nararapat na magkaroon ng mga matibay na katuwang ang ating mga guro. At nararapat na magkaroon ang ating mga mag-aaral ng pinakamahusay na distrito ng paaralan sa bansa. Isakatuparan natin ito.

Inendorso ni:
Mayor Daniel Lurie
Senador Scott Wiener
Miyembro ng Asembleya Matt Haney
Miyembro ng Asembleya Catherine Stefani
Presidente ng Lupon ng Mga Superbisor Rafael Mandelman
Dating Superbisor Jane Kim
Dating Presidente ng Lupon ng mga Paaralan na si Jenny Lam

*Phil Kim*

# Mga Kandidato para sa Lupon ng Edukasyon

## BRANDEE MARCKMANN

**Ang trabaho ko ay** Ina ng Estudyante sa Pampublikong Paaralan.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Ipinagmamalaki ko na isa akong Ina ng estudyante sa pampublikong paaralan. Tumatakbo ako upang mabigyan ng boses ang ating mga estudyante, guro at pamilya ng paaralan na isinantabi ng labis na napulitikang lupon ng mga paaralan.

Mas nakatuon ang lupon ng mga paaralan na ito sa pagsasara ng mga paaralang pangkomunidad at pagbabawas ng mga serbisyo para sa mga bagong dating na estudyanteng imigrante kaysa sa pagbabayad sa mga guro sa tamang oras. Hindi ito katanggap-tanggap. Panahon na upang alisin ang politika at mga politiko sa ating mga pampublikong paaralan.

Lumaki ako sa isang maliit na bukid sa Iowa kung saan natutunan ko ang halaga ng mga matatag na komunidad. Isa rin akong dating guro ng Ingles bilang pangalawang wika (ESL), at sa kasalukuyan isa akong Ina ng estudyante sa pampublikong paaralan. Nakikita ko kung paano pinagkakaisa ng ating mga pampublikong paaralan ang mga tao. Iyon ang dahilan kung bakit kasama ako sa pagtatatag ng San Francisco Education Alliance upang maisaayos ang mga pamilya ng paaralan at maisulong ang pampublikong edukasyon. Matagumpay naming napigilan ang pagtatangka ng lupon ng mga paaralan na ipasara ang 13 paaralan sa komunidad. Ngunit ngayon, gumagastos pa rin ng milyun-milyon ang mga bilyonaryo mula sa ibang estado upang gawing pribado ang ating mga pampublikong paaralan dito sa San Francisco.

Bilang miyembro ng lupon ng mga paaralan gagawin ko ang:

- Protektahan ang ating mga paaralan sa komunidad
- Panatilihin maliit ang bilang ng mga estudyante sa silid-aralan
- Bayaran nang tama at sa oras ang mga guro

Sa pamamagitan ng pagsuporta sa lahat ng ating mga pamilya sa paaralan, mapipigilan natin ang pambansang pag-atake sa edukasyon at magkaisa bilang mga taga-San Francisco.

*Brandee Marckmann*

# Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 2

## LORI BROOKE

**Ang aking trabaho ay** Presidente ng Organisasyong Pangkomunidad.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
- Ikatlong henerasyon na taga-San Francisco – Ipinagmamalaking pinalaki ang aking dalawang anak na babae sa Distrito 2.
- Presidente, Cow Hollow Association – 19 na taon ng direkta at aktibong pagtatrabaho para sa mga gawaing para sa kaligtasan ng publiko, malilinis na kalye, mga komunidad na mabuti para sa mga pamilya, at mga usaping nauukol sa kalidad ng buhay.
- Kasamang Tagapagtatag, RescueSF – Nag-aadbokasiya para sa matitipid at gumagamit ng sentido kumon na mga solusyon sa kawalan ng tahanan.
- Kasamang Tagapagtatag, Neighborhoods United SF – Pinagkakaisa ang mga taga San Francisco sa kabuuan ng lungsod upang mahigpit na hilingin ang responsable at nakabase sa komunidad na pagpaplano para sa kinabukasan ng ating lungsod.

Bilang Superbisor, ako ay:
- Magdadala sa City Hall ng malayang tinig na inuuna ang mga residente.
- Magtatayo ng pabahay para sa mga nagtatrabaho at susunod na henerasyon ng mga taga-San Francisco nang hindi winawasak ang lungsod na minamahal natin.
- Magbibigay ng suporta sa mga tagapagpatupad ng batas at nang sa gayon, matigil ang mga krimen at mapanagot ang mga lumalabag sa mga batas ukol sa pagnanakaw at karahasan, at matiyak na nararamdaman ng mga residente ang kanilang kaligtasan.
- Magbibigay-lakas sa lokal na maliliit na negosyo at pauunlarin ang mga ito, na siyang gulugod ng ating mga komunidad at ng lokal na ekonomiya.

Iniendorso ako ng mga namumuno sa pampublikong kaligtasan at mga komunidad, kasama na sina:
- Michela Alioto-Pier, Dating Superbisor ng Distrito 2
- Hukom Quentin Kopp (retirado), Dating Senador ng Estado at Superbisor
- Komander ng SFPD Richard Correia (retirado)
- Tinyente ng SFPD Rich Goss (retirado)
- Brooke Sampson, Dating Presidente, Cow Hollow Association
- Alan Silverman, Dating Presidente, Marina Community Association
- Daniela Kirshenbaum, Dating Miyembro ng Lupon, Pacific Heights Residents Association
- Phil Faroudja, Presidente, Golden Gate Valley Neighborhood Association
- Kathy Devincenzi, Presidente, Laurel Heights Improvement Association
- Charles Head, Dating Presidente, Coalition for San Francisco Neighborhoods

Ikararangal kong makuha ang inyong boto.
www.loribrooke.com

Inilista ang mga titulo at kinabibilangang organisasyon para lamang sa mga layunin ng identipikasyon.

*Lori Brooke*

## STEPHEN SHERRILL

**Ang aking trabaho ay** Itinalagang Miyembro, Lupon ng mga Superbisor.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Stephen Sherrill, Superbisor ng Distrito 2

“Panatilihing sumusulong ang San Francisco. Iboto si Stephen Sherrill.” - Mayor Daniel Lurie

Paangat na ang San Francisco dahil tumigil na tayo sa mga pagdadahilan at nakatuon na sa mga resulta. Nagtatrabaho ako araw-araw upang mapakinggan ang ating komunidad, maihatid ang mga batayang pangangailangan, at matulungan ang San Francisco na makamit ang lahat ng maaari nitong makamit – ligtas na mga kalye, abot-kayang mga tahanan, masisiglang negosyo sa mga komunidad na mabuti sa mga pamilya, magagandang trabaho, at mahuhusay na paaralan para sa lahat.

Bilang Superbisor, pagtutuunan ko ang kaligtasan ng publiko at ang pang-araw-araw na mga pangangailangan ng ating mga komunidad. Narito ang mga naihatid na natin:

- Pagdaragdag sa nagpapatrolyang mga pulis upang mabawasan ang mga krimen
- Pagpapatibay sa pagtugon ng 911 sa droga na malapit sa mga paaralan
- Pagpapatigil sa mga pagbabawas sa pulisya, pagtugon sa sunog, paglilinis sa mga kalye
- Paglulunsad sa Safe Gun Storage Initiative (Inisyatiba sa Ligtas na Pag-iimbak ng mga Baril) ng SF
- Pagtatanggol sa Planned Parenthood (Nakaplanong Pagkamagulang) laban sa mga banta ng ekstremismo
- Pagsuporta sa mga solusyon sa pabahay upang higit na maging abot-kaya ito
- Pagtutol sa Safeway Skyscraper sa Marina
- Pagpapababa sa mga gastos sa pagsisimula ng negosyo para sa bagong mga tindahan sa Fillmore, Union
- Pagsusulat ng batas upang mas mabilis na mapunan ang bakanteng mga tindahang nasa unang palapag ng mga gusali sa Van Ness

Bilang ama na nagpapalaki ng mga anak dito at bilang dating Direktor ng Mayor’s Office of Innovation (Opisina ng Mayor na Nauukol sa mga Bagong Ideya at Gawain para sa Pagpapaunlad ng mga Serbisyo), alam ko kung ano ang kailangan natin mula sa City Hall. Hindi ang pagtatalo ukol sa maliliit na bagay o paglingon sa nakaraan – kundi ang pagtutuon ng pansin at pagsubaybay at nang maging #1 lugar ang San Francisco para sa pagsisimula, pananatili, at pagkakaroon ng kinabukasan ng mga pamilya at negosyo.

Mga Pag-eendorso:

- Mayor Daniel Lurie
- Sierra Club
- NorCal Carpenters Union
- Regan Caponi, Presidente, Union Street Association*

*Para lamang sa layunin ng identipikasyon ang mga titulo

At marami pang iba na nasa VoteStephenSherrill.com!

*Stephen Sherrill*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling pagbaybay at gramatika.

# Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 4

## ALBERT CHOW

**Ang aking trabaho ay:** May-ari ng Tindahan ng Hardware.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Ako ay 50 taon na residente ng Sunset, pinalaki at ipinasok ko ang aking mga anak sa parehong pampublikong paaralan na pinasukan ko sa komunidad.

Isa ako sa mga nagtatag ng People of the Parkside Sunset (Mga Taumbayan ng Parkside Sunset) upang mapalakas ang aming komunidad sa pamamagitan ng pagtataguyod ng mga pulong ng komunidad, at sa gayon, manatiling may impormasyon ang mga residente, masuportahan ang mga negosyante, at makalikha ng itinatanging mga pagtitipon ng komunidad tulad ng mga gabi para sa panonood ng pelikula sa labas ng gusali.

Pinangunahan ko ang mga laban upang mapanatili ang Great Highway Compromise at mapaalis sa katungkulan si Superbisor Joel Engardio noong hindi niya tayo pinakinggan. Palagi akong nasa panig ng mga botante ng Sunset.

Kamakailan lamang, ang Great Wall Hardware – na itinatag ng aking mga magulang noong 1983 – ay sinunog ng arsonista. Ginugol ko ang nakaraang dalawang taon sa pagtatayong muli ng pamana ng aking pamilya. Tulad ng aking tindahan, wasak at hiwa-hiwalay na ang ating distrito. Itatayo ko itong muli at pagkakaisahin ang lahat.

Bilang inyong Superbisor, lalaban ako upang:

- Makumpleto ang kawanihan ng ating Police Department (Departamento ng Pulisya) at nang mapanatili ang ating kaligtasan.
- Makalikha ng kinakailangang pabahay nang hindi nawawalan ng lugar ang mga residente at pamilya na uring manggagawa.
- Makatulong sa pagpapasimula at pagpapaunlad ng maliliit na negosyo habang sinusuportahan ang ating lokal na mga establisamyento.
- Makibaka tungo sa pagpapanumbalik sa Great Highway compromise.
- Masuportahan ang lokal na mga paaralan at nang matiyak na makukuha ng susunod na henerasyon ang edukasyong nararapat na mapasakanila.
- Makapagdagdag ng kinakailangang imprastruktura na tulad ng mga serbisyong pang-emergency, paradahan, at mga hakbang para sa kaligtasan sa trapiko.

Mga Nag-endorso:

- Demokratikong Samahan ng mga Tsino Amerikano
- Richard Corriea, Komander ng SFPD (retirado)
- Peter Walsh, Komander ng SFPD (retirado)
- Liam Reidy, Presidente ng United Irish Cultural Center
- Wei Rapaport, May-ari ng Qiao Ji Mandarin Language School

www.albertchowsf.com

*Albert Chow*

## NATALIE GEE

**Ang aking trabaho ay** Katulong na Pambatasan.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Tumatakbo ako upang matiyak na bibigyan ng prayoridad ang nagtatrabahong mga pamilya at ordinaryong mga mamamayan sa City Hall.

Nagsimula ang aking aktibismo sa pagkabata, noong nagsasalin pa ako ng Ingles tungo sa Cantonese at nang maintindihan ng aking ina kung ano ang nangyayari sa mga pulong sa komunidad. Nagtapos ako sa Lowell High School dito sa Sunset at ginugol ko ang 20+ taon sa aking karera nang nakikipaglaban para sa ating mga komunidad.

Tumatakbo ako upang:

- Mapondohan ang epektibong mga estratehiya para sa kaligtasan ng publiko, kung saan palalabasin ang mga pulis sa kanilang mga kotse at papupuntahin sa mga kalye.
- Makapagtayo ng pabahay nang hindi winawasak ang ating mga komundad at hindi nawawalan ng lugar ang bulnerableng mga residente.
- Maibalik ang kompromisong gumagamit ng sentido kumon sa Great Highway.
- Maprotektahan ang mga bata at matatanda sa pamamagitan ng paggawa sa ating distrito bilang pinakaligtas para sa mga naglalakad.
- Mailigtas ang ating sistema ng pampublikong transportasyon at mapanatili ang mga tren at bus na ligtas, madalas na tumatakbo, at mahuhusay.
- Mamuhunan sa takdang mga lugar sa pagnenegosyo sa ating komunidad at matulungan ang maliliit na negosyo na umunlad.

Taglay ko ang karanasan at kaalaman sa pagtiyak na gagana ang gobyerno para sa lahat, ang kasaysayan ng pag-oorganisa sa komunidad na palaging nagbibigay ng prayoridad sa nagtatrabahong mga pamilya at ang paninindigan upang labanan ang mga may espesyal na interes at nang mailagay sa unahan ang mga pangangailangan ng mga residente ng D4.

Ito ang mga dahilan kung bakit sinusuportahan ako nina:

Gordon Mar
Connie Chan
Myrna Melgar
Shamann Walton
Chyanne Chen
Bevan Dufty
Hukom Julie Tang
Hukom Lillian Sing
IFPTE Local 21

www.VoteNatalieGee.com
IG: @nataliegee.sf

*Natalie Gee*

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling pagbaybay at gramatika.

# Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 4

## JEREMY JULIAN GRECO

**Ang aking trabaho ay** Tagapag-ugnay sa Kampus / Manunulat o Tagaganap ng Monologo.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Ako si Jeremy Julian Greco, isang tapat na ama at asawa, at 25 taon nang residente ng komunidad ng Outer Sunset. Naiintindihan ko ang mga pakikibaka ng nagtatrabahong mga pamilya dahil pinalaki ako ng batang ina. Nagtapos ako sa SF State at naglingkod bilang kapwa may-ari ng Other Avenues Cooperative sa loob ng 16 na taon, at kasalukuyan akong nagtatrabaho bilang Tagapag-ugnay sa Kampus. Nagtapos ang aking mga anak na babae sa Sunset Cooperative Nursery School. Bilang manunulat o tagaganap ng monologo at prodyuser ng Sunset Solos theater, dinadala ko sa harapan ang boses ng komunidad.

Tumatakbo ako upang maging Superbisor at nang Magkaroon Muli ng Tiwala sa Paraan ng Sunset — sa pamamagitan ng katapatan at pananagutan. Ang una kong prayoridad ay ang permanenteng pagprotektahan ang Sunset Dunes. Nakatuon din ang aking plataporma sa mga sumusunod: Pagiging Abot-kaya ng Halaga at Pagiging Matatag ng Pabahay, kung saan bibigyan ng prayoridad ang mga nangungupahan at pananatilihin ang naririyan nang mga tahanan; pagpapasimula ng Mga Solusyon para sa Pangangalaga sa Matatanda sa pamamagitan ng pagpa-partner sa mga estudyante ng nursing sa SF State sa mga pamilyang nangangailangan ng pangangalaga sa matatanda; at pagsuporta sa mga kooperatibang pagmamay-ari ng mga manggagawa upang maprotektahan ang lokal na mga negosyo. Makikipaglaban ako upang mapunan ang kakulangan ng suporta na ikinabigo na ng maraming pamilya sa Sunset. Panahon na upang maghalal ng Superbisor na tunay na namuhay nang nakikibaka bilang bahagi ng nagtatrabahong mga pamilya ng Distrito 4 at Magtatag ng Mas Mahusay na Sunset.

www.jeremygreco2026.com

*Jeremy Julian Greco*

## DAVID E. LEE

**Ang aking trabaho ay** Edukador.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Kailangan ng Sunset ng malayang tinig sa City Hall!

Bilang may-ari ng tahanan sa Sunset, habambuhay na Taga-San Francisco na nasa kanlurang bahagi, at edukador, palagi kong uunahin ang mga pangangailangan ng ating mga residente. Lalaban ako upang kumatawan para sa inyo sa City Hall at matugunan ang mga bagay na pinaka-nagdudulot sa inyo ng pag-aalala.

- Muling bubuksan ang Great Highway: Sa aking unang araw, ibabalik ko ang kompromiso sa balota. Mula Lunes hanggang Biyernes, kailangang pumasok ng mga indibidwal sa trabaho at paaralan. Tuwing Sabado at Linggo, puwede na itong bumalik sa pagiging parke.
- Pabahay: Tutol ako sa Family Zoning Plan. Napakarami nang mga residente ang naitutulak palabas ng lungsod. Sinusuportahan ko ang pagkakaroon ng mas maraming opinyon mula sa komunidad ukol sa malalaking pagdedesisyon sa pabahay. Poprotektahan ko ang ating mga komunidad at magtatayo ako ng abot-kayang pabahay nang may suporta ng komunidad. Hindi natin kailangan ng hindi na makontrol na pagpapalawak na nagbabanta ng pagkawasak sa ating komunidad.
- Kaligtasan ng Publiko: Habang ang downtown ang nakakukuha ng karamihan sa atensiyon, makikipaglaban ako upang magkaroon ng mas maraming mapagkukunan sa Sunset at nang sa gayon, manatiling ligtas ang mga residente at maliliit na negosyo. Gusto ko ng mas maraming kawani sa ating estasyon ng pulis at nang magkaroon tayo ng mas mabilis na mga pagtugon.

Pakisamahan sina Senador ng Estado ng California at Hukom ng San Francisco Quentin Kopp, Hukom ng San Francisco Lillian Sing (retirado), Hukom ng San Francisco Julie Tang (retirado), at Hukom ng San Francisco Alfred Knoll (retirado), at iboto si David Lee bilang Superbisor ng Distrito 4.

www.DavidLeeForSupervisor.com

*David E. Lee*

# Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 4

## ALAN WONG

**Ang aking trabaho ay** Itinalagang Miyembro, Lupon ng mga Superbisor / Komander ng Militar.

**Ang aking mga kuwalipikasyon ay:**
Ang Sunset ang minamahal kong komunidad at ang tanging tahanan na nakilala ko. Pinakamalaking karangalan ng aking buhay na makapaglingkod bilang inyong itinalagang Superbisor ng Distrito 4 sa komunidad kung saan ako ipinanganak at pinalaki.

Bilang anak na lalaki ng mga imigrante at produkto ng Hoover Middle School, Lincoln High School, City College of San Francisco, at ng University of San Francisco, may personal akong itinataya sa ating mga paaralan. Bilang Presidente ng City College Board (Lupon ng Kolehiyo ng Lungsod), pinanatili kong libre ang City College, binalanse ang badyet, tinanggal ang utang ng mga estudyante, at iniligtas ang mga programa sa Cantonese na wika.

Bilang direktor ng polisiya ng Children's Council of San Francisco, pinamunuan ko ang laban upang mapanatiling abot-kaya ang pangangalaga ng bata at nang magawa ng mga pamilya na manatili sa San Francisco. Ipinaglaban ko ang mga karapatan at kaligtasan ng mga manggagawa bilang taga-organisa ng unyon. Sa National Guard, tinugunan ko ang mabilis na kumakalat na mga sunog sa California, natural na mga kalamidad, at mga banta sa ating demokrasya.

Ang aking mga prayoridad ay:

- Pagkumpleto sa kawanihan ng San Francisco Police Department.
- Pagbabawas sa red tape o labis-labis na mga patakaran at burukrasya upang gumana ang gobyerno para sa mga residente at maliliit na negosyo.
- Paglikha ng mas ligtas at mas malilinis na kalye.
- Muling pagbubukas sa Great Highway,
- Pagiging mabuti ng San Francisco sa mga pamilya.

Mga Pag-endorso:

Mayor Daniel Lurie
Ingat-Yaman ng Estado Fiona Ma
Tenyente Gobernadora Eleni Kounalakis
Kontroler ng Estado Malia Cohen
Miyembro ng Kongreso Kevin Mullin
Miyembro ng Asembleya ng Estado Catherine Stefani
Mga Siyerip Paul Miyamoto at Vicki Hennessy
Lupon ng mga Superbisor ng San Francisco: Stephen Sherrill, Bilal Mahmood, Matt Dorsey, Myrna Melgar, Rafael Mandelman, Chyanne Chen
Tagapangulo ng Partidong Demokratiko ng San Francisco Nancy Tung
Samahan ng mga Pulis ng San Francisco

www.alanwong.com

*Alan Wong*

# Impormasyon Tungkol sa mga Lokal na Panukala at mga Argumento

**Alinsunod sa lokal na batas, ang pamplet na ito ay naglalaman ng mga sumusunod na impormasyon kaugnay ng mga lokal na panukalang nasa balota:**

1. Ang pagkakakilanlan ng bawat panukala ayon sa titik at pamagat,
2. Pahayag o tanong ng Abugado ng Lungsod,
3. Ang buod (digest) mula sa Komite sa Pagpapagaan ng Balota,
4. Ang pagsusuring pinansyal ng Kontroler,
5. Isang paliwanag kung paano naging kuwalipikado ang panukala upang maisama sa balota,
6. Mga argumento na isunumite sa Departamento,
7. Ang mga legal na teksto ng bawat panukala ay kasama sa Ingles na bersyon ng Pamplet ng Impormansyon para sa Botante, at
8. Anumang karagdagang impormasyon na hinihingi ng San Francisco Municipal Elections Code (SFMEC) §500

**Maaaring ibigay ang mga sumusunod na argumento para sa lokal na panukalang nasa balota:**

1. Isang argumento ng tagapagtaguyod na pinili alinsunod sa SFMEC §545 at ililimbag ng walang bayad,
2. Isang argumento mula sa tumututol na pinili alinsunod sa SFMEC §545 at ililimbag ng walang bayad,
3. Isang pagsagot o rebuttal sa bawat panukala ng tagapagtaguyod o argumento ng mga tumututol, na pinili alisunod sa SFMEC §550 at ililimbag ng walang bayad.
4. Anumang bayad na argumento, na isinumite alinsunod sa SFMEC §555-570, ay masasasama lamang sa Ingles na bersyon ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante. (Lahat ng mga argumentong bayad na pabor sa isang panukala ay magkakasamang ililimbag, kasundod ng lahat ng argumentong tumututol sa panukalang iyon. Lahat ng mga argumento ay pawang mga opinyon ng kanilang mga may-akda at naililimbag ayon sa pagkakasumite, kabilang ang anumang kamalian sa pag-type, pagbabaybay, o gramatika). Para sa mga salin, bisitahin ang sfelections.gov/vip o tumawag sa (415) 558-6104.

# Ang Komite sa Pagpapasimple ng Balota

Ang Komite sa Pagpapasimple ng Balota ang sumusulat ng mga buod ng mga lokal na panukalang nasa balota. Inililimbag namin ang kanilang mga pinal na buod sa Pamplet ng Impormasyon para sa Botante. Kabilang sa mga kasalukuyang miyembro ng Komiteng ito:

**Betty Packard**, Tagapangulo
Iminungkahi ng Pambansang Akademya ng Sining at Agham ng Telebisyon

**Ruth Grace Wong**
Iminungkahi ng Liga ng mga Babaeng Botante

**Pamela Troy**
Iminungkahi ng Pambansang Akademya ng Sining at Agham ng Telebisyon

**Michele Anderson**
Iminungkahi ng Samahan ng mga Manggagawa sa Media sa Pasipiko

**Ana Flores**, batay sa katungkulan*
Katuwang ng Abugado ng Lungsod

**Michael Gerchow**, batay sa katungkulan*
Katuwang ng Abugado ng Lungsod

*Ayon sa batas, ang Abugado ng Lungsod o mga kinatawan mula sa Tanggapan ng Abugado ng Lungsod ay maaaring magsalita sa mga pulong ng Komite ngunit hindi maaaring bumoto.

# Mga Salitang Dapat Mong Malaman

## Mula sa Komite sa Pagpapasimple ng Balota

**Amyendahan:** Baguhin.

**Bond:** Ang bond ay isang pangako ng Lungsod na bayaran ang perang inutang, nang may kasamang interes, pagsapit ng isang partikular na petsa. Kung kailangan ng Lungsod na makalikom ng malaking halaga ng pera para sa pagpapagawa ng silid-aklatan, linya ng alkantarilya, paaralan, ospital, o iba pang proyekto o programa, puwede itong mangutang sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga bond. (Tingnan din ang "General Obligation Bond")

**Karta:** Ang Karta o Tsarter ay ang Konstitusyon ng Lungsod na pinagtibay ng mga botante ng San Francisco, na nauugnay sa kung paano namamalakad sa Lungsod. Mababago lang ang Karta sa pamamagitan ng mayorya ng mga boto sa San Francisco.

**Komite sa Pagsubaybay ng Mga Mamamayan sa General Obligation Bond:** Ang Komite sa Pagsubaybay ng Mga Mamamayan sa General Obligation Bond ay isang lupon na may siyam na miyembro, na sumusubaybay sa paggamit sa pondong nalilikom ng Lungsod sa pamamagitan ng pag-iisyu ng Mga General Obligation Bond. Ang mga miyembro ng komiteng ito ay itinalaga ng Alkalde o Mayor, Lupon ng Mga Superbisor, Kontroler, at Sibil na Dakilang Lupon ng Mga Tagahatol.

**Mga Pasilidad para sa Pagresponde sa Sakuna:** Mga lokasyong may kagamitan at inorganisa para suportahan ang mga pang-emergency na operasyon habang may at pagkatapos ng isang sakuna. Nagbibigay ang mga ito ng espasyo, mga mapagkukunan, at kakayahan sa koordinasyon para sa mga unang tagaresponde, ahensya ng pamahalaan, at katuwang sa komunidad para mapamahalaan ang mga aktibidad sa pagresponde, mabigyan ng matitirhan ang mga apektadong populasyon, at maibalik ang mga kinakailangang serbisyo.

**Pang-emergency na Sistema ng Tubig para sa Pag-apula ng Apoy:** Ang Pang-emergency na Sistema ng Tubig para sa Pag-apula ng Apoy (Emergency Firefighting Water System, EFWS) ay isang sistema para sa supply ng tubig na nakalaan sa pag-apula ng apoy. Ang EFWS ay binubuo ng humigit-kumulang 135 milya ng high-pressure na linya ng tubo at mga hydrant na kumukuha ng tubig sa mga sumusunod na pasilidad: sa Twin Peaks Reservoir, na mga storage tank na nasa Ashbury Heights at Jones Street, at sa dalawang istasyon ng bomba ng tubig na nasa baybayin ng Lungsod. Makakakita sa istasyon ng bomba ng tubig ng ilang bomba na pinapatakbo ng diesel na naghahatid ng tubig mula sa mga imbakan ng tubig o sa San Francisco Bay patungo sa EFWS. Pinapalawak ng Lungsod ang sistema para magsama ng mga bagong pasilidad at imprastruktura para sa pag-iimbak ng tubig sa mga komunidad na nasa kanluran at timog na bahagi ng San Francisco.

**General Obligation Bond:** Isang pangakong iniisyu ng lupon ng pamahalaan na bayaran ang perang inutang, nang may kasamang interes, nang paunti-unti bago sumapit ang isang partikular na petsa. Babayaran ng lupon ng pamahalaan ang inutang, nang may kasamang interes, sa pamamagitan ng mga buwis sa ari-arian o amilyar at magagawa nito, kung kinakailangan, na taasan ang mga buwis sa ari-arian para mabayaran ang bond.

**Kabuuang Natanggap:** Ang kabuuang halaga ng perang natatanggap ng isang negosyo para sa mga produkto at serbisyo nito.

**Buwis sa Kabuuang Natanggap:** Isang buwis na nakabatay, sa pangkalahatan, sa kabuuang natatanggap ng isang negosyo sa San Francisco.

**Namamahalang Empleyado na May Pinakamataas na Sahod:** Ang empleyado o opisyal na may responsibilidad na mamahala sa isang negosyo, na nakatanggap ng pinakamalaking kabayaran sa isang taon ng buwis.

# PANGKALAHATANG-IDEYA SA UTANG NG SAN FRANCISCO

## ANO ANG PAGPOPONDO GAMIT ANG BOND?

Ang pagpopondo gamit ang bond ay isang pangmatagalang estratehiya sa pangungutang na ginagamit para makalikom ng pera para sa malalaking proyekto gaya ng mga istasyon ng bumbero at pulisya, abot-kayang programa sa pabahay, ospital, silid-aklatan, parke, at iba pang pasilidad ng lungsod. Nakakatanggap ang Lungsod ng pera upfront sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga bond sa mga mamumuhunan. Pagkatapos, kalaunan, ibinabalik ng Lungsod sa mga mamumuhunan na iyon ang orihinal na inutang na halaga nang may kasamang interes. Dahil nagbibigay ang malalaking proyekto ng benepisyo sa publiko na tumatagal nang maraming taon, sa pagpopondo gamit ang bond, nagagawa ng Lungsod at ng mga nagbabayad dito ng buwis na bayaran ang benepisyong iyon sa loob ng kapaki-pakinabang na buhay ng nasabing permanenteng pagpapahusay, sa halip na minsanang magbayad ng posibleng malalaking halaga sa dolyar.

**Mga Uri ng Mga Bond.** May dalawang pangunahing uri ng mga bond – Mga General Obligation Bond at Revenue Bond.

**Ang Mga General Obligation Bond** na iniisyu ng Lungsod ay dapat maaprubahan ng mga botante. Nag-iisyu ang Lungsod ng mga general obligation bond para mabayaran ang malalaking proyekto na mapapakinabangan ng mga mamamayan ng Lungsod. Kapag may mga naaaprubahan at naibebentang general obligation bond, binabayaran ang mga ito sa pamamagitan ng mga buwis sa ari-arian.

**Ang Mga Revenue Bond** ay ginagamit sa pagbabayad ng malalaking proyekto, gaya ng malalaking pagpapahusay sa isang paliparan, sistema ng tubig, garahe, o iba pang malaking pampublikong pasilidad na kumikita, na puwedeng ipangako na pambayad sa debt service. Kapag may mga naaaprubahan at naibebentang revenue bond, sa pangkalahatan, binabayaran ang mga ito mula sa mga kitang nalilikom sa mga proyektong pinopondohan ng bond (hal. mga bayarin sa paggamit o parking). Sa ilalim ng Charter ng Lungsod, dapat maaprubahan ng mga botante ang mga revenue bond, ayon sa ilang partikular na pagbubukod. Halimbawa, ang mga iniisyung revenue bond para magpondo ng malalaking proyekto sa Munisipal na Ahensya ng Transportasyon (Municipal Transportation Agency, MTA), Komisyon sa Mga Pampublikong Utilidad ng San Francisco (San Francisco Public Utilities Commission, SFPUC), Daungan, o Paliparan at tinutustusan sa pamamagitan ng kita ng bawat departamento ay hindi nangangailangan ng pag apruba ng mga botante.

## MAGKANO ANG NAGAGASTOS SA PANGUNGUTANG?

Ang magagastos ng Lungsod sa pangungutang ay nakadepende sa uutanging kabuuang halaga sa dolyar, rate ng interes ng uutanging halaga, at bilang ng mga taon ng pagbabayad sa utang. Sa tuwing nag-iisyu ng bond ang Lungsod, kadalasan, binabayaran ang inutang na halaga sa loob ng 20 hanggang 30 taon. Kung ipagpapalagay na 6% ang average na rate ng interes, ang magagastos sa pagbabayad sa utang sa loob ng 20 taon ay humigit-kumulang $1.74 para sa bawat inutang na dolyar – $1 para sa inutang na halaga at 74 na sentimo para sa interes. Gayunpaman, ginagawa ang mga pagbabayad na ito sa loob ng 20 taon. Kaya naman, dahil gagawin ang mga pagbabayad sa hinaharap gamit ang mga dolyar na may mas mababang halaga, nababawasan sa inflation ang epektibong magagastos sa pangungutang. Halimbawa, kung 4% ang taunang rate ng inflation, ang magagastos sa pagbabayad ng utang sa halaga ng dolyar sa kasalukuyan ay $1.18 para sa bawat $1 na inutang.

## ANG KASALUKUYANG SITWASYON SA PANGUNGUTANG NG LUNGSOD

**Mga Pagbabayad ng Utang.** Sa taon ng pananalapi 2025-2026, humigit-kumulang $678 milyon ang naging badyet ng mga nagbabayad ng buwis sa ari-arian sa Lungsod para sa pagbabayad ng prinsipal at interes sa mga hindi pa bayad na general obligation bond ng Lungsod at sa iba pang nag-isyu ng utang na general obligation bond—ito ang Bay Area Rapid Transit District (BART), Distrito ng Kolehiyo sa Komunidad ng San Francisco (San Francisco Community College District, SFCCD), at Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng San Francisco (San Francisco Unified School District, SFUSD). Ang neto na rate ng buwis sa ari-arian para sa taon para matugunan ang mga kinakailangan sa utang ay 18.27 sentimo para sa bawat $100 tinasang halaga, o tinatayang $1,266 sa isang bahay na natasa sa $700,000, na nagreresulta sa $7,000 na exemption sa may-ari ng bahay.

**Legal na Limitasyon sa Utang at Responsableng Pangangasiwa ng Utang.** Nagtatakda ang Charter

ng limitasyon sa halaga ng mga puwedeng maging general obligation bond na hindi pa bayad ng Lungsod sa isang partikular na tagal ng panahon. Ang limitasyon ng Charter ay 3% ng tinasang halaga ng nabubuwisang ari-arian sa Lungsod—o humigit-kumulang $10.7 bilyon sa kasalukuyan—at binibigyan ng mga botante ang Lungsod ng pahintulot na mag-isyu ng mga bond na nasa limitasyong ito. Ang mga naisyu nang bond na hindi pa nababayaran ay itinuturing na hindi pa bayad. Hanggang Disyembre 31, 2025, $2.7 bilyon ang hindi pa bayad na general obligation bond ng Lungsod, na humigit-kumulang 0.75% ng tinasang halaga ng Lungsod para sa taon ng pananalapi 2025-26. May karagdagang $1.2 bilyong general obligation bond ng Lungsod na awtorisado na pero hindi pa naiisyu. Kung naisyu at hindi pa bayad ang mga bond na ito, ang kabuuang utang na dapat bayaran ay 1.1% ng natasang halaga ng nabubuwisang ari-arian.

Ang mga bond na iniisyu ng BART, SFCCD, at SFUSD ay hindi nakakadagdag sa utang na dapat bayaran ng Lungsod para sa mga layunin ng limitasyon ng Charter. Gayunpaman, binabayaran ang mga bond na ito mula sa base ng buwis sa ari-arian na pareho sa mga general obligation bond ng Lungsod. Bukod pa rito, bagama't puwedeng magbago ang pangkalahatang rate ng buwis sa ari-arian batay sa ilang salik, ang kasalukuyang patakaran sa pangangasiwa ng utang ng Lungsod ay panatilihin ang rate mula sa mga iniisyung bond ng Lungsod nang mas mababa sa rate ng buwis sa ari-arian noong 2006 sa pamamagitan ng pag-iisyu ng mga bagong bond habang nagreretiro ang mga dating bond at lumalaki ang base ng buwis. Ang patakarang ito ay naaangkop lang sa mga general obligation bond na iniisyu ng Lungsod, at hindi sa iniisyu ng iba pang pamahalaan gaya ng BART, SFCCD, at SFUSD.

Bagama't pasok ang Lungsod sa legal na limitasyon nito sa utang para sa pag-iisyu ng mga bagong general obligation bond, puwedeng magsaalang-alang ang mga ahensya sa pag-rate ng bond ng ilan pang salik sa pagtatasa sa kung paano nakakaapekto ang hindi pa bayad na utang ng Lungsod sa pangkalahatang pinansyal na katayuan nito. **Patuloy na susubaybayan ng Lungsod ang debt profile nito para magtakda ng mga patakaran at prayoridad para sa mga debt issuance sa hinaharap at mapanatili ang maganda nitong rating sa credit.**

## PAGSUBAYBAY NG MGA MAMAMAYAN SA MGA GENERAL OBLIGATION BOND

Dapat ay maaprubahan ng mga botante ang layunin at halaga ng perang uutangin sa pamamagitan ng mga bond. Sa mga layunin lang na naaprubahan ng mga botante dapat gastusin ang pera na mula sa mga bond.

Para sa mga general obligation bond na iniisyu ng Lungsod at County ng San Francisco, sinusuri at iniuulat ng Komite ng Mga Mamamayan sa Pagsubaybay ng General Obligation Bond ang paggasta sa pera na mula sa mga bond. Ang siyam na katungkulan sa Komite ay itinatalaga ng Mayor, Lupon ng Mga Superbisor, Kontroler, at Sibil na Dakilang Lupon ng Mga Tagahatol. Kung matutukoy ng Komite na ginastos ang pera na mula sa mga bond sa mga layuning hindi naaprubahan ng mga botante, puwedeng mag-atas ang Komite ng pagkilos para sa pagwawasto at ipagbawal nito ang pagbebenta ng anumang awtorisado pero hindi pa naiisyung bond hanggang sa maisagawa ang nasabing pagkilos. Puwedeng bawiin ng Lupon ng Mga Superbisor ang mga pasya ng komite sa pamamagitan ng two-thirds na boto. Puwedeng i-audit ng Kontroler ang alinman sa mga paggasta ng bond ng Lungsod.

Inihanda ni *Greg Wagner*, Kontroler

 38-FI-J26-CP32

# Proposisyon A – Bond para sa Kaligtasan mula sa Lindol at sa Pagtugon sa Emergency

| | |
|---|---|
| OO | ◯ |
| HINDI | ◯ |

**BOND NG SAN FRANCISCO PARA SA KALIGTASAN MULA SA LINDOL AT PAGTUGON SA EMERGENCY, 2026. Upang mapabuti ang pagtugon sa sunog, lindol, at emergency sa pamamagitan ng pagbabago ng mga istruktura para sa kaligtasan, pagpapahusay, pagpapalawak, pagtatayo o pagbubuo, at/o pagpapalit ng nasisira nang tubo, lagusan, at kaugnay na mga pasilidad, at nang sa gayon, matiyak na makakukuha ang mga bumbero ng sapat na tubig para malabanan ang sunog na bunga ng malaking sakuna o emergency; hindi ligtas o nasisira nang mga pasilidad para sa pagtugon sa emergency, kasama na ang mga estasyon ng mga bumbero sa komunidad, mahahalagang pasilidad ng transportasyon at mga pasilidad para sa kaligtasan ng publiko; at upang mabayaran ang kaugnay na mga gastusin, dapat bang pagtibayin ang paglalabas ng Lungsod at County ng San Francisco ng general obligation bonds na nagkakahalaga ng $535,000,000 na tatagal nang hanggang 30 taon mula sa panahon ng paglalabas sa mga ito, at may tinatayang panggitnang halaga ng buwis na $7.45/$100,000 ng natasang halaga ng ari-arian at tinatayang karaniwan na taunang kita na $35,900,000, kung saan mapasasailalim ito sa independiyenteng pangangasiwa ng mga mamamayan at regular na pag-o-audit? Kasalukuyang polisiya ng Lungsod sa pamamahala ng utang ang pagpapanatili sa halaga ng amilyar o property tax para sa general obligation bonds na mas mababa sa halaga ng buwis noong 2006 sa pamamagitan ng paglalabas ng bagong bonds habang inireretiro ang mas matatandang bonds at dumarami ang maaaring buwisan, bagamat posibleng mag-iba-iba ang halaga ng amilyar na ito batay sa iba pang salik.**

**Kinakailangan ng panukalang ito ng 66 2/3% botong oo para maipasa.**

## **Buod** mula sa Komite sa Pagpapasimple ng Balota

**Ang Nangyayari Ngayon:** Ang Lungsod ang nagmamay-ari at nagpapatakbo ng imprastruktura para sa kalusugan ng publiko at pagresponde kapag may emergency, pati sa:

- Pang-emergency na Sistema ng Tubig para sa Pag-apula ng Apoy na binubuo ng humigit-kumulang 135 milya ng nakalaang mataas na presyon na linya ng tubo, mga hidrante, tanke ng tubig, at pump station na kumukuha ng tubig para sa mga emergency;
- Mga istasyon ng bumbero at pulisya at iba pang nauugnay na pasilidad para sa unang tagaresponde; at
- Pasilidad para sa pag-iimbak at pagpapanatili ng Muni bus sa Potrero Yard, na nagbibigay ng mga bus para magsakay ng mga manggagawa sa serbisyong pangsakuna, at mga tagaresponde at panustos kapag may emergency.

Sinusubaybayan ng Komite ng Mga Mamamayan sa Pagsubaybay ng General Obligation Bond ang paggasta sa pondo mula sa general obligation bond.

**Ang Mungkahi:** Ang Proposisyon A ay isang panukala sa bond na magpapahintulot sa Lungsod na umutang ng hanggang $535 milyon sa pamamagitan ng pag-isyu ng mga general obligation bond. Gagastusin ng Lungsod ang perang ito sa mga pagpapabuti at seismikong pagpapahusay sa imprastrukturang ginagamit para sa pagresponde at pagbangon kapag may emergency.

Ang mga proyekto sa kaligtasan mula sa lindol na popondohan ng mga bond ay puwedeng kabilangan ng konstruksyon, pagkuha, pagpapahusay, at pagkumpleto sa:

- Pang-emergency na Sistema ng Tubig para sa Pag-apula ng Apoy;
- Mga istasyon ng bumbero at pulisya;
- Pasilidad para sa pag-iimbak at pananatili ng Muni bus sa Potrero Yard; at
- Iba pang pasilidad para sa pagresponde sa sakuna.

Ang Proposisyon A ay magbibigay-daan sa pagtaas sa buwis sa ari-arian o amilyar para mabayaran ang mga bond, kung kinakailangan. Ang patakaran ng lungsod ay limitahan ang halaga ng perang inuutang nito sa pamamagitan ng pag-iisyu lang ng mga bagong bond kapag nabayaran na ang mga naunang bond. Sa mga residensyal na yunit na kontrolado ang upa, papahintulutan ang mga nagpapaupa na ipasa sa mga nangungupahan ang hanggang 50 porsyento ng anumang magiging resultang pagtaas sa amilyar.

Aatasan ng Proposisyon A ang Komite ng Mga Mamamayan sa Pagsubaybay ng General Obligation Bond na suriin kung paano ginagasta ang mga pondong ito.

**Ang Ibig Sabihin ng Pagboto ng "OO":** Kung "oo" ang iboboto mo, gusto mong mag isyu ang Lungsod ng hanggang $535 milyon sa mga general obligation bond para sa mga proyekto sa kaligtasan mula sa lindol, kasama ang konstruksyon, pagkuha, pagpapahusay, at pagkumpleto sa Pang-emergency na Sistema ng Tubig para sa Pag apula ng Apoy, mga istasyon ng bumbero at pulisya, Potrero Yard, at iba pang pasilidad para sa pagresponde kapag may sakuna.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukala. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.gov o tawagan ang (415) 558-6104. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 29.

**Ang Ibig Sabihin ng Pagboto ng "HINDI":** Kung "hindi" ang iboboto mo, ayaw mong iisyu ng Lungsod ang mga bond na ito.

## Pahayag ng Kontroler sa "A"

Inisyu ng Kontroler ng Lungsod na si Greg Wagner ang sumusunod na pahayag sa epekto sa pananalapi ng Proposisyon A:

Kung ang ipinapanukalang $535 milyong general obligation bond ("Kaligtasan at Pagresponde sa Emergency Kapag May Lindol" ["Earthquake Safety and Emergency Response, ESER"]) ay pinahintulutan ng mga botante at ibinenta sa ilalim ng mga kasalukuyang pagpapalagay, ito ang mga magiging tinatayang gastusin:

a) Sa Taon ng Pananalapi (Fiscal Year, FY) 2027-2028, kasundo ng pag-isyu sa unang serye ng mga bond, ang pinakamahusay na pagtataya sa buwis na kinakailangan para mapondohan ang pag-iisyung ito ng bond ay magreresulta sa rate ng amilyar na $0.0034 para sa bawat $100 ($3.40 bawat $100,000) na tinasang halaga.

b) Sa FY 2033-2034, ang taon na may pinakamataas na tinatayang rate ng buwis kasunod ng pag-iisyu sa huling serye ng mga bond, ang pinakamahusay na pagtataya sa buwis na kinakailangan para mapondohan ang pag-iisyung ito ng bond ay magreresulta sa rate ng amilyar na $0.01155 para sa bawat $100 ($11.55 per $100,000) na tinasang halaga.

c) Tinatayang $933 milyon ang pinakamahusay na pagtataya sa kabuuang bayarin sa utang, kasama ang prinsipal at interes, na kakailanganin para mabayaran kung maiisyu at maibebenta ang lahat ng ipinapanukalang $535 milyong general obligation bond.

d) Ang pinakamahusay na pagtataya sa average na rate ng buwis para sa mga bond na ito sa kabuuang tinatayang tagal ng bayarin sa utang sa bond mula FY 2027 2028 hanggang FY 2052-2053 ay $0.00745 para sa bawat $100 ($7.45 bawat $100,000) ng tinasang halaga.

e) Batay sa mga pagtatayang ito, ang magiging pinakamalaking tinatayang taunang amilyar para sa mga bond na ito ng may-ari ng isang bahay na may tinasang halaga na $700,000 ay humigit-kumulang $80.01.

Lilimitahan ng Karta ng Lungsod ang halaga ng mga general obligation bond ng Lungsod ("City GO bonds") na puwedeng hindi pa bayad anumang oras sa 3% ng tinasang halaga ng nabubuwisang ari-arian sa Lungsod. Ang kasalukuyang limitasyon ng Karta ng Lungsod ay $10.74 bilyon para sa FY 2025-2026. Ang mga bond na iniisyu ng Distrito ng Pangkomunidad na Kolehiyo ng San Francisco, Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng San Francisco, Bay Area Rapid Transit District (BART), o iba pang entitad na hindi sa Lungsod ay hindi binibilang para sa mga layunin ng limitasyon ng Karta ng Lungsod. Noong Disyembre 1, 2025, $2.67 bilyon ang hindi pa bayad na mga City GO bond (na kumakatawan ng 0.75% ng tinasang halaga ng nabubuwisang ari-arian sa Lungsod). May karagdagang $1.19 bilyong mga City GO bond na nananatiling awtorisado pero hindi pa naiisyu. Kung maaaprubahan ng mga botante ang Bond para sa ESER, ang magiging kabuuang halaga ng (i) hindi pa bayad at (ii) awtorisado pero hindi pa naiisyung mga City GO bond ay $4.39 bilyon, o tinatayang 1.23% ng tinasang halaga ng nabubuwisang ari-arian sa Lungsod. Ipinagpapalagay sa pagkakalkulang ito ang pag-iisyu sa lahat ng bond na awtorisado ng mga botante, kasama ang ipinapanukala sa Bond para sa ESER.

Ang kasalukuyang hindi ipinapatupad na patakaran sa pangangasiwa ng utang ng Lungsod ay panatilihin ang rate ng amilyar ng mga general obligation bond ng Lungsod sa o nang mas mababa sa rate ng buwis para sa 2005-2006 sa pamamagitan ng pag iisyu ng mga bagong bond habang inireretiro ang mga mas luma at lumalaki ang base ng buwis, pero puwedeng magbago ang rate na ito ng amilyar batay sa iba pang salik. Alinsunod sa patakarang ito, hindi inaasahan na ang pagpapataw ng buwis sa ari-arian para sa mga GO bond ng Lungsod para sa proposisyong ito, kung maaaprubahan ng mga botante, ay magtataas ng rate ng amilyar para sa mga GO bond ng Lungsod nang higit sa antas noong taong piskal 2006.

Sa ilalim ng kasalukuyang batas, magagawa ng mga nagpapaupa na ipasa ang ilang porsyento ng bayarin sa pagbabayad ng general obligation bond, kung mayroon, sa mga nangungupahan. Ang halaga ng puwedeng ipasa ay natutukoy ayon sa petsa ng pagsisimula ng pag-uupa, bukod sa iba pang salik. Naglalathala ng impormasyon ang Lupon ng Renta tungkol sa puwedeng ipasa bawat taon.

Batay ang mga pagtataya sa itaas sa mga inaasahan ayon sa mga proyeksyon sa kasalukuyan. Puwedeng magbago ang mga aktuwal na resulta, at hindi ginagarantiya ang mga pagtatayang ito sa Lungsod. Puwedeng magbago ang mga proyeksyon at pagtataya dahil sa oras ng pagbebenta ng mga bond, halaga ng naibebentang bond sa bawat pagbenta, at aktuwal na tinasang halaga sa panahon ng pagbabayad sa mga bond. Kaya naman puwedeng maiba sa mga pagtatasa sa itaas ang aktuwal na rate ng buwis at ang mga taon kung kailan magiging naaangkop ang mga nasabing rate.

Magkakaroon ang Lungsod ng mga maliit na gastusin na nauugnay sa tagal ng pangangasiwa ng mga kawani sa programa ng Bond para sa ESER. Depende sa mga panuntunan at regulasyon ng batas sa buwis, ang mga gastusin ng mga kawani ng Lungsod ay puwedeng maging kuwalipikado para sa mga pagbabayad sa pamamagitan ng malilikom na mga pondo ng bond at dahil dito, hindi magdudulot ng karagdagang gastos sa pamahalaan ng Lungsod.

## Paano Nakasama ang "A" sa Balota

Noong Pebrero 3, 2026, bumoto ang Lupon ng Mga Superbisor ng 11 sa 0 para ilagay ang Proposisyon A sa balota. Bumoto ang Mga Superbisor sa sumusunod na paraan:

**Oo:** Chan, Chen, Dorsey, Fielder, Mahmood, Mandelman, Melgar, Sauter, Sherrill, Walton, Wong.

**Hindi:** Wala.

## Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon A

Nagbabala ang mga siyentipiko na may 72% na posibilidad na magkaroon ng malakas na lindol ang San Francisco sa susunod na tatlong dekada.

Nang muntik nang matupok ng lindol sa Loma Prieta ang Distrito ng Marina noong 1989, tumigil sa paggana ang sistema ng tubig para sa mga emergency na pag-apula ng apoy nang sumiklab ang malalaking sunog. Ang mga sunog sa Palisades noong nakaraang taon sa Los Angeles ay tumupok sa mahigit 23,000 akre ng lupa matapos pumalya ang pang-emerhensiya na pinagkukunan ng tubig sa lugar at natuyo ang mga hidrante.

Sa kasalukuyan, ang tumatandang imprastraktura ng San Francisco at limitadong kapasidad ng reserbang tubig ay nag-iiwan sa mga kapitbahayanna nasa panganib at mahina laban sa susunod na malaking sakuna.

Ang Prop A ay makatutulong upang maiwasang mangyari dito ang nangyari sa Los Angeles sa pamamagitan ng paggawa ng mga nakatuon at makatuwirang pamumuhunan sa imprastraktura ng kaligtasan ng publiko nang walang pagtaas ng buwis, kabilang ang:

- **Pagpapalakas ng sistema ng tubig para sa pang-emerhensyang pag-apula ng sunog sa San Francisco.** Ina-upgrade at pinapalawak ng Prop A ang mga linya ng tubig na may mataas na presyon, mga hidrante, at mga pangunahing lugar ng koneksyon upang mapabuti ang pagiging maaasahan at pagsaklaw sa kanlurang bahagi at bawat kapitbahayan sa bawat sulok ng San Francisco.
- **Pagtitiyak na ang mga istasyon ng bumbero ay matitibay laban sa lindol upang ang mga unang rumeresponde ay makatugon agad at maprotektahan ang mga kapitbahayan kapag mahalaga ang mga bawat segundo.** Naghahatid ang Prop A ng mga seismikong pagpapahusay at pagpapatibay sa mga istasyon ng bumbero sa kapitbahayan at iba pang pasilidad ng pagtugon sa emerhensya na madaling maapektuhan ng pinsala sa istruktura sa isang malakas na lindol. Hindi makagagawa ng agarang aksyon ang ating mga bumbero at mga unang rumeresponde kung sinasagip nila ang kanilang mga sarili sa loob ng mga gumuguhong gusali.
- **Pagtitiyak ng tunay na pananagutan at pagiging bukas at malinaw.** Nagtatakda ang Prop A ng matibay na pananggalang sa pananalapi na hinihiling ng batas, kabilang ang mga independiyenteng taunang pagsusuri sa pananalapi, pampublikong pagsisiwalat ng lahat ng paggastos, at pangangasiwa ng isang komite ng mga mamamayan, at walang pondo ang maaaring gamitin para sa mga suweldo o pensiyon ng mga administrador.

**Lahat ng ito nang walang karagdagang gastos sa mga nagbabayad ng buwis.**

Ang Prop A ay iniendorso ng San Francisco Firefighters Local 798 at ni Mayor Daniel Lurie.

Para sa isang San Francisco na sapat ang lakas upang harapin ang anuman, Bumoto ng oo sa Prop A.

*Mayor Daniel Lurie*
*Presidente ng Lupon Rafael Mandelman**
*Hepe ng mga Bumbero Dean Crispen **
*Presidente ng Komisyon ng Pulisya C. Don Clay**
*Kalihim ng San Francisco Firefighters Lokal 798 Mario Flaherty*

*Para sa layunin ng pagkakakilanlan lamang; ang may-akda ay lumalagda bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng isang organisasyon.

## Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon A

Tinatangka ng mga tagasuporta ng Prop A na bigyan ng mapaglinlang na alok ang mga taga-San Francisco.

Gaya ng maraming beses nitong ginagawa noon, ikinukubli ng City Hall ang buwis bilang isang panukala sa bond, sa pag-aakalang masyadong ignorante ang mga botante para maunawaan na ang isang bond ay isang utang at ang isang utang ay dapat bayaran. Ang perang pambayad sa utang na iyon ay maaari lang manggaling sa iisang lugar – ang iyong mga buwis. Sa katunayan, pagkatapos ng interes, ang kabuuang bayad sa $535 milyong bond na ito ay aabot sa halos $1 bilyon.

Kung iniisip mo na, “Nangungupahan ako at hindi nagbabayad ng buwis sa ari-arian,” mag-isip ka ulit. Pinapayagan ang mga nagpapaupa na ipataw sa iyo ang hanggang 50 porsyento ng buwis na ito. Hindi pa ba sapat ang taas ng upa mo?

Hindi man lang tutuparin ng Prop A ang mga pangako nito. Ang sistema ng tubig para sa pag-apula ng apoy na diumano'y papalawakin ng Prop A sa kanlurang bahagi ay, sa katunayan, isang hiwalay na sistema na magiging mas mahina laban sa lindol kaysa sa kasalukuyang nagsisilbi sa silangang bahagi – kung sakaling maitayo man ito. Ang dating $1.4 bilyong pondo para sa bond na inaprubahan na ng mga nagbabayad ng buwis ay naubos matapos tumaas sa $42 milyon ang gastos ng paglalagay ng isang milya ng pangunahing tubo ng tubig. $130 milyon lang mula sa bond na ito ang inilalaan sa pagtatayo ng bagong sistema ng tubig. Ikaw ang bahala sa kalkulasyon: Sapat na ba iyon para masakop ang kanlurang bahagi at maprotektahan ang mga tahanan sa Richmond, Sunset, at sa iba pang lugar?

Bumoto ng Hindi sa Prop A.

*Ang Partidong Republikano ng San Francisco*

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling baybay o gramatika.

## Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon A

Bumoto ng HINDI sa Proposisyon A

Inaprubahan na ng San Francisco ang humigit-kumulang $1.4 bilyon na mga bond para sa kaligtasan sa lindol simula noong 2010. Ang Proposisyon A ay magdaragdag ng $535 milyon pa – humigit-kumulang $200 milyon nito ay walang kinalaman sa kaligtasan sa lindol. Isa lang itong pamigay sa Muni upang pondohan ang muling pagtatayo ng Potrero Yard. Oo, ang parehong Muni na planong humingi sa iyo ng MAS MARAMING pera na may dagdag na buwis ngayong Nobyembre.

Ang hindi tapat na panukalang ito sa bond ay nagbibigay din ng mas maraming kapangyarihan sa mga burukrata, na nagdudulot ng panganib sa implasyon at mas mataas na buwis na makasasama sa paglago sa isang mapanganib na panahon para sa ekonomiya ng ating lungsod.

Isang mas matalinong alternatibo: Ilipat ang mga pondo mula sa kasalukuyan at lumobong badyet ng San Francisco, na nakatuon sa mga napatunayan at matipid na solusyon tulad ng mga pribadong pakikipagsosyo para sa mga seismikong pagpapahusay. Naiiwasan nito ang bagong utang, hinihikayat ang pamumuhunan kaysa sa pangungutang, at naghahatid ng mga resulta nang hindi tinataasan ang mga buwis.

Humingi ng kahusayan, hindi ang walang katapusang mga bond. Kung hindi ngayon, kailan pa? Protektahan ang San Francisco sa pamamagitan ng pagboto ng HINDI.

*Ang Partidong Republikano ng San Francisco*

## Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon A

Ang pagboto ng OO sa Prop A ay tungkol sa pagprotekta sa mga buhay, tahanan, at mga kapitbahayan — hindi politika. Ang pinakamalaking panganib sa San Francisco ay hindi lang nagmumula sa mga lindol, kundi pati na rin sa mga sunog na kasunod nito. Noong 1989, nasunog ang Marina nang masira ang sistema ng tubig pang emerhensiya. Kamakailan lang, ipinakita ng mga sunog sa Palisades sa Los Angeles kung gaano kabilis natutuyo ang mga hidrante kapag nasisira ang mga sistemang pang-backup.

Direktang tinutugunan ng Prop A ang mga panganib na ito.

Ang bond na ito ay nagpapalakas at nagpapalawak ng sistema ng tubig para sa pang emergency na pag-apula ng sunog — lalo na sa kanlurang bahagi, na nahaharap sa pinakamataas na panganib ng kakulangan ng pagkukunan ng tubig — sa pamamagitan ng pagpapahusay ng mga istasyon ng bomba, linya ng tubo, hindrante, at mahahalagang koneksyon. Ang tubig ang pinakamahalagang kagamitan ng mga bumbero. Kung wala ito, ang mga kapitbahayan ay manganganib.

Inaayos ng Prop A ang mga lumang istasyon ng bumbero para hindi makulong ang mga unang rumesponde sa mga hindi ligtas na gusali. Kung gumuho ang mga istasyon, hindi makararating ang tulong kung kailan pinakamahalaga ang mga segundo.

Ang bond ay nakabatay sa mga nauna nang bond na lubos na inaprubahan ng mga botante, na nagpapalakas sa kahandaan ng San Francisco sa pamamagitan ng pagpapalit sa istasyon ng bumbero ng Cow Hollow, pagkumpleto ng mga pangunahing gawain sa linya ng tubo ng tubig para sa emergency, kabilang ang proyektong Irving Street, at pagdaragdag ng 30 tangke ng bumbero sa buong lungsod, 15 sa kanlurang bahagi para sa pagkukunan ng tubig para sa emergency.

Hindi itinataas ng Prop A ang mga halaga ng buwis. Ang patakaran ng San Francisco ay bayaran muna ang mga lumang bond bago magbigay ng mga bago.

Ang panukala ay nangangailangan ng mga independiyenteng taunang pagsusuri, pagsubaybay ng mamamayan, at legal na nililimitahan ang mga pondo sa mga proyektong pang-kahandaan sa panahon ng emergency — hindi sa mga suweldo o pensiyon.

Ang paghahanda ngayon ay mas nakatitipid sa mga gastos sa pagbangon sa hinaharap — at, higit sa lahat, nakapagliligtas ng mga buhay.

Ang mga sakuna ay hindi naghihintay ng perpektong tiyempo. Tinitiyak ng Prop A na handa ang San Francisco.

*Mayor Daniel Lurie*
*Presidente ng Lupon Rafael Mandelman*
*Hepe ng mga Bumbero Dean Crispen**
*Presidente ng Komisyon ng Pulisya C. Don Clay**
*Kalihim ng San Francisco Firefighters Lokal 798 Mario Flaherty*

*Para sa layunin ng pagkakakilanlan lamang; ang may-akda ay lumalagda bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng isang organisasyon.

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling baybay o gramatika.

## Hindi kayang pumunta sa lugar ng botohan?

## Nasa ospital o isang pasilidad ng pangangalaga ng kalusugan?

## Kailangan ng tulong para maibalik ang inyong balota?

Kung ikaw o mayroon kayong kakilala na hindi kayang umalis ng kanilang bahay o na-ospital at kailangan ng tulong sa pagboto, ang Departamento ng mga Eleksyon ay maaaring magbigay ng mga personalisadong serbisyo na paghahatid at/o pagsusundo ng balota.

Upang hilingin ang serbisyong ito, mangyaring tumawag sa (415) 558-6104 o mag-email sa **sfvote@sfgov.org**.

Ang aming pangkat ay handang sumuporta sa inyo.

# Proposisyon B – Limitasyon sa Panahon ng Panunungkulan ng Mayor at mga Miyembro ng Lupon ng mga Superbisor (Board of Supervisors) sa Kabuuan ng Kanilang Buhay

**Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang magtakda ng mga limitasyon sa panahon ng panunungkulan ng Mayor at ng mga miyembro ng Lupon ng mga Superbisor at nang sa gayon, hindi na maaaring maglingkod ang mga indibidwal nang mahigit sa dalawang tig-aapat na taon na termino sa mga katungkulang ito?**

| | |
|---|---|
| **OO** | ◯ |
| **HINDI** | ◯ |

**Kinakailangan ng panukala na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.**

## **Buod** mula sa Komite sa Pagpapasimple ng Balota

**Ang Nangyayari Ngayon:** Sa ilalim ng Tsarter o Karta ng Lungsod, walang panghabambuhay na limitasyon sa bilang ng puwedeng maging termino ng Mayor o ng isang miyembro ng Lupon ng Mga Superbisor. Ang Mayor o isang Superbisor ay puwedeng manungkulan sa loob lang ng dalawang magkasunod na apat na taon na termino. Pagkatapos ng apat na taong panunungkulan, puwede ulit silang maglingkod sa katungkulang iyon.

**Ang Mungkahi:** Aamyendahan ng Proposisyon B ang Karta para magtakda ng mga panghabambuhay na limitasyon sa termino ng Mayor at bawat Superbisor.

Sa Proposisyon B, ang Mayor at isang Superbisor ay papayagan na manungkulan sa loob lang ng dalawang apat na taon na termino para sa bawat katungkulan. Ilalapat ang mga limitasyong ito magkasunod o hindi man magkasunod ang mga termino.

Ilalapat ang mga panghabambuhay na limitasyong ito sa termino sa sinumang naglingkod nang dalawang termino bilang Mayor o dalawang termino bilang Superbisor.

**Ang Ibig Sabihin ng Pagboto ng "OO":** Kung "oo" ang iboboto mo, gusto mong magtakda ng mga panghabambuhay na limitasyon sa termino para sa Mayor at Superbisor para hindi magawa ng mga tao na maglingkod nang higit sa dalawang apat na taon na termino sa mga katungkulang iyon.

**Ang Ibig Sabihin ng Pagboto ng "HINDI":** Kung "hindi" ang iboboto mo, ayaw mong gawin ang mga pagbabagong ito.

## Pahayag ng Kontroler sa "B"

Inisyu ng Kontroler ng Lungsod na si Greg Wagner ang sumusunod na pahayag sa epekto sa pananalapi ng Proposisyon B:

Sa aking opinyon, kung aaprubahan ng mga botante ang ipinapanukalang amyenda sa Karta, walang magiging gastos ang pamahalaan.

## Paano Nakasama ang "B" sa Balota

Noong Pebrero 3, 2026, bumoto ang Lupon ng Mga Superbisor ng 7 sa 4 para ilagay ang Proposisyon B sa balota. Bumoto ang mga Superbisor sa sumusunod na paraan:

**Oo:** Dorsey, Fielder, Mahmood, Melgar, Sauter, Sherrill, Wong.

**Hindi:** Chan, Chen, Mandelman, Walton.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukala. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang **sfelections.gov** o tawagan ang (415) 558-6104. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 29.

## Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon B

**Magpatupad ng mga Panghabang-buhay na Limitasyon sa Panunungkulan. Bumoto ng OO sa Prop B.**

Nagpasa ng mga limitasyon sa termino ang mga botante ng San Francisco upang garantiyahan ang pagpapalit ng pamumuno. Pero may butas sa batas. Maaaring maglingkod ang mga pulitiko nang dalawang buong termino, umatras, at pagkatapos ay bumalik pagkalipas ng ilang taon. Hindi iyon ang tunay na limitasyon.

**Isinasara ng Prop B ang butas at ibinabalik ang nilalayon ng mga botante: dalawang apat na taong termino, at tapos ka na.** Walang pabalik-balik. Walang paulit-ulit.

Ang mga limitasyon sa termino ay kabilang sa mga pinakasikat na reporma sa mabuting pamamahala sa bansa. **Nagdulot ang mga ito ng:**

- Pagtaas ng pananagutan at aksyon mula sa mga nahalal na opisyal
- Mas mapagkumpitensyang mga halalan
- Pagbawas ang katiwalian
- Pagtipid ng pera ng mga nagbabayad ng buwis
- Pagdagdag ng pagkakaiba-iba

Sapat na ang walong taon. Pagkatapos niyan, malusog at demokratiko na maglaan ng espasyo para sa mga bagong tinig. Dahil sa kawalan ng tunay na mga limitasyon, ang mga matatagal nang nanunungkulan na pulitiko ay nagtatayo ng mga nakaugat na ugnayan na nagpapahirap sa mga bagong kandidato na makipagkumpitensya at sa mga botante na magkaroon ng tunay na pagpipilian.

**Pinapantay ng Prop B ang larangan.**

Bilang mga batang lider, nararanasan natin ang mga bunga ng mga patakaran ngayon, hinaharap ang mga gastos sa pabahay, pagbuo ng mga karera at pamilya, at pakikipaglaban upang manatili sa lungsod na ating minamahal. Karapat-dapat tayo sa isang gobyerno na sumasalamin sa realidad ng mga magmamana ng kinabukasan ng San Francisco.

**Ang Prop B ay nagbibigay-daan sa** pamumuno na mas maipakita ang mga kapitbahayan, propesyon, at henerasyon na bumubuo sa ating lungsod, hindi isang sistemang nagpoprotekta sa mga parehong nasa loob ng magkakasunod na dekada.

**Tinitiyak ng Prop B na ang pampublikong posisyon ay isang pampublikong tiwala, hindi isang permanenteng karapatan**. Pananatilihin nitong dinamiko, may pananagutan, at konektado ang Bulwagang Panglungsod sa mga taong pinaglilingkuran nito.

**Tinitiyak ng Prop B na habang umuunlad ang San Francisco, umuunlad din ang pamumuno nito.**

Kung gusto natin ng lungsod na makatutulong sa susunod na henerasyon, dapat tayong maglaan ng puwang para sa kanila upang mamuno.

**Matuto pa sa TermLimitReformSF.com**

*Adrianna Zhang, Dating Tagapangulo ng San Francisco Youth Commission*
*Ruth Ferguson, Katiwala ng City College of San Francisco **
*Ernesto Cuellar, Kapwa Presidente ng Kabataang Demokrata ng San Francisco**
*Andrea Gallardo Lopez, Kapwa Presidente ng Kabataang Demokrata ng San Francisco**
*Chanel Green, Tagapag-ugnay ng Kabataan at Aktibista*

*Para sa layunin ng pagkakakilanlan lamang; ang may-akda ay lumalagda bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng isang organisasyon.

## Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon B

**SUMASANG-AYON ANG KABATAAN AT KARANASAN: WALANG PANGHABANG-BUHAY NA PAGBABAWAL. BUMOTO NG HINDI SA B.**

Nagsasama-sama ang mga kabataan at beteranong lider laban sa panghabambuhay na pagbabawal ng Prop B dahil ito ay sukdulan, kontra-demokratiko, at walang nilulutas na anuman.

**Ang Prop B ay isang solusyon sa paghahanap ng problema.** Isa lamang na lider ng San Francisco ang nakabalik upang maglingkod pagkatapos ng kinakailangang pahinga. Isang tao sa loob ng 34 na taon. Hindi iyan butas—patunay iyan na gumagana ang sistema natin.

**Nangyayari na ang pagbabago.** Noong 2024, naghalal ang mga botante ng bagong Mayor at apat na Superbisor na hindi pa nanunungkulan. Nanalo ang mga bagong boses dahil sila ang pinipili ng mga botante—hindi dahil pinagbawalan ng mga pulitiko ang kanilang mga kalaban.

**Mahalaga rin ang karanasan.** Si Jerry Brown ay nagsilbi bilang pinakabatang Gobernador ng California noong dekada 1970, pagkatapos ay bumalik pagkalipas ng ilang dekada bilang ating pinakamatanda at pinakamatagal na nanungkulan na Gobernador. Ang kanyang karunungan at kaalaman sa institusyon ay nakatulong upang maibalik sa tamang landas ang estado, kung saan nakinabang ang milyun-milyong mamamayan. Tumututol si Jerry Brown sa Prop B dahil masamang ideya ang pagsasara ng pintuan sa karanasan.

**Ang Prop B ay sukdulan.** 71% ng mga pangunahing lungsod ng Amerika na may mga limitasyon sa termino ay walang mga panghabambuhay na pagbabawal. Sa California, dalawang lungsod lang ang gumagawa nito—parehong nasa mga county na may matinding suporta sa Republikano.

**Maling prayoridad.** Nahaharap ang San Francisco sa krisis sa gastos ng pamumuhay. Sa halip na gawing abot-kaya ang pamumuhay, gusto pa tayong paghiwalayin ng mga pulitiko gamit ang hindi kinakailangang pagbabawal na ito.

**Magtiwala sa mga botante. Hayaang gumana ang demokrasya. Bumoto ng HINDI sa B.**

Leah La Croix, dating Tagapangulo, Youth Commission
Lisa Yu, dating Komisyoner ng Kabataan
Rosa Chen, dating Komisyoner ng Kabataan
Potrero Hill Democratic Club
Harvey Milk na Samahang Demokratiko na LGBTQ
Katiwala ng Lupon ng Kolehiyo Susan Solomon*
Hukom Ellen Chaitin (ret)
Hukom Quentin Kopp (ret)

www.NoLifetimeBan.com

*Para sa layunin ng pagkakakilanlan lamang; ang may-akda ay lumalagda bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng isang organisasyon.

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling baybay o gramatika.

## Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon B

**"HINDI MALULUTAS NG PANGHABANG-BUHAY NA PAGBABAWAL ANG ISANG PROBLEMA. BUMOTO NG HINDI."**

– Jerry Brown, Gobernador ng California (1975-83; 2011-19)

Bilang pinakabata, pinakamatanda, at pinakamatagal na nanungkulan bilang gobernador ng California sa modernong kasaysayan, alam ni Jerry Brown na mahalaga ang karanasan. Alam din niya ang isang kontra-demokratikong Trumpiano na ideya kapag nakakita siya ng isa.

Kaya naman nangunguna si Jerry Brown sa oposisyon sa Prop B PANGHABANG-BUHAY NA PAGBABAWAL— dahil hinaharangan nito ang pagpili ng botante.

**Sukdulan at kontra-demokratiko**
71% ng mga pinakamataong lungsod sa Amerika na may mga limitasyon sa termino ay walang mga panghabambuhay na pagbabawal. Dalawang lungsod lang sa California, parehong nasa matingkad na pulang County ng Orange, ang nagpapataw ng mga panghabambuhay na pagbabawal.

**Solusyon na naghahanap ng problema**
Sinasabi ng mga pulitikong sumusuporta sa Prop B na isinasara na nila ang isang butas. Kasinungalingan 'yan. Simula nang itatag ng San Francisco ang mga limitasyon sa termino noong 1990, isang pinuno pa lang ang muling nakabalik sa pwesto pagkatapos maglingkod ng dalawang termino.

**May mga bago at batang lider na umuusbong na**
Noong 2024, naghalal ang San Francisco ng isang Mayor at apat na Superbisor na hindi kailanman humawak ng katungkulan sa politika. Ang mga botante ang nagpapasimula ng pagbabago, at ang mga botante dapat – hindi ang Lupon ng mga Superbisor – ang magdedesisyon kung sino ang maglilingkod, at kung sino ang hindi.

**Maling prayoridad para sa San Francisco**
Masyadong mahal ang lahat ng bagay sa San Francisco. Ang halaga ng pamumuhay at ang halaga ng pabahay ay tumataas nang husto. Sa halip na maghanap ng abot kayang solusyon, sinusubukan ng mga pulitiko na baguhin ang ating Karta ng Lungsod para sa maliliit na usapin ng politika.

**May maipagmamalaking tradisyon ang San Francisco sa pagtatanggol sa demokrasya. Gawin natin itong muli sa pamamagitan ng PAGTANGGI SA PANGHABANG-BUHAY NA PAGBABAWAL.**

Bumoto ng HINDI sa B.

*Dating Mayor Willie Brown*
*Dating Mayor Art Agnos*
*Potrero Hill Democratic Club*
*Harvey Milk na Samahang Demokratiko ng LGBTQ*
*Lisa Yu, dating Komisyoner ng Kabataan*
*Rosa Chen, dating Komisyoner ng Kabataan*
*Hukom Ellen Chaitin (ret)*
*Hukom Quentin Kopp (ret)*
*Michela Alioto-Pier*
*Tom Ammiano*
*Bevan Dufty*
*Sandra Lee Fewer*
*Mark Leno*
*Stephen Torres*
*Norman Yee*
*San Francisco Police District, Komandante Rich Correia (ret)*
*Katiwala ng Lupon ng Kolehiyo Susan Solomon*

www.NoLifetimeBan.com

## Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon B

**Kami ay mga Superbisor ng San Francisco. At Gusto Namin ng mga Limitasyon sa Termino para sa Aming mga Sarili.**

Bilang mga Superbisor, maaaring hindi kami laging sumasang-ayon, ngunit nagkakaisa kami dito: **ang tunay at maipatutupad na mga limitasyon sa termino ay nagpapanatili sa pamahalaan na may pananagutan.**

Gumawa ang mga botante ng San Francisco ng mga limitasyon sa termino upang maiwasan ang mga pulitiko na humawak ng kapangyarihan nang walang hanggan. Ngunit ngayon, isang butas sa batas ang nagpapahintulot sa mga pulitiko na hindi maglingkod sa loob ng isang termino at pagkatapos ay bumalik.

**Isinasara ng Prop B ang butas sa batas na iyan.**

Ang walong taon ay makabuluhang serbisyo publiko. Pagkatapos niyan, makabubuti na tumabi at hayaang maglingkod ang susunod na henerasyon ng mga pinuno.

**Ang Prop B ay sumusunod sa isang malalim na tuntuning Amerikano: walang sinuman ang dapat humawak ng iisang posisyon magpakailanman.**

Nakasaad sa Konstitusyon ng Estados Unidos na dapat may mga limitasyon sa termino na panghabambuhay ang ating pangulo. Dapat din ganoon ang mga lokal na pinuno. Dinadala ng Prop B ang parehong pambansang pamantayan sa San Francisco, at ipinagmamalaki naming panagutin ang aming mga sarili dito.

**Pinalalawak ng Prop B ang oportunidad at representasyon**, nagbubukas ng pintuan sa mga bagong lider, mga sariwang ideya, at mga tinig mula sa bawat komunidad.

**Ang Prop B ay makatutulong na maibalik ang tuon at disiplina sa pananalapi.** Kapag hindi makapagplano ng pagbabalik ang mga pulitiko pagkalipas ng ilang taon, nakatuon sila sa paglutas ng mga problema ngayon, lalo na't nahaharap ang San Francisco sa isang malubhang krisis sa badyet.

Nakinabang ang San Francisco mula sa maraming dedikadong lingkod-bayan. Nagpapasalamat kami sa dedikasyon na kanilang ibinigay sa trabaho.

Ngunit ang San Francisco ay palaging nagbabago, at dapat din na ganoon ang ating pamumuno. **Hindi natin kayang umatras.** Maglaan tayo ng espasyo para sa mga bagong lider, matatapang na ideya, at sa susunod na henerasyon upang isulong ang ating lungsod.

**Bumoto ng OO sa Prop B.**

TermLimitReformSF.com

*Superbisor Bilal Mahmood**
*Superbisor Matt Dorsey**
*Superbisor Myrna Melgar**
*Superbisor Danny Sauter**
*Superbisor Stephen Sherrill**
*Superbisor Alan Wong**

*Para sa layunin ng pagkakakilanlan lamang; ang may-akda ay lumalagda bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng isang organisasyon.

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling baybay o gramatika.

 38-FI-J26-CP40

# Proposisyon C – Pagpapababa sa Buwis sa Pagnenegosyo

**Dapat bang permanenteng baguhin ng Lungsod ang mga buwis na kinokolekta nito sa pamamagitan ng hindi na pagsingil sa karamihan sa mga negosyo na may gross receipts (kita bago ang pagbabawas ng gastos at buwis) na hanggang $7.5 milyon mula kapwa sa buwis sa gross receipts at sa top executive pay tax (buwis na dahil sa mataas na bayad sa namumuno sa kompanya) na ipinapataw sa ilang negosyo na ang kita ng tagapamahalang empleyado na pinakamataas ang bayad ay 100 beses na mas malaki kaysa sa panggitnang bayad sa kanilang mga empleyado sa San Francisco, at sa pamamagitan ng pagtataas sa halaga ng top executive pay tax tungo sa pagitan ng 0.021% at 0.129% man ng kanilang gross receipts sa San Francisco, o sa pagitan ng 0.086% at 0.514% ng kanilang gastos sa pagbabayad ng mga suweldo sa San Francisco, para sa tinataya na taunang pagbaba ng kita na $30-$40 milyon?**

| | |
|---|---|
| **OO** | ◯ |
| **HINDI** | ◯ |

**Kinakailangan ng panukala na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa**

## **Buod** mula sa Komite sa Pagpapasimple ng Balota

**Ang Nangyayari Ngayon:** Nangongolekta ang Lungsod ng Buwis sa Kabuuang Natanggap na para sa karamihan ng mga negosyo ay porsyento ng kanilang pangkalahatang natatanggap sa San Francisco (kabuuang natanggap). Ang karamihan ng mga negosyo na may kabuuang natanggap sa San Francisco na hanggang $5 milyon ay hindi saklaw sa Buwis sa Kabuuang Natanggap.

Nangongolekta rin ang Lungsod ng Buwis sa Sahod ng Punong Tagapamahala sa ilang malalaking negosyo kapag ang kanilang namamahalang empleyado na may pinakamalaking sweldo (Punong Tagapamahala) ay kumikita nang 100 beses na mas malaki kaysa sa gitnang halaga na kabayarang ibinibigay sa kanilang mga empleyado sa San Francisco. Tumataas ang rate ng buwis batay sa kung gaano kalayo ang bayad sa Punong Tagapamahala sa gitnang halaga ng bayad sa empleyado ng San Francisco.

Ang karamihan ng mga negosyong napapailalim sa Buwis sa Sahod ng Punong Tagapamahala ay pinapatawan ng buwis na 0.02% hanggang 0.12% ng kanilang kabuuang natanggap sa San Francisco. Pagsapit ng 2028, tataas at magiging 0.021% hanggang 0.129% ang rate ng buwis. Ang karamihan ng mga negosyo na may kabuuang natanggap sa San Francisco na hanggang $5 milyon ay hindi saklaw sa buwis na ito.

May ilang malalaking negosyo na gumagamit ng kalahati ng kanilang nagagastos sa payroll sa San Francisco para sa mga sarili nilang panloob na serbisyo sa pangangasiwa at pamamahala. Binabayaran ng mga negosyong ito ang kanilang Buwis sa Sahod ng Punong Tagapamahala batay sa kanilang payroll sa San Francisco sa halip na batay sa kabuuang natanggap na nasa rate na 0.08% hanggang 0.48%. Pagsapit ng 2028, tataas at magiging 0.086% hanggang 0.514% ang rate na ito ng buwis.

Ang Mungkahi: Babaguhin ng Proposisyon C ang mga buwis sa negosyo ng Lungsod para:

- Bigyan ng eksempsyon ang karamihan ng mga negosyong may hanggang $7.5 milyong kabuuang natanggap sa San Francisco mula sa Buwis sa Kabuuang Natanggap at Buwis sa Sahod ng Punong Tagapamahala. Mga maliliit na negosyo ang maaapektuhan nito sa pangkalahatan.
- Pabilisin ang pagtaas ng 2028 na Buwis sa Sahod ng Punong Tagapamahala na ilalapat sa 2027.

Ang mga pagbabagong ito mananatiling umiiral hangga't hindi pinapawalang-bisa, at maaaring baguhin batay sa Index ng Presyo sa Consumer.

Magkakaroon ng mga kita mula sa buwis para sa mga pangkalahatang layunin ng pamahalaan.

Kung papasa ang Proposisyon C nang mas maraming boto kaysa sa Proposisyon D, walang magiging legal na epekto ang Proposisyon D.

**Ang Ibig Sabihin ng Pagboto ng "OO":** Kung "oo" ang iboboto mo, gusto mong baguhin ang Buwis sa Kabuuang Natanggap at ang Buwis sa Sahod ng Punong Tagapamahala.

**Ang Ibig Sabihin ng Pagboto ng "HINDI":** Kung "hindi" ang iboboto mo, ayaw mong gawin ang mga pagbabagong ito.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukala. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.gov o tawagan ang (415) 558-6104. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 29.

## Pahayag ng Kontroler sa "C"

Inisyu ng Kontroler ng Lungsod na si Greg Wagner ang sumusunod na pahayag sa epekto sa pananalapi ng Proposisyon C:

Sa aking opinyon, kung aaprubahan ng mga botante ang ipinapanukalang ordinansa, magreresulta ito sa pagbaba ng taunang kita sa Lungsod na nasa $30 milyon hanggang $40 milyon. Babawasan ng ordinansa ang bilang ng mga negosyong pinapatawan ng dalawang dati nang buwis, na magreresulta sa mas maliit na kita. Ang mga maibabawas sa isang partikular na taon ay puwedeng magbago batay sa mga kundisyon ng ekonomiya.

Aamyendahan ng ipinapanukalang ordinansa ang Kodigo ng Mga Regulasyon sa Negosyo at Buwis ng Lungsod sa pamamagitan ng (i) pagtataas sa limitasyon ng eksempsyon sa maliliit na negosyo para sa Buwis sa Kabuuang Natanggap at Buwis sa Kabuuang Natanggap ng Sobrang Pasahod sa Tagapamahala, at (ii) pagpapabilis sa nakaiskedyul na pagtaas ng rate ng buwis para sa Buwis sa Kabuuang Natanggap ng Sobrang Pasahod sa Tagapamahala. Ang parehong buwis ay mga pangkalahatang buwis na idinedeposito sa Pangkalahatang Pondo ng Lungsod.

Sa ilalim ng kasalukuyang batas may mga eksempsyon sa maliliit na negosyo ang Buwis sa Kabuuang Natanggap at Buwis sa Kabuuang Natanggap ng Sobrang Pasahod na Tagapamahala, ibig sabihin, hindi inilalapat ang mga buwis sa karamihan ng mga negosyong nag-uulat sa ilalim ng isang partikular na halaga ng kita ("kabuuang natanggap") sa Lungsod. Sa ipinapanukalang ordinansa, tataasan ang limitasyon ng eksempsyon sa maliliit na negosyo mula $5,000,000 hanggang $7,500,000 sa kabuuang natanggap sa Lungsod para sa bawat buwis, na makakabawas sa bilang ng mga negosyong pinapatawan ng bawat buwis.

Bukod sa eksempsyon sa maliliit na negosyo, sa pangkalahatan, naaangkop din ang Buwis sa Kabuuang Natanggap ng Sobrang Pasahod na Tagapamahala sa ilang malalaking negosyo sa Lungsod kapag ang kanilang namamahalang empleyado na may pinakamalaking sweldo (Punong Tagapamahala) ay kumikita nang 100 beses na mas malaki kaysa sa gitnang halaga na kabayarang ibinibigay sa kanilang mga empleyado sa San Francisco. Tumataas ang rate ng buwis batay sa kung gaano kalayo ang bayad sa Punong Tagapamahala sa gitnang halaga ng bayad sa isang empleyado ng San Francisco. Sa kasalukuyan, tumataas ang mga rate ng buwis sa paglipas ng panahon, at nakaiskedyul na tumaas ang mga rate sa 2027 at 2028. Mapapabilis ng ipinapanukalang ordinansa ang nakaiskedyul na pagtaas ng rate sa pamamagitan ng pagtatakda sa mga rate ng buwis sa 2027 sa mga rate na kasalukuyang nakaiskedyul na ilapat sa 2028. Para sa halos lahat ng negosyong pinapatawan ng buwis na ito, tataas ang rate ng buwis para sa 2027 mula sa kasalukuyang nakaiskedyul na hanay na 0.021% – 0.125% patungo sa ipinapanukalang hanay na 0.021% – 0.129% ng kanilang kabuuang natanggap sa San Francisco. May maliit na bilang ng mga negosyo na nagbabayad sa buwis batay sa kanilang payroll, sa halip na batay sa kabuuang natanggap. Tataas din ang kanilang mga rate sa katulad na paraan. Wala nang iba pang nakaisedyul na pagtaas.

Para sa Buwis sa Kabuuang Natanggap ng Sobrang Pasahod na Tagapamahala, may limitadong saklaw ng mga inaasahang tagapagbayad, kapansin-pansing taunang pagbabago sa halaga at anyo ng kabayaran sa tagapamahala, at potensyal na panganib na paglipat ng negosyo. Dahil sa mga salik na ito, puwedeng hindi tumpak na matantya ng mga pagtataya batay sa aktibidad ng mga nakaraang taon ang mga kita sa hinaharap.

## Paano Nakasama ang "C" sa Balota

Noong Pebrero 11, 2026, sinertipika ng Departamento ng mga Eleksyon na ang inisyatibang petisyon na nananawagang ilagay ang Proposisyon C sa balota ay may sapat na balidong pirma para maging kuwalipikado ang panukala sa balota.

10,643 na mga balidong pirma ang kailangan para mailagay ang isang inisyatibang ordinansa sa balota. Ang bilang na ito ay katumbas ng 2% ng bilang ng mga rehistradong botante sa Lungsod at County ng San Francisco (San Francisco [S.F.] Karta §14.101). Sa isang sapalarang pagsusuri sa mga pirmang isinumite ng mga nagsusulong ng inisyatibang petisyon bago ang huling araw ng pagsusumite na Pebrero 2, 2026, nakitang mas malaki ang kabuuang bilang ng mga may balidong pirma kaysa sa kinakailangang bilang.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukala. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.gov o tawagan ang (415) 558-6104. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 29.

## Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon C

Ang pagbangon ng ekonomiya ng San Francisco ay nakasalalay sa maunlad na maliliit na negosyo. Ang mga restawran, tindahan, kapehan, pamilihan, at iba pang lokal na tagapag-empleyo sa kapitbahayan ay mahahalagang pinagmumulan ng mga trabaho, serbisyo, at buhay ng komunidad. Ngunit ang pagtaas ng mga gastos, pagbawas ng daloy ng tao, at kawalan ng katiyakan tungkol sa mga buwis sa hinaharap ay patuloy na nagpapabigat sa mga negosyong ito. Kailangan ng ating maliliit na negosyo ng pahinga.

Pinalalawak ng Proposisyon C ang eksempsyon sa buwis para sa maliliit na negosyo upang mas maraming lokal na tagapag-empleyo ang walang babayarang buwis sa kabuuang natanggap, na nagbibigay ng agaran at nakatuon na kaluwagan. Sa pamamagitan ng pagtataas ng limitasyon sa eksempsyon at pagpapahintulot sa libu-libong negosyo sa kapitbahayan na maging kuwalipikado, ang panukalang ito ay nakatutulong sa mga tagapag-empleyo na mapanatili ang mga manggagawa sa payroll, patatagin ang mga operasyon, at manatiling nakaugat sa San Francisco.

Tinitiyak din ng panukalang ito na ang mas malalaki at mas matagumpay na mga kumpanya ay nag-aambag sa mga serbisyo ng lungsod sa isang maaasahan at balanseng paraan. Pinabibilis at itinatakda nito ang mga dati nang naka-iskedyul na halagang pinahintulutan na ng mga botante, sa halip na magpataw ng biglaang mga bagong buwis.

Sa kabaligtaran, ang isang kakumpitensyang panukala ay magtataas nang malaki sa mga buwis sa ilang mga tagapag-empleyo, na magdudulot ng panganib sa pagkawala ng trabaho, pagbawas ng pamumuhunan, at higit pang pagguho ng kakayahang makipagkumpitensya sa ekonomiya. Ang ganitong matarik na pagtaas ay magpapahirap para sa mga negosyo, gaano man kaliit o kalaki ito, na mamuhunan, mag-empleyo, at lumago sa San Francisco.

Pinalalakas ng Proposisyon C ang ating lokal na ekonomiya sa pamamagitan ng pagbibigay ng ginhawa para sa maliliit na negosyo, pagprotekta sa mga trabaho, at pagpapanatiling masigla ng mga kapitbahayan, habang pinananatili ang mahahalagang serbisyo ng lungsod.

Pinalalakas ng Proposisyon C ang ating lokal na ekonomiya sa pamamagitan ng pagbibigay ng ginhawa para sa maliliit na negosyo, pagprotekta sa mga trabaho, at pagpapanatiling masigla ng mga kapitbahayan, habang pinananatili ang mahahalagang serbisyo ng lungsod.

Upang protektahan ang ating maliliit na negosyo at ang kalusugan ng ekonomiya ng San Francisco, bumoto ng OO sa Proposisyon C.

*RODNEY FONG*
*CEO, KONSEHO NG MGA MANGANGALAKAL NG SAN FRANCISCO**
CHRIS WRIGHT
*NAKATATAAS NA BISE PRESIDENTE (SVP), ADVANCE SF**

*Para sa layunin ng pagkakakilanlan lamang; ang may-akda ay lumalagda bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng isang organisasyon.

## Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon C

Bumoto ng HINDI sa Proposisyon C.

Nananatiling halos madilim at bakante ang sentro ng lungsod. Patuloy na umaalis ang mga katamtamang laki at malalaking kumpanya. Hindi lang ito isang problemang "post pandemic". Hanggang noong dekada 1990, ang San Francisco ay nasa ikatlong pwesto sa listahan ng mga punong-tanggapan sa Fortune 500. Nasa ika-12 pwesto na tayo ngayon.

Panahon na para ipahayag ng mga botante ang pagkasuklam—kung hindi man mantinding galit—sa bigong pamumuno ng Konseho ng mga Mangangalakal ng San Francisco. Ano ang nagawa ng Kamara sa mga nakalipas na taon kundi lalo pang pinalala ang sitwasyon? Binibigyan ng labis na pagpapahalaga ng Kamara ang maliliit na negosyo sa malalaking lungsod.

Binabawi ng Proposisyon C ang bawat pagbawas sa buwis ng mga Republikano mula kay Ronald Reagan hanggang kay George W. Bush, na paulit-ulit na nagtaas ng "limitasyon ng walang buwis"—ang halaga ng kita na hindi kasama—hanggang sa 47% ng mga sambahayang Amerikano ay hindi nagbayad ng mga pederal na buwis sa kita.

Arbitraryong itinataas ng Proposisyon C ang "zero tax threshold" ng buwis sa kabuuang natanggap, ipinagpapatuloy ang mataas at tumataas na mga halaga para sa mga katamtaman at malalaking tagapag-empleyo, at iniiwan at pinapabilis ang nakatakdang pagtaas ng halaga sa Buwis sa Ehekutibong Sobra ang Sahod.

Mahina ang Proposisyon C, walang iniaalok na tunay na reporma—walang malawak at patas na hakbang upang suportahan ang mga dinamikong negosyo o makipag-ugnayan sa mga botante.

Samantala, ang Proposisyon D ay isang agresibo, halo-halong pakete ng mga pagtaas ng buwis na itinataguyod ng organisadong paggawa na maaaring makapinsala sa ating ekonomiya.

Ang estratehiya ng Kamara na "too clever by half" ay nakasusukang pulitika ng establisiyimento. Kung babanggitin ang parehong mga buwis gaya ng Proposisyon D (nang hindi inaayos ang mga ito), ang "mas maraming boto" para sa C ay pipigil sa D kahit na pareho itong maipasa.

Iboto silang dalawa pababa!

*Larry S. Marso, Esq.*

Si G. Marso ay may graduate degree sa ekonomiks mula sa Princeton at nagsilbi bilang isang taga-analisa sa Federal Reserve Board sa Washington, D.C.

## Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon C

Bumoto ng HINDI sa Proposisyon C.

Ang buwis sa negosyo batay sa kabuuang natanggap ng  San Francisco ay isang paikot-ikot at maruming kombinasyon ng mga hindi maipaliwanag na patakaran at mga iskedyul ng halaga. Pinapaalis nito ang ilang kumpanya palabas ng San Francisco (o mawalan ng negosyo) at pinipigilan ang paglikha ng trabaho, habang para sa iba, nagbibigay ito ng paborableng pagtrato.

Muling isinulat ng Proposisyon M ng Nobyembre 2024 ang buwis sa kabuuang kita, na lalong nagpalala rito—isang "pansamantalang tigil-alitan" na pinangunahan ng Bulwagang Panglungsod kasama ang ilan sa mga pinakatiwaling espesyal na interes sa politika ng San Francisco, kabilang ang organisadong paggawa, at mga tagapagtaguyod ng pagpapaunlad ng tunay na ari-arian na may personal at pinansyal na koneksyon sa mga lokal na partidong pampulitika at mga nonprofit, na nakialam din sa mga pagbawi, nakaimpluwensya sa muling pagdidistrito, at may kinikilingang pagsosona para sa malalaking tagapagpaunlad ng tunay na ari-arian.

Ang Proposisyon C, tulad ng Proposisyon D, ay nabigong mapabuti ang mga usapin; pareho silang may malalaking kahinaan.

Hindi pinawawalang-bisa ng Proposisyon C ang kahit isang linya ng Proposisyon M, inililipat lang nito ang mga pamantayan para sa pinakamaliliit na manlalaro.

Ang pagtataas ng eksempsyon sa $7.5 milyon ay lumilikha ng nakababahalang mga insentibo para sa malaking bilang ng mga negosyo na malapit sa $10 milyon. Lumiit at yumaman?

Pinabibilis ng Proposisyon C ang "Buwis sa Ehekutibong Sobra ang Sahod," na naghahambing sa kompensasyon ng pinakamataas na suweldong ehekutibo sa panggitna na empleyado ng San Francisco. Ang pagtataas ng buwis ay nagbibigay ng mga insentibo upang tanggalin sa trabaho ang mga manggagawang may mas mababang sahod dito.

Ano ang gagawin ng mga kompanya kung gayon? Marami ang kukuha sa labas ng serbisyo ng mga kontratistang umaasa sa mga trabahong hindi nakarehistro sa mga libro o mga mapanlinlang na Social Security number, na hihikayat sa mas maraming mga walang dokumento na pumunta sa San Francisco para sa mga trabahong nakabatay sa pera at hihikayatin ang malubhang krimeng pagnanakaw ng identidad at pandaraya sa buwis. Ang mga hindi dokumentadong paggawa sa Bay Area ay tinatayang nasa 15-25% na ng rehiyonal na Kabuuang Produktong Pang-domestiko (GDP).

Maaaring gawing “target” ang San Francisco ng pagdami ng ganitong pagkuha ng tauhan para sa mga operasyon ng Pagpapatupad ng Batas ukol sa Imigrasyon at Adwana (ICE), na nakapagpapaalala sa mga nakaraang pagsalakay sa agrikultura at konstruksyon sa Bay Area na humantong sa daan-daang pag-aresto at deportasyon. Maaaring maharap ang mga may-ari ng ari-arian sa karagdagang pinsala mula sa mga protesta o paninira, mga kaguluhan o mas malala pa.

Bumoto ng HINDI sa Proposisyon C.

*Larry S. Marso, Esq.*
lmarso@gmail.com
(415) 271-1781

## Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon C

Ang mga pahayag ng oposisyon ay panakip lang sa isang kakumpitensyang plano na nabibigong unahin ang maliliit na negosyo sa kapitbahayan. Ang Proposisyon C ang tanging panukala na naghahatid ng naka-tuon na bawas sa buwis upang iligtas ang ating mga koridor ng mangangalakal sa kapitbahayan at protektahan ang mga lokal na trabaho.

Ang Proposisyon C ay binuo mula sa simula ng mga may-ari ng maliliit na negosyo upang magbigay ng agarang ginhawa sa pamamagitan ng pagtataas ng eksempsiyon sa maliliit na negosyo sa $7.5 milyon, na tinitiyak na ang mga tindahan na tumutukoy sa ating mga kapitbahayan ay talagang kayang manatiling bukas. Ang Proposisyon C ang tanging panukala na nagbabalanse sa mga pangangailangan ng ating lungsod sa pamamagitan ng paghiling sa ating pinakamalalaking kumpanya na magbayad nang higit pa, habang naghahatid din ng tulong para sa maliliit na negosyo sa ating mga kapitbahayan upang hindi nila kailangang akuin ang bigat ng pasanin nang mag-isa.

Ang Proposisyon C ay ang balanse at responsableng pagpili para sa isang tunay na pagbangon na nagsisimula sa ating mga komunidad, hindi sa Bulwagang Panglungsod. Bumoto ng OO sa Proposisyon C.

Konseho ng mga Mangangalakal ng San Francisco

# Proposisyon D – Pagtataas ng Buwis sa Pagnenegosyo Batay sa Paghahambing ng Suweldo ng Namumuno sa Kumpanya sa Suweldo ng Empleyado

**Dapat bang permanente nang baguhin ng Lungsod ang top executive pay tax na kinokolekta nito mula sa ilang malalaking negosyo kung kumikita ang namumunong tagapamahala nito na pinakamataas ang suweldo ng mahigit sa 100 beses kaysa sa panggitnang suweldo na ibinabayad sa kanilang mga empleyado sa San Francisco, sa pamamagitan ng pagpapalit sa isinasagawang kalkulasyon sa buwis, at nang sa gayon, magamit ang suweldo ng lahat ng empleyado, at hindi lamang iyong mga nakabase sa San Francisco, at dapat bang taasan ng Lungsod ang halaga ng top executive pay tax para sa mga negosyong ito tungo sa pagitan ng 0.183% at 1.121% ng kanilang gross receipts, o sa pagitan ng 0.75% at 4.47% ng kanilang gastos sa mga suweldo sa San Francisco, para sa tinataya na taunang pagtaas ng kita na $250-$300 milyon?**

| | |
|---|---|
| **OO** | ◯ |
| **HINDI** | ◯ |

**Kinakailangan ng panukala na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.**

## **Buod** mula sa Komite sa Pagpapasimple ng Balota

**Ang Nangyayari Ngayon:** Nangongolekta ang Lungsod ng Buwis sa Sahod ng Punong Tagapamahala sa ilang malalaking negosyo kapag ang kanilang namamahalang empleyado na may pinakamalaking sweldo (Punong Tagapamahala) ay kumikita nang 100 beses na mas malaki kaysa sa gitnang halaga na kabayarang ibinibigay sa kanilang mga empleyado sa San Francisco. Tumataas ang rate ng buwis batay sa kung gaano kalayo ang bayad sa Punong Tagapamahala sa gitnang halaga ng bayad sa empleyado ng San Francisco.

Ang karamihan ng mga negosyong napapailalim sa Buwis sa Sahod ng Punong Tagapamahala ay pinapatawan ng buwis na 0.02% hanggang 0.12% ng kanilang kabuuang natanggap sa San Francisco. Pagsapit ng 2028, tataas at magiging 0.021% hanggang 0.129% ang rate ng buwis. Ang karamihan ng mga negosyo na may kabuuang natanggap sa San Francisco na hanggang $5 milyon ay hindi saklaw sa buwis na ito.

May ilang malalaking negosyo na gumagamit ng kalahati ng kanilang nagagastos sa payroll sa San Francisco para sa mga sarili nilang panloob na serbisyo sa pangangasiwa at pamamahala. Binabayaran ng mga negosyong ito ang kanilang Buwis sa Sahod ng Punong Tagapamahala batay sa kanilang payroll sa San Francisco sa halip na batay sa kabuuang natanggap na nasa rate na 0.08% hanggang 0.48%. Pagsapit ng 2028, tataas at magiging 0.086% hanggang 0.514% ang rate na ito ng buwis.

Puwedeng bawasan ng Lupon ng Mga Superbisor ang Buwis sa Sahod ng Punong Tagapamahala nang walang pag-apruba ng botante.

Nililimitahan ng batas ng estado ang kabuuang kita na puwedeng gastahin ng Lungsod bawat taon. Puwedeng mag-apruba ang mga botante ng mga pagtaas sa mga limitasyong ito nang hanggang apat na taon.

**Ang Mungkahi:** Simula sa 2027, babaguhin ng Proposisyon D ang mga buwis sa negosyo ng Lungsod para:

- Ipataw ang Buwis sa Sahod ng Punong Tagapamahala sa ilang malalaking negosyo kapag ang kanilang Punong Tagapamahala ay kumikita nang 100 beses na mas malaki kaysa sa gitnang halaga na kabayarang ibinibigay sa kanilang mga empleyado.
  - o Kalkulahin ang gitnang halagana kabayarang ito gamit ang kabayaran sa lahat ng empleyado, hindi lang sa mga nasa San Francisco.
- Taasan ang mga rate ng Buwis sa Sahod ng Punong Tagapamahala para sa karamihan ng mga negosyo sa pagitan ng 0.183% hanggang 1.121% ng kanilang kabuuang natanggap sa San Francisco.
- Taasan ang mga rate ng Buwis sa Sahod ng Punong Tagapamahala para sa mga negosyong nagbabayad ng buwis batay sa kanilang nagagastos sa payroll sa San Francisco sa halip na batay sa kanilang kabuuang natanggap na sa pagitan ng 0.75% hanggang 4.47%.

Pagbabawalan din ng panukalang ang Lupon ng Mga Superbisor na bawasan ang Buwis sa Sahod ng Punong Tagapamahala nang walang pag-apruba ng botante.

Manantiling umiiral ang mga pagbabagong ito hanggang hindi pinapawalang-bisa. Magkakaroon ng kita mula sa buwis para sa mga pangkalahatang layunin ng pamahalaan.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukala. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang **sfelections.gov** o tawagan ang (415) 558-6104. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 29.

Tataasan ng mungkahing ito ang limitasyon sa paggasta ng Lungsod sa loob ng apat na taon.

Kung papasa ang Proposisyon D nang mas maraming boto kaysa sa Proposisyon C, walang magiging legal na epekto ang Proposisyon C.

**Ang Ibig Sabihin ng Pagboto ng "OO":** Kung "oo" ang iboboto mo, gusto mong baguhin ang Buwis sa Sahod ng Punong Tagapamahala.

**Ang Ibig Sabihin ng Pagboto ng "HINDI":** Kung "hindi" ang iboboto mo, ayaw mong gawin ang mga pagbabagong ito.

## Pahayag ng Kontroler sa "D"

Inisyu ng Kontroler ng Lungsod na si Greg Wagner ang sumusunod na pahayag sa epekto sa pananalapi ng Proposisyon D:

Sa aking opinyon, kung aaprubahan ng mga botante ang ipinapanukalang ordinansa, magreresulta ito sa karagdagang taunang kita sa Lungsod na nasa $250 milyon hanggang $300 milyon. Ang mga resulta sa isang partikular na taon ay puwedeng magbago batay sa mga kundisyon ng ekonomiya. Tataasan ng ordinansa ang isang dati nang pangkalahatang buwis na idinedeposito sa Pangkalahatang Pondo ng Lungsod.

Aamyendahan ng ipinapanukalang ordinansa ang Kodigo ng Mga Regulasyon sa Negosyo at Buwis ng Lungsod, at babaguhin nito ang isang dati nang buwis ("ang Buwis sa Kabuuang Natanggap ng Sobrang Pasahod sa Tagapamahala"). Kinokolekta ng Lungsod ang buwis na ito sa ilang malalaking negosyo kapag ang kanilang namamahalang empleyado na may pinakamalaking sweldo (Punong Tagapamahala) ay kumikita nang 100 beses na mas malaki kaysa sa gitnang halaga na kabayarang ibinibigay sa kanilang mga empleyado sa San Francisco. Tumataas ang rate ng buwis batay sa kung gaano kalayo ang bayad sa Punong Tagapamahala sa gitnang halaga ng bayad sa isang empleyado ng San Francisco. Sa kasalukuyan, tumataas ang mga rate ng buwis sa paglipas ng panahon, at nakaiskedyul na tumaas ang mga rate sa 2027 at muli sa 2028.

Ang kahulugan ng sahod sa ipinapanukalang ordinansa ay pareho sa kasalukuyang batas. Gayunpaman, kinakalkula ito gamit ang gitnang halaga na kabayaran sa empleyado para sa lahat ng empleyado ng isang negosyo, hindi lang sa mga nasa Lungsod. Tataasan din ng ordinansa ang mga rate ng buwis nang humigit-kumulang 800%. Para sa halos lahat ng negosyong pinapatawan ng buwis na ito, magreresulta ito sa pagtaas ng rate ng buwis mula sa nakaiskedyul na hanay para sa 2027 na 0.021% – 0.125% patungo sa bagong hanay na 0.183% – 1.121% ng kanilang kabuuang natanggap sa San Francisco. May maliit na bilang ng mga negosyo na nagbabayad sa buwis batay sa kanilang payroll, sa halip na batay sa kabuuang natanggap. Tataas din ang kanilang mga rate sa katulad na paraan.

May limitadong saklaw ng mga inaasahang tagapagbayad, kapansin-pansing taunang pagbabago sa halaga at anyo ng kabayaran sa tagapamahala, at potensyal na panganib na paglipat ng negosyo. Dahil sa mga salik na ito, puwedeng hindi tumpak na matantya ng mga pagtataya batay sa aktibidad ng mga nakaraang taon ang mga kita sa hinaharap

## Paano Nakasama ang "D" sa Balota

Noong Pebrero 10, 2026, sinertipika ng Departamento ng mga Eleksyon na ang inisyatibang petisyon na nananawagang ilagay ang Proposisyon D sa balota ay may sapat na mga balidong pirma para maging kuwalipikado ang panukala sa balota.

10,643 na mga balidong pirma ang kailangan para mailagay ang isang inisyatibang ordinansa sa balota. Ang bilang na ito ay katumbas ng 2% ng bilang ng mga rehistradong botante sa Lungsod at County ng San Francisco (San Francisco [S.F.] Karta §14.101). Sa isang sapalarang pagsusuri sa mga pirmang isinumite ng mga nagsusulong sa inisyatibang petisyon bago ang huling araw ng pagsusumite na Pebrero 2, 2026, nakitang mas malaki ang kabuuang bilang ng mga may balidong pirma kaysa sa kinakailangang bilang.

## Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon D

Nahaharap ang San Francisco sa napakalaking kakulangan sa badyet na magpipilit ng mga pagbawas sa ating mga ospital at mahahalagang serbisyo. Samantala, ang mga Punong Tagapagpaganap na Opisyal (CEO) sa pinakamalalaking korporasyon na nakatanggap ng mga bawas sa buwis ay mas malaki ang kinikita sa isang araw kaysa sa kinikita ng kanilang mga manggagawa sa isang buong taon. Kung kaya itong bayaran ng mga korporasyong ito, kayang-kaya nilang tumulong na protektahan ang San Francisco at ang pagbangon nito.

Ang Proposisyon D ang solusyon sa ating kakulangan sa badyet. Hinihiling nito sa malalaking korporasyon — hindi sa maliliit na negosyo, hindi sa mga nagtatrabahong pamilya — na mag-ambag nang kaunti pa.

Ang Proposisyon D ay nalalapat lang sa mga korporasyon na may higit sa $1 bilyong kita, na may higit sa 1,000 empleyado, at kung saan ang mga tagapagpaganap ay kumikita ng higit sa 100 beses ng kanilang gitnang suweldo ng manggagawa.

Kritikal ang Proposisyon D. Makatitipid ito sa mahahalagang serbisyo ng Lungsod, kabilang ang:

- Mga pampublikong ospital, tulad ng San Francisco General
- Mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan
- Mga mapagkukunan para sa kawalan ng tirahan
- Kaligtasan sa sunog at pagresponde
- Mga tagapag-alaga para sa mga nakatatanda at mga taong may kapansanan

Tinitiyak ng Proposisyon D na ang mga klinika ng San Francisco General at mga klinika ng komunidad ay patuloy na mapaglilingkuran ang mga pamilya, nakatatanda, at mga komunidad sa buong San Francisco.

Ang Proposisyon D ang paraan ng paglaban ng San Francisco sa mapaminsalang mga bawas sa buwis ng mga korporasyon ni Trump — hindi sa pamamagitan ng pag-aalis ng mga serbisyo, kundi sa pamamagitan ng paglaban sa mga interes ng korporasyon at pagprotekta sa mga pinakamahalaga. Inaprubahan na ng mga botante ng San Francisco ang katulad na buwis sa ehekutibong sobra ang sahod (Proposisyon L noong 2020), at nanatili ang mga negosyo rito sa San Francisco - hindi sila umalis. Pinababago at pinapagtibay ng Proposisyon D ang tagumpay na iyon upang protektahan ang ating mga ospital at mahahalagang serbisyo.

Huwag kayong magpalinlang sa mga bilyonaryo sa Silicon Valley na tumututol sa hakbang na ito. Sinusuportahan ng mga nars, bumbero, tagapag-alaga, may-ari ng maliliit na negosyo, mga pamilyang nagtatrabaho, at mga pinuno ng komunidad sa buong San Francisco ang Proposisyon D dahil poprotektahan nito ang ating mga ospital, at pananatilihing malusog at ligtas ang ating lungsod nang hindi tinataasan ang inyong mga buwis.

Alamin pa: www.carenotgreed.org

*Brittany Hewett, Rehistradong Nars, San Francisco General Hospital*
*Adam Wood, Retiradong Bumbero ng San Francisco*
*Justin Dolezal, CEO, Small Business Forward*
*Christian Vierra, IFPTE Local 21*
*Feng Mei Chen, Tagapagbigay ng Pangangalaga sa mga Serbisyo ng Suporta sa Bahay*

## Walang Isinumite na Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon D

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling baybay o gramatika.

## Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon D

Bilang Superbisor na kumakatawan sa sentro ng San Francisco, nakikita ko araw-araw kung gaano nananatiling marupok ang ating pagbangon ng ekonomiya. Ang mga bakanteng opisina ay kabilang pa rin sa pinakamataas na bilang sa bansa, ang mga antas ng pagbabalik sa opisina ay nananatiling mas mababa sa 50% ng mga antas bago ang pandemya, at halos 1/4 ng espasyo sa opisina ng San Francisco ay bakante pa rin o pwede pang rentahan.

Ang hakbang na ito ay magtataas ng buwis sa ilang partikular na taga-empleyo nang hanggang 8.5 beses, sa kasalukuyang panahon nahihirapan pa ring maging matatag ang ating ekonomiya sa downtown. Ang mga pagtaas na ito ay ilalapat sa mga pangunahing negosyong pamilihan, pagtitinda, at mga negosyong araw-araw na inaasahan ng mga mamimiling residente at manggagawa. Halimbawa, ang ilang malalaking negosyante sa pagtitinda ay maaaring makaranas ng mga pagtaas ng buwis na humigit-kumulang 790% hanggang 800%, mga gastos na tiyak na magdudulot ng mas mataas na presyo, pagbawas sa pagkuha ng mga empleyado, at naantalang pamumuhunan.

Ang San Francisco ay isa na sa pinakamahal na lungsod sa bansa para tirhan at sa pagnenegosyo. Ang pagdaragdag ng matindi at hindi makalkulang pagtaas ng buwis ay nanganganib na magtaboy sa mga taga-empleyo habang sinusubukan nating ibalik ang mga trabaho, manggagawa, at mga taong nagpupunta sa downtown.

Ang mas malawak na konteksto ng ekonomiya ay lalong nakababahala sa panganib na ito. Ang kawalan ng trabaho ay tumaas sa 4.2%, ang mga paglalathala ng bakanteng posisyon sa teknolohiya ay bumaba ng mahigit 50% kumpara sa mga antas bago ang pandemya, at ang lungsod ay nawalan ng libu-libong trabaho sa nakaraang taon lang. Bumaba rin ang pagbuo ng maliliit na negosyo.

Ang downtown ang makinang pang-ekonomiya ng San Francisco. Kapag umatras o umalis ang mga pangunahing taga-empleyo, ang mga epekto ay kakalat sa iba't ibang komunidad, na nakaaapekto sa maliliit na negosyo, manggagawa, at kita ng lungsod.

Ang pagbangon ng San Francisco ay nakasalalay sa pagpapanumbalik ng kumpiyansa, paghikayat sa pamumuhunan, at pagpapatatag ng trabaho, hindi sa pagpapatupad ng mga patakarang nanganganib sa karagdagang pagkawala ng trabaho at mga bakanteng posisyon.

Para sa isang responsableng pamamaraan sa pagbangon ng ekonomiya, bumoto ng HINDI sa Prop D.

*Matt Dorsey*
*Superbisor ng San Francisco, Distrito 6**

*Para sa layunin ng pagkakakilanlan lamang; ang may-akda ay lumalagda bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng isang organisasyon.

## Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon D

Ang oposisyon ay pinopondohan ng malalaking korporasyon na ayaw taasan ang kanilang mga buwis. Ang Proposisyon D ay sinusuportahan ng malaking bilang ng mga Superbisor (dalawa ang kumakatawan sa downtown) at isang malawak na koalisyon ng mga nars, guro, bumbero, at maliliit na negosyo dahil makatutulong ito sa paglutas ng ating krisis sa badyet nang hindi tinataasan ang mga buwis sa mga residente ng San Francisco.

Malala ang kakulangan sa badyet ng San Francisco. Kung hindi tayo kikilos, mawawalan tayo ng mahahalagang serbisyong inaasahan ng ating komunidad. Ang Proposisyon D ang tanging solusyon na poprotekta sa mga serbisyong iyon. Hindi maaapektuhan ng buwis ang maliliit na negosyo at mga residente ng San Francisco.

Ang mga kompanyang pagbubuwisan ay ang mga nakinabang sa mga H.R.1 Tax Cuts ni Donald Trump at nagbabayad sa kanilang mga CEO ng 100 beses na mas mataas kaysa sa kinikita ng kanilang panggitnang-uri na manggagawa. Kaya nila at dapat nilang bayaran ang kanilang makatarungang bahagi.

Susubukan kang kumbinsihin ng malalaking korporasyon na ayaw ng pagtaas ng buwis na ang Proposisyon D ay magiging sanhi ng pag-alis ng mga negosyo; hindi ito totoo. Ang Proposisyon D ay magbubuo sa Proposisyon L (2020), isa pang buwis sa Sobrang Kompensasyon ng CEO na inaprubahan na ng mga botante, at walang ebidensya na ang surcharge ay naging sanhi ng pag-alis ng mga negosyo.

Sumali sa amin. Protektahan ang sentro ng lungsod at lahat ng residente ng San Francisco. Pagbayarin ang malalaking korporasyon sa kanilang nararapat na bahagi! Bumoto ng OO sa Proposisyon D. Bumoto ng HINDI sa Proposisyon C.

*Bilal Mahmood, Superbisor ng San Francisco, Distrito 5*
*Chyanne Chen, Superbisor ng San Francisco, Distrito 11*
*Brittany Hewett, Rehistradong Nars, San Francisco General Hospital*
*Adam Wood, Retiradong Bumbero ng San Francisco*
*Christian Vierra, IFPTE Local 21*
*Feng Mei Chen, Tagapagbigay ng Pangangalaga sa mga Serbisyo ng Suporta sa Bahay*

# Hunyo 2, 2026 Worksheet ng Balota

Maaari mong gamitin ang worksheet na ito upang ayusin ang iyong mga pinili bago markahan ang iyong opisyal na mga kard ng balota. Upang magawa ito:

1. Sumangguni sa iyong sample na balota na kasama sa Pamplet na ito o sa **sfelections.gov/voterportal**.
2. Basahin ang tungkol sa mga kandidato at mga panukala na nakalista sa iyong balota sa Pamplet at sa Patnubay na Impormasyon ng Estado para sa Botante.
3. Simula Mayo 22, makikita ang lahat ng kuwalipikadong isinusulat-lamang na kandidato para sa eleksyong ito sa **sfelections.gov/writein**.
4. Habang tinatapos ang pagsasaliksik sa bawat laban, gamitin ang kaugnay na puwang sa ibaba upang itala ang iyong (mga) napili.
5. Pagkatapos, maingat na kopyahin ang iyong mga napili mula sa worksheet na ito papunta sa iyong opisyal na mga kard ng balota.

Kung nagkamali ka sa pagmamarka ng iyong opisyal na balota, maaari kang humiling ng bagong balota sa pamamagitan ng pagbisita sa **sfelections.gov/voterportal**, pagtawag sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 558-6104, o humingi ng tulong sa isang manggagawa sa botohan o kinatawan ng Sentro ng Botohan.

| KATUNGKULAN | |
|---|---|
| **MGA KATUNGKULANG NOMINADO NG BOTANTE** (Bumoto ng Isa) | |
| **Gobernador** | |
| **Tenyente Gobernador** | |
| **Kalihim ng Estado** | |
| **Kontroler** | |
| **Ingat-Yaman** | |
| **Pangkalahatang Abugado** | |
| **Komisyonado ng Seguro** | |
| **Miyembro ng Lupon ng Tagasingil ng Buwis, Distrito 2** | |
| **Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 11 o 15** | |
| **Miyembro ng Asembleya ng Estado, Distrito 17 o 19** | |
| **MGA KATUNGKULANG HINDI MAKAPARTIDO** (Bumoto ng Isa) | |
| **PANGHUKUMAN** | |
| **Hukom ng Korte Superyor, Puwesto Blg.16** | |
| **PAARALAN** | |
| **(Estado) Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo** | |
| **(Lokal) Miyembro, Lupon ng Edukasyon** | |
| **LUNGSOD AT COUNTY** (Inihalal gamit ang ranked-choice na pagboto) | |
| **Miyembro, Lupon ng mga Superbisor,<br>Distrito 2 or 4 LAMANG*** | |

| MGA PANUKALA | | | |
|---|---|---|---|
| | **MGA PROPOSISYON NG LUNGSOD AT COUNTY** | **OO** | **HINDI** |
| **A** | **Bond para sa Kaligtasan mula sa Lindol at Pagtugon sa Emergency** | | |
| **B** | **Limitasyon sa Panahon ng Panunungkulan ng Mayor at mga Miyembro ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) sa Kabuuan ng Kanilang Buhay** | | |
| **C** | **Pagpapababa sa Buwis sa Pagnenegosyo** | | |
| **D** | **Pagtataas ng Buwis sa Pagnenegosyo Batay sa Paghahambing ng Suweldo ng Namumuno sa Kumpanya sa Suweldo ng Empleyado** | | |

* Tanging mga botanteng naninirahan sa mga Distrito 2 at 4 lamang ang boboto para sa Miyembro ng Lupon ng mga Superbisor para sa eleksyong ito. Suriin ang iyong Superbisorial na Distrito sa **sfelections.gov/voterportal**.

# Batas sa mga Karapatan ng Botante

**Ikaw ay may mga sumusunod na karapatan:**

1. **Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante.** Ikaw ay karapat-dapat bumoto kung ikaw ay: isang mamamayan ng U.S. na naninirahan sa California, hindi kukulangin sa 18 taong gulang, nakarehistro kung saan ka kasalukuyang naninirahan, hindi kasalukuyang gumugugol ng panahon sa piitan ng estado o pederal dahil sa pagkakahatol sa isang krimen, at hindi kasalukuyang ipinasiya ng isang hukuman bilang walang kakayahan ang isipan para bumoto.
2. **Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante kahit na ang iyong pangalan ay wala sa listahan.** Ikaw ay boboto gamit ang isang pansamantalang balota. Ang iyong boto ay ibibilang kung ang mga opisyal sa mga halalan ay nagpasiya na ikaw ay karapat-dapat bumoto.
3. **Karapatang bumoto kung ikaw ay nakapila pa nang magsasara ang mga lugar ng botohan.**
4. **Karapatanang magpatala ng isang lihim na balota** nang walang gumagambala sa iyo o nagsasabi sa iyo kung sino o ano ang iboboto.
5. **Karapatang kumuha ng bagong balota kung nagkamali ka,** kung hindi mo pa naipapatala ang iyong balota. Magagawa mong: **humingi sa opisyal sa mga halalan sa isang lugar ng botohan** ng isang bagong balota, **palitan ang inyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo** ng isang bagong balota sa isang opisina sa mga halalan, o sa iyong lugar ng botohan, o **bumoto gamit ang isang pansamantalang balota**.
6. **Karapatang humingi ng tulong sa pagpapatala ng inyong balota** mula sa sinumang pinili mo, maliban sa iyong tagapag-empleyo o kinatawan ng unyon.
7. **Karapatang ihulog ang iyong kinumpletong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa alinmang lugar ng botohan** sa California.
8. **Karapatang kumuha ng mga materyal sa halalan sa isang wikang iba sa Ingles** kung may sapat na bilang ng mga tao sa iyong presinto ng pagboto na nagsasalita ng wikang iyon.
9. **Karapatang magtanong sa mga opisyal sa halalan tungkol sa mga pamamaraan ng paghalal** at masdan ang proseso ng halalan. Kung hindi masagot ng taong tinanong mo ang iyong mga katanungan, dapat silang magpadala sa iyo ng tamang tao para sa sagot. Kung ikaw ay nakakaabala, maaari silang tumigil sa pagsagot sa iyo.
10. **Karapatang iulat ang anumang labag sa batas o madayang gawain sa halalan** sa isang opisyal sa mga halalan o opisina ng Kalihim ng Estado.
    Sa web sa **www.sos.ca.gov**
    Sa pamamagitan ng email sa **elections@sos.ca.gov**

**Kung naniniwala ka na pinagkaitan ka ng alinman sa mga karapatang ito,** tawagan ang kompidensiyal na Nakahandang Linya sa Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957.

# Mga Mapagkukunan ng Impormasyon Online

- ☑ Magparehistro para bumoto o i-update ang inyong rehistrasyon: **registertovote.ca.gov**
- ☑ Gumawa ng plano sa pagboto: **sfelections.gov/voteready**
- ☑ Magsanay sa pagmamarka sa labanan ng ranked-choice na pagboto: **sfelections.gov/practicercv**
- ☑ Subaybayan ang inyong balota o humiling ng kapalit nito: **sfelections.gov/voterportal**
- ☑ Mag-sign up para makatanggap ng mga notipikasyon tungkol sa balota: **wheresmyballot.sos.ca.gov**
- ☑ Humanap ng madaling puntahan na lugar para sa kahon na hulugan ng balota: **sfelections.gov/ballotdropoff**
- ☑ Kumpirmahin ang lokasyon ng inyong nakatalagang lugar ng botohan: **sfelections.gov/myvotinglocation**
- ☑ Alamin ang tungkol sa pagkakaroon ng seguridad sa eleksyon: **sfelections.gov/security**
- ☑ Tingnan ang mga pauna at pinal na resulta ng eleksyon sa: **sfelections.gov/results**

## May mga Katanungan? Kailangan ng Tulong?

Bumisita sa aming opisina sa:

**1 Dr. Carlton B. Goodlett Place**
**City Hall, Room 48**
**San Francisco, CA 94102**

O makipag-ugnayan sa amin sa **sfvote@sfgov.org** o tumawag sa telepono.

## Meron kaming mga bagong numero ng telepono.

Magagamit pa rin ang aming mga dating numero ng telepono habang nasa transisyong ito.

**English: (415) 558-6100**
**中文: (415) 558-6102**
**Español: (415) 558-6103**
**Filipino: (415) 558-6104**
**Tiếng Việt: (415) 558-6105**
**TTY: (415) 558-6108**

**DEPARTMENT OF ELECTIONS**
CITY AND COUNTY OF SAN FRANCISCO
1 DR CARLTON B GOODLETT PL STE 48
SAN FRANCISCO CA 94102-4634

OFFICIAL ELECTION MAIL®
*Authorized by the U.S. Postal Service*

NONPROFIT ORG.
U.S. POSTAGE
PAID
SAN FRANCISCO, CA
PERMIT NO. 2750

**Matatagpuan ang inyong lugar ng botohan sa:**

**Ang inyong pinagbobotohang presinto at mga Distrito ay:**

**Address na Pang-koreo / Mailing Address:**

ELECTRONIC SERVICE REQUESTED

*Notice: If the person above is not at this address, please help keep the voter rolls current and save city funds by returning this pamphlet to your mail carrier.*

## Aksesible ba ang pasukan at puwesto para makaboto sa inyong lugar ng botohan?

# Mahahalagang Paalala!

**I-check ang inyong mailbox para sa inyong pakete ng balotang vote-by-mail na darating sa maagang bahagi ng Mayo.**
Maaaring piliin ng sinumang botanteng nakarehistro na bumoto sa pamamagitan ng koreo o nang personal.

**Ibalik ang inyong balota sa lalong madaling panahon gamit ang sobreng bayad na ang selyo na kasama sa inyong pakete ng balota.**

Ang mga balotang ibabalik sa pamamagitan ng koreo ay kailangang mai-postmark bago o sa Araw ng Eleksyon, Hunyo 2.

Ang mga balotang ibabalik ng personal ay kailangang ihatid sa opisyal na kahon na hulugan ng balota, o sa alinmang lugar ng botohan sa California nang hindi lalampas ng 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Hunyo 2.

**Subaybayan ang inyong balota kung ito ba ay natanggap at kasamang nabilang.**
Bisitahin ang **sfelections.gov/voterportal** o mag-sign up para sa mga notipikasyon sa pagsubaybay sa balota sa **wheresmyballot.sos.ca.gov**.

**Makakakuha ng mga tamang sagot sa inyong mga tanong tungkol sa eleksyon.**
Mangyaring basahin ang loob ng pamphlet na ito, bisitahin ang **sfelections.gov**, makipag-ugnayan sa amin sa (415) 558-6104 o sa sfvote@sfgov.org.